

Liahona



**Juan: Apostol,
Tagapagpahayag,
Saksi, p. 18**

Ang Kuwento ng Pagkadisipulo ni
Maria, p. 12

Ang Pananampalatayang Sumu-
bok vs. ang Pananampalatayang
Gawin, p. 24

Joseph Smith: Estudyante ng mga
Batas ng Diyos at ng Tao, p. 28

BAGO SA BUWANG ITO

**IBAHAGI ANG BAGONG
BAHAGING PAMBATA
NG KAIBIGAN
SA ISANG BATA.**

NARITO
ANG
SIMBAHAN

Tokyo Japan





Sa Yanaka Cemetery sa Tokyo, Japan, ang isang Banal sa mga Huling Araw na pamilya, ang mga Saitō, ay bumisita sa puntod ng kanilang pamilya. Para sa kanila ito ay lugar ng paggunita, na mas pinabanal dahil sa kanilang kaalaman sa ebanghelyo na ang mag-anak ay maaaring magsama-sama nang walang hanggan.

Ang respeto sa pamilya at mga ninuno ay malalim na nakatanim sa kultura ng mga Hapon, at nagalak ang mga Hapon na mga Banal sa Huling Araw na ang kanilang bansa ay biniyayaan ngayon ng tatlong templo: Tokyo (una sa Asia, inilaan noong 1980 at kasalukuyang isinagawa ang pagbabago), Fukuoka (inilaan noong 2000), at Sapporo (inilaan noong 2016). Ang Japan din ay tahanan ng 64 na mga family history center.

Unang nakarating ang mga missionary sa Japan noong 1901, na pinangunahan ni Elder Heber J. Grant (1856-1945), na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol at kalaunan ay pampitong Pangulo ng Simbahan. Ngayon ay may halos 130,000 na miyembro sa Japan sa 261 na mga kongregasyon.

- Ang unang pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa Nihonggo ay inabot ng limang taon at natapos noong 1909. Ang binagong pagsasalin ay inilathala noong 1957.
- Ang unang meetinghouse ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Asia ay inilaan sa Japan noong 1964.
- Ang mga General Authority na may lahing Hapon ay kinabibilangan nina Adney Y. Komatsu (1923-2011), ipinanganak sa Hawaii; Sam K. Shimabukuro (1925-2015), ipinanganak sa Hawaii; Yoshihiko Kikuchi, emeritus; Koichi Aoyagi, emeritus; Takashi Wada; at Kazuhiko Yamashita.



Pagkadisipulo

Ang mundong ginagalawan natin ay tila ba anakadisenyo upang subukan ang ating dedikasyon sa pagiging disipulo. Sa pag-aaral natin ng Bagong Tipan ngayong taon, mapupukaw tayo ng mga turo at halimbawa ni Jesucristo at ng Kaniyang mga disipulo, na kapwa nagsikap na matuto sa at maging mas katulad ng kanilang Panginoon.

Bilang mga guro ng Bagong Tipan sa Brigham Young University, ang aking katrabaho na si Gaye Strathearn at ako ay nagpalitan ng saloobin sa isyu tungkol sa mga huwaran ng pagiging disipulo na matututunan natin mula kay Maria, ang ina ng Panginoon (pahina 12), at kay Juan na Pinakamamahal (pahina 18). Ang dalawang tauhan na ito ay ilan sa mga pinakadakilang saksi ni Jesucristo. Bukod sa Diyos Ama mismo, wala nang ibang mas nakakaalam kaysa sa ina ni Jesus na Siya ay tunay ngang Anak ng Diyos, at nabibilang si Juan sa orihinal na Labindalawa at lumalabas na isa sa mga pinakamalapit na kaibigan ng Panginoon.

Ang debosyon nila at ng iba pang mga disipulo ay nagtuturo sa atin mismo kung paano maging minamahal na mga disipulo ni Jesucristo at mapanatili ang ating pagiging disipulo sa kabila ng mga kaguluhan sa mundo.

Sa mapanalangin nating pag-aaral ng Bagong Tipan, hindi lamang madaragdagan ang ating kaalaman *tungkol kay Jesus* kundi tunay na mas *makikilala natin Siya (tingnan sa Juan 17:3)*.

Tapat na sumasainyo,
Eric D. Huntsman



Ang Mahimalang Misyong Propetang Joseph Smith
Pangulong Dallin H. Oaks


28



Juan: Ang Disipulo na Minahal ni Jesus

Eric D. Huntsman


18



Maria, ang Ina ni Jesus




Gaye Strathearn


12



Mga Alituntunin ng Ministering: Ang Layunin na Magbabago sa Ating Ministering

8

- 5 Mga Simbolo sa Bagong Tipan**  May makikita tayong kahulugan sa mga bagay, kultura, kasaysayan, at lugar sa Bagong Tipan.
- 6 Mga Larawan ng Pananampalataya: Phan Phon—Phnom Penh, Cambodia**  Kinabukasan pagkatapos ng sunog, kami ay lumuhod upang manalangin at humiling sa Panginoon na ipakita sa amin ang daan at basbasan kami upang makahanap ng bagong matirahan.
- 8 Mga Alituntunin ng Ministering: Ang Layunin na Magbabago sa Ating Ministering** Marami tayong magagawa upang mailapit ang mga tao kay Cristo habang tayo ay naglilingkod.
- 12 Maria, ang Ina ni Jesus**
Ni Gaye Strathearn
Marami tayong matututuhan mula sa halimbawa ng pananampalataya at dedikasyon ni Maria.
- 18 Juan: Ang Disipulo na Minahal ni Jesus**
Ni Eric D. Huntsman
Tulad ni Apostol Juan, maaari tayong maging mga minamahal na disipulo ni Jesucristo.
- 24 Dalawang Antas ng Pananampalataya**
Ni Elder Wilford W. Andersen
Ang pananampalataya ay higit pa sa pagkilos lamang; ito ay pag-ayon ng ating kalooban sa kalooban ng Diyos.
- 28 Ang Mahimalang Misyon ni Propetang Joseph Smith**
Ni Pangulong Dallin H. Oaks
Ang mga pangunahing saksi at mga legal na dokumento ay makatutulong sa atin na maintindihan ang pagkatao ni Joseph at ang mga nagawa niya sa kanyang buhay.
- 38 Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**  Mga investigator na nahuhulog mula sa mga puno; kagyat na pagpapakabusog sa salita ng Diyos; paghahanap ng pera; isang pugon na pinapagana ng pananampalataya

 Maiikling Babasahin



Sa Pabalat
The Last Supper, ni Carl Heinrich Bloch


Mga Bahagi

Mga Young Adult

42

Ang pangangalaga sa kalusugan ng ating isipan at damdamin ay mahalaga sa **pagpapanatili ng balanse at masayang buhay.**

Basahin ang mga artikulo sa buwang ito tungkol sa emosyonal na self-reliance.



Mga Kabataan

50

Alamin kung paano maunawaan ang iyong halaga at **lumago tulad ng Tagapagligtas sa apat na mahahalagang bahagi.** Tuklasin kung paano ka mapapasaya ng pagpapakita mo ng iyong pagmamahal sa Ama sa Langit habang **sinisiyasat mo ang Mutual theme para sa 2019.**



Mga Bata

Ang seksiyon para sa mga bata ay nagkaroon na ng sarili nitong magasin, ang Kaibigan! Uma-

asa kami na mabibigyan nito ng pagkakataon ang mga bata na mabasa ang mga kuwentong para sa kanila na magtataguyod ng kanilang pananampalataya. Kung walang mga bata sa inyong tahanan, pakibigay ang bagong *Kaibigan* sa isang bata sa inyong ward, branch, o kapitbahayan.



HANAPIN ANG IBA PA

Sa Gospel Library app at sa liahona.lds.org, kaya mong:

- Hanapin ang kasalukuyang isyu.
- Tuklasin ang digital-only na mga artikulo.
- Saliksikin ang mga lumang isyu.
- Isumite ang iyong mga kuwento at feedback o puna.
- Mag-subscribe o magbigay ng regalo.
- Paghusayin ang pag-aaral gamit ang digital tools
- Ibahagi ang mga paboritong artikulo at video.
- I-download, pakinggan, o i-print ang iyong mga paboritong artikulo.

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Ipadala ang inyong mga tanong at feedback o puna sa liahona@ldschurch.org.

Isumite ang inyong mga kuwento na makapagpapalalas ng pananampalataya sa liahona.lds.org o ipadala sa pamamagitan ng koreo sa:

Liahona, floor 23

50 E. North Temple Street

Salt Lake City, UT 84150-0023, USA

TAMPOK NA DIGITAL-ONLY NA MGA ARTIKULO



14 na Paraan upang Maibalik sa Ayos ang Iyong Emosyonal na Kalusugan

Ni Heather J. Johnson

Makatutulong ang mga payong ito na bumalik ka sa iyong sarili.



Paghahanap ng Dalubhasa sa Kalusugang Mental na Tama para sa Iyo

Ni Kevin Theriot

Kung iniisip mong makipagkita sa isang dalubhasa sa kalusugang mental, makatutulong ito sa iyo upang malaman mo kung saan ka magsisimula!

ENERO 2019 TOMO 22 BLG. 1

LIAHONA 18601 893

Internasyonal na Magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Hugo E. Martinez

Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Randall K. Bennett, Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Donald L. Hallstrom, Larry S. Kacher, Erich W. Kopischke, Lynn G. Robbins

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton

Direktor ng mga Magasin ng

Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson

Assistant ng Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Assistent sa Paglalathala: Francisca Olson

Pagsulat at Pag-edit: Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Filton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor ng Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeannette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily

Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Produksyon: Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson, Marrison M. Smith

Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis

Direktor sa Pamamahagi: Troy R. Barker

Pagsasalini: Maria Paz San Juan

Para sa suskrisyon ng magasin at pagpapambago ng suskrisyon nito, bisitahin ang <http://store.lds.org>. Huwag kalimutang isaad ang iyong ward/branch bilang address na pagpapadalan ng iyong suskrisyon.

Kung mayroong mga tanong tungkol sa suskrisyon tawagan lamang ang Global

Service Center (GSC) ng Simbahan sa bilang na 1800-8-680-3950 para sa mga PLDT at Smart subscriber o 1800-1-441-0687 para sa mga Globe subscriber.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org: sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang Liahona (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at

Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Ang lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Pilipinas.

Impormasyon sa karapatang-sipi:

Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

LIAHONA Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150.



MGA SIMBOLO SA BAGONG TIPAN

BILANG KARAGDAGAN SA
KANYANG MGA TURO, MAY
MAKIKITA TAYONG MGA
KAHULUGAN SA MGA BAGAY,
KULTURA, KASAYSAYAN, AT
LUGAR SA BAGONG TIPAN.


Mga Bundok: “Hindi madaling akyatin ang mga bundok.” Noon, tulad ngayon, tinawag ng Panginoon ang Kanyang mga disipulo upang akyatin ang mga bundok para bigyang-diin ang bisa ng pagsisikap at pagiging masunurin. Hihilingin din Niya sa inyo ito, sa paraang patalinghaga at maaaring literal din.”

Mga Olibo: “Bumaba si Jesus sa paanan ng Bundok ng mga Olibo upang maisakatuparan ang unang bahagi ng Pagbabayad-sala. Ginawa Niya ito sa Halamanan ng Getsemani. Ang salitang *Getsemani* ay galing sa dalawang salitang-ugat na Hebreo: *gath* na nangangahulugang ‘pigain,’ at *shemen* nangangahulugang ‘langis,’ lalo na ng olibo.

“Ang mga olibo ay piniga sa ilalim ng mabibigat na gulong na bato upang palabasin ang mamahaling



langis mula rito. Kayat ang Cristo sa Halamanan ng Getsemani ay literal na piniga sa ilalim ng bigat ng mga kasalanan ng mundo. Lumabas sa Kanya ang maraming dugo—ang ‘langis’ ng Kanyang buhay—na lumabas sa bawat butas ng Kanyang balat. (Tingnan sa Lucas 22:44; D at T 19:18.)”



Tubig: “Ang Ilog Jordan ang lugar na pinili ni Jesus para sa Kanyang binyag na isinagawa ni Juan upang ‘[maganap] ang buong katuwiran’ [Mateo 3:15]. Mahalaga ba na isinagawa ang sagradong ordenansang ito sa halos pinakamababang katawan ng tubig-tabang sa planetang ito? Hindi ba Siya makapipili ng mas mainam na lugar upang sumagisag sa lalim ng Kanyang pagpapakumbaba na pinaroonan Niya at kung saan bumangon Siya?”

Bungo: “Ang Pagpapapako sa Krus ay naganap sa burol na tinatawag na Golgotha (Hebreo) o Calvario (Latin) na ibig sabihin ay ‘ang bungo.’ Ang bungo ay simbolo ng kamatayan. Sa lugar na tulad nito, ang sakripisyo ng pagbabayad sala ay natupad. Sa krus, napagtagumpayan ng Tagapagligtas ng mundo ang kamatayan sa pinakadakilang posibleng kabuluhan—ang realisasyon at realidad ng kapangyarihan ng Panginoon laban sa kamatayan.”



Hango mula sa Russell M. Nelson, “In This Holy Land,” Tambuli, Peb. 1991, 13, 17, 18.



MGA LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Phan Phon

Phnom Penh, Cambodia



Nang masunog ang bahay ni Phan, ang tanging nailigtas niya ay ang kanyang tatlong apo. Lahat ng iba pa ay natupok at naging abo. Galit si Phan sa kapitbahay niya na sanhi ng sunog. Nang kumalat ang kanyang galit sa kanyang pamilya at mga kapitbahay, alam ni Phan na kailangan na niyang magpatawad.

LESLIE NILSSON, RETRATISTA

Napagtanto ko na mahirap din ang kapitbahay ko tulad ko. Hindi niya naman ginustong simulan ang sunog. Kung pagbabayarin ko siya, mapapahamak siya, at makakaramdam pa rin ako ng poot. Naalala ko ang salita ng Panginoon na dapat nating mahalín ang ating kapwa. Nadama ko na dapat akong magpatawad.

Nang magpasiya akong magpatawad, nakaramdam ako ng kapayapaan.

Masaya ang kapitbahay ko na pinatawad ko siya. Mas masaya rin ang aking pamilya. Kapag nakikita ko ito, masaya rin ako.

Nagbigay ng kung anong makakaya nila ng mga miyembro at mga kapitbahay para matulungan ang aking pamilya. Marami akong natanggap na bigas at ibinahagi ko ito sa iba. Tinanong nila kung bakit ako namimigay gayong nasa malalang sitwasyon ako. Sinabi ko sa kanila na kapag naglilingkod ako sa iba, naglilingkod ako sa Panginoon. Gusto kong magbigay sa Kanya dahil marami Siyang himalang ginawa sa aking buhay. Mayroon kaming magandang tahanan, mas maayos kaysa sa isa na nasunog.

HANAPIN ANG IBA PA

Itinuturo ni Elder Larry J. Echo Hawk kung paano kayo tutulungang sumulong ng pagpapatawad at magdudulot ito ng kapayapaan sa inyong buhay. Basahin ang kanyang mensahe sa lds.org/go/1196.

Hanapin ang iba pang Mga Larawan ng Pananampalataya sa lds.org/go/18.





Mga Alituntunin ng Ministering

ANG LAYUNIN NA MAGBABAGO SA ATING MINISTERING

Bagaman maraming layunin ang ministering, ang ating mga pagsisikap ay dapat gabayan ng kagustuhan na matulungan ang ibang tao na makamit ang mas malalim na indibiduwal na pagbabalik-loob at maging mas katulad ng Tagapagligtas.

Kapag minamahal natin ang iba tulad ng Tagapagligtas, gugustuhin nating tulongan sila katulad nang ginawa Niya. Bilang Mabuting Pastol, Siya ang pinakamahusay na halimbawa ng makabuluhang ministering.

Sa pagtutulad ng ating ministering sa Kaniya, mahalagang tandaan na ang Kaniyang pagsisikap na magmahal, mag-angat, magsilbi, at magpala ay may mas mataas na layunin kaysa sa pagtugon sa panandaliang pangangailangan. Paniguradong alam Niya ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at nahahabag Siya sa kanilang kasalukuyang paghihirap. Kung kaya't nagpagaling, nagpakain, nagpatawad, at nagturo Siya. Ngunit ninais Niya na gumawa nang higit pa sa pagpawi ng uhaw na nadarama sa kasalukuyang araw (tingnan sa Juan 4:13–14). Ninais Niya na ang mga nakapaligid sa Kaniya ay sundin Siya (tingnan sa Lucas 18:22; Juan 21:22), kilalanin Siya (tingnan sa Juan 10:14; Doktrina at mga Tipan 132:22–24), at abutin ang kanilang banal na potensiyal (tingnan sa Mateo 5:48). Ang mga bagay na iyon ay totoo hanggang ngayon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 67:13).

Maraming mga paraan na makatutulong tayo sa pagpapala ng iba, ngunit kung ang pangunahing layunin ng ating ministering ay ang pagtulong sa ibang tao na makilala ang Tagapagligtas at maging mas katulad Niya, magtatrabaho tayo hanggang dumating ang araw na hindi na natin kailangang turuan ang ating mga kapitbahay na kilalanin ang Panginoon dahil lahat tayo ay kilala na Siya (tingnan sa Jeremias 31:34).



Ang Pokus ng Tagapagligtas ay Higit pa sa Panandaliang Pangangailangan

- Ilang mga indibiduwal ang tunay na nagpakahirap upang madala ang kanilang kaibigan kay Jesus para mapagaling sa pagiging paralisado. Sa huli, pinagaling ng Tagapagligtas ang lalaki, ngunit mas interesado Siya sa pagpapatawad ng mga kasalanan nito (tingnan sa Lucas 5:18–26).
- Nang dinala ng mga tao sa Tagapagligtas ang isang babaeng nahuli sa pangangalunya, pisikal na nailigtas ang buhay nito dahil sa hindi paghusga ng Tagapagligtas sa kaniya. Ngunit ninais Niya rin na mailigtas ang babae sa espirituwal, sinabihan Niya ang babae na “humayo ka na sa iyong lakad; mula ngayo’y huwag ka nang magkasala” (tingnan sa Juan 8:2–11).
- Nagpadala ng mensahe sina Maria at Marta kay Jesus na humihiling sa Kaniyang pumunta upang pagalingin ang Kaniyang kaibigang si Lazaro. Si Jesus, na nagpagaling ng ibang tao sa hindi mabilang na mga okasyon, ay nagpaantala ng Kaniyang pagdating hanggang sa mamatay si Lazaro. Alam ni Jesus ang nais ng pamilya, ngunit sa muling pagbuhay Niya kay Lazaro, pinatatag Niya ang kanilang patotoo sa Kaniyang kabanalan (tingnan sa Juan 11:21–27).

Ano pang ibang halimbawa ang maidaragdag mo sa listahang ito?



Ang mga artikulo tungkol sa “Mga Alituntunin ng Ministering” ay sinulat para tulungan tayong magmalasakit sa isa’t isa—hindi para ibahagi bilang mga mensahe sa mga oras ng pagbisita. Kapag nakilala natin nang lubusan ang mga pinaglilingkuran natin, magpapahiwatig ang Espiritu Santo para malaman natin kung anong mensahe ang maaaring kailanganin nila bilang karagdagan sa ating pangangalaga at pakikiramay.

Ano ang Magagawa Natin?

Kung ang layunin natin ay ang pagtulong sa ibang tao na maging mas katulad ng Tagapagligtas, mababago nito ang paraan ng ating paglilingkod. Narito ang ilan sa mga paraan na magagabayan ng pag-unawang ito ang ating mga pagsisikap sa paglilingkod.

Ideya 1: I-ugnay ang Paglilingkod sa Tagapagligtas

Lahat ng ating mga pagsisikap na gumawa ng mabuti ay mahalaga, ngunit makahahap pa tayo ng mga pagkakataon upang mas paghusayin ang ating paglilingkod sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa Tagapagligtas. Halimbawa, kung ang pamilya na pinaglilingkuran mo ay may sakit, maaaring makatulong ang pagbigay ng pagkain, ngunit ang iyong simpleng pagpapahayag ng pagmamahal ay maaaring madagdagan sa pamamagitan ng iyong patotoo tungkol sa pagmamahal ng Tagapagligtas para sa kanila. Ang iyong pagtulong sa paghahalaman ay maaaring mapasalamatan, ngunit ito ay maaaring gawing mas makabuluhan sa pamamagitan ng pag-aalok ng isang basbas ng priesthood.

Itinuro ni Elder Neil L. Andersen ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang isang taong may mabuting puso ay tutulong sa isang tao na mag-ayos ng gulong, sasama sa isang roommate sa doktor, kakain ng tanghalian kasama ang isang taong nalulungkot, o ngingiti at mangangamusta upang mapasaya ang araw ng iba.

Ngunit ang tagasunod ng unang utos ay natural na magdaragdag sa mahahalagang gawain na ito ng paglilingkod.”¹

Ideya 2: Magpokus sa Landas ng Tipan

Sa kaniyang pagsasalita sa mga miyembro sa unang pagkakataon bilang Pangulo ng Simbahan, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson, “Manatili sa landas ng tipan.” Ang paggawa at pagtupad sa mga tipan “ang magbubukas ng pinto sa bawat espirituwal na mga pagpapala at pribilehiyo na makukuha.”²

Bilang mga Banal sa Huling Araw, nabinyagan, nakumpirma, at nakatanggap tayo ng kaloob ng Espiritu Santo. Ang mga karapat-dapat na lalaking miyembro ay tumatanggap ng priesthood. Pumupunta tayo sa templo para sa ating endowment at para mabuklod tayo sa ating mga pamilya nang walang-hanggan. Ang mga nagliligtas na ordenansang ito at ang mga kaagapay na tipan nito ay mahalaga para maging katulad Niya tayo upang makasama natin Siya.

May mahalaga tayong papel na gagampanan sa pagtulong sa iba sa landas na iyon sa pamamagitan ng pagtulong natin sa kanila na tumupad sa kanilang mga tipan at maghanda na gumawa ng mga karagdagang tipan sa hinaharap.³ Paano ninyo matutulungan ang mga indibiduwal o pamilya na pinag-lilingkuran ninyo na matanggap ang susunod na ordenansa na kinakailangan nila? Ito ay maaaring mangahulugan na ikaw ay tutulong sa isang ama na mabinyagan ang kaniyang anak, magpapaliwanag ng mga biyaya ng susunod na tipan na kinakailangang gawin, at magbabahagi ng mga paraan upang magkaroon ng mas makabuluhang karanasan sa muling paninibago ng ating mga tipan habang nakikibahagi sa sakramento.



Ideya 3: Pag-aanyaya at Panghihikayat

Kung naaangkop, makipagpayuhan sa mga pinangalangalan ninyo tungkol sa kanilang pagbabalik-loob at pagsisikap na maging mas katulad ni Cristo. Ipaalam sa kanila ang kanilang mga kakayahan na nakikita at hinahangaan ninyo sa kanila. Alamin kung anong bahagi sa tingin nila ang maaari nilang mapagbuti at kausapin sila kung paano ka makatutulong. (Para sa karagdagang sanggunian sa pagpapayuhan kasama ang inyong pinaglilingkuran, tingnan ang “Sumangguni tungkol sa Kanilang Pangangailangan,” *Liahona*, Set. 2018, 6-9.)

Huwag matakot na imbitahin sila na sundin ang Tagapagligtas at pahintulutan Siya na tulungan silang maabot ang kanilang banal na potensiyal. Ang paanyayang ito ay maaaring makapagbago ng kanilang buhay, kapag sinamahan ng inyong pagpapahayag ng inyong tiwala sa kanila at pananampalataya sa Kaniya.



1. Magbahagi. Maging totoo at matapang kapag nagbabahagi kung paano ka natulungan ng Tagapagligtas sa pagsubok mo na mas mapalapit sa Kaniya sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo sa kabila ng ilang mga pagkakamali.

2. Mangako ng mga pagpapala. Kailangan ng mga tao ng dahilan na magbago na mas nakahahalina kaysa sa mga dahilan na huwag magbago. Ang pagpapaliwanag ng mga pagpapala na kaakibat ng isang gawain ay maaaring magbigay ng malakas na panggaganyak (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 130:20–21).

3. Mag-anyaya. Ang pagsasabuhay ng isang alituntunin ng ebanghelyo na nagdadala ng patotoo na ito ay totoo (tingnan sa Juan 7:17) at humahantong sa mas malalim na pagbabalik-loob.⁴ Halos lahat ng interaksyon ay maaaring kabilangan ng isang simpleng paanyaya na gumawa ng isang bagay na makatutulong sa kanilang umunlad.

4. Sama-samang magplano. Ano ang kinakailangang mangyari upang matulungan silang matagumpay na tumupad sa kanilang pangako na magbago? Paano kayo makatutulong? Mayroon bang time line o mga bagay na may tamang pagkakasunud-sunod na nararapat gawin?

5. Suportahan. Kung makatutulong, magbuo ng isang grupo ng mga taong makatutulong sa indibiduwal na itong manatiling nagagan-yak at magtagumpay. Lahat tayo ay nangangailangan ng taong susuporta sa atin.

6. Mangamusta. Palaging magbahagi ng progreso. Manatiling nakapokus sa plano ngunit maaaring baguhin ito kung kinakailangan. Maging matii-sin, matiyaga, at magbigay ng lakas ng loob. Ang pagbabago ay maaaring mangailangan ng panahon.

Anim na Paraan upang Makatulong Tayo sa Iba na Umunlad Tungo kay Cristo

Ang sumusunod ay mga mungkahi kung paano masusuportahan ang iba sa pagpapaunlad ng kanilang buhay at pag-usad sa landas ng tipan. (Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, kabanata 11, para sa karagdagang mga ideya.)

Paanyayang Kumilos

Mag-isip ng mga paraan kung paanong ang inyong mga pagsisikap sa paglilingkod—kapwa malaki at maliit—ay makatutulong sa ibang mapalalim ang kanilang pagbabalik-loob at maging mas katulad ng Tagapagligtas.

Ibahagi ang Inyong mga Karanasan

Ipadala sa amin ang inyong mga karanasan sa paglilingkod o sa pagtanggap ng paglilingkod mula sa ibang tao. Pumunta sa liahona.lds.org at pindutin ang “Magsumite ng Artikulo o Feedback.” ■

MGA TALA

1. Neil L. Andersen, “A Holier Approach to Ministering” (Brigham Young University devotional, Abr. 10, 2018), 3, speeches.byu.edu.
2. Russell M. Nelson, “Habang Tayo ay Sama-samang Sumusulong,” *Liahona*, Abr. 2018, 7.
3. Tingnan sa Henry B. Eyring, “Mga Anak na Babae sa Tipan,” *Liahona*, Mayo 2014, 125-28.
4. Tingnan sa David A. Bednar, “Nagbalik-loob sa Panginoon,” *Liahona*, Nob. 2012, 106–109.



MARY KEPT ALL THESE THINGS IN HOWARD LYON

Maria

ang Ina ni Jesus

Ang kuwento ni Maria ay isang walang-hanggang paalaala ng halaga at mga biyaya ng pagkadisipulo.

Ni Gaye Strathearn

Associate Professor ng Ancient Scripture, Brigham Young University

Si Maria, ang ina ni Jesus ay isa sa ilang kababaihan na nabanggit sa banal na kasulatan at tanging ang buhay at paglilingkod niya ang nakapropesiya nang halos ilang siglo bago pa siya ipanganak (tingnan sa 1 Nephi 11:15, 18; Mosias 3:8; Alma 7:10).¹ Ang mga manunulat ng Bagong Tipan ng Mateo, Marcos, Lucas, at Juan ay nagbibigay lamang ng sulyap sa kanyang buhay at paglilingkod dahil ang pokus nila ay angkop na nakatuon sa Tagapagligtas. Pero ang lumang simbahang Kristiyano ay binigyan si Maria ng titulong *theotokos*, ang “nagsilang o ina ng Diyos”² bilang tanda ng mahalagang bahaging kanyang ginagampanan din sa plano ng Ama.

Inisulat ni Elder Bruce R. McConkie (1915–85) ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Maaari ba nating labis na purihin siya na pinagpala ng Panginoon nang higit sa lahat ng kababaihan? Mayroon lamang nag-iisang Cristo, at mayroon lamang nag-iisang Maria. Kapwa marangal at dakila sa [buhay bago isinilang], at kapwa naorden na noon pa man sa paglilingkod na kanilang ginawa. Hindi natin maiwawaksi ang isipin na ang Ama ay pipili ng pinakadakilang babaeng espiritu upang maging ina ng kanyang Anak, tulad ng pagpili niya sa lalaking espiritu na tulad niya upang maging Tagapagligtas. Dapat nating . . . kilalanin si Maria nang may tamang pagpapahalaga para sa kanya.”³

Ang ulat ni Lucas tungkol sa kuwento ng Paghahayag kay Maria (tingnan sa Lucas 1:26–56) ay nagpapakita sa atin kung paano natin mas mapahalagahan ang pambihirang

kabataang babaeng ito. Sa kanyang pakikipag-usap kina Gabriel at Elisabet, nakikita natin ang isang kabataang babae na sinisikap maunawaan at matanto ang natatanging pagtawag sa kanya mula sa Diyos. Ang kalakhan ng pagtawag na iyon ay malamang na napakabigat para sa isang napakabata pa, gayunman agad niyang ipinaubaya ang kanyang kalooban sa kalooban ng Ama. Ipinapaalala sa atin ng kanyang kuwento na kilala ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak at tinatawag Niya ang mga karaniwang lalaki at babae upang makilahok sa mga katangi-tanging paraan upang maitayo ang Kanyang kaharian. Siya ang naging unang disipulo ni Jesus, at sa gayon siya ay modelo o huwaran para sa lahat na pumipiling sumunod sa Kanya.

Nazaret: Tahanan ni Maria

Sa kasamaang-palad, walang nabanggit sa atin ang Bagong Tipan tungkol sa mga magulang ni Maria, kanyang kapanganakan, o kahit na ano sa kanyang buhay sa Nazaret. Inilarawan ni Lucas ang Nazaret bilang isang *polis*, na maisasalin bilang isang lungsod o bayan, pero tila hindi ito isang mahalagang lugar. Sa labas ng Bagong Tipan, ang Nazaret ay hindi nabanggit sa anumang teksto hanggang sa katapusan ng pangalawang siglo AD.

Alam natin na ang Nazaret ay matatagpuan sa isang burol sa ibaba ng Galilea kung saan tanaw ang mayabong na Jezreel Valley 65 milya (105 km) sa hilaga ng Jerusalem. Ipinahihiwatig ng arkeolohiya na ang unang- siglo na Nazaret ay mas

mukhang nayon kaysa lungsod o bayan, na tinatayang mayroong 400–500 na populasyon.⁴ Sa ilang eksepsyon, karamihan sa populasyon sa buong Galilea ay nagsikap na mabuhay bilang mga trabahador, nag-aalaga ng hayop, nangingisda, nagtatrabaho sa bukirin para lamang may makain ang kanilang pamilya at para makapagbayad ng kanilang buwis. Walang mga tanggulan ang nayon; walang bakas o ebidensya na mayroon itong asfaltadong mga kalsada o malalaking arkitektura, ni hindi gumamit ng maluluhong bagay tulad ng marmol, mosiac, o frescos sa mga gusali, o ang mga sambahayan ay may maiinam na kalakal o kagamitan mula sa ibang bansa.⁵ Ang dalawang bahay noong unang-siglo na nahukay ay lumalabas na simpleng isang palapag na mga tahanan na may dalawang kuwarto, may atip na bubong, at isang maliit na patyo.⁶ Ang mga kaugalian sa paglilibing at ilang mga piraso ng limestone na sisidlan ay nagpapahiwatig na ang mga nanirahan ay mga Judio sa halip na mga Gentil.

Samantalang wala sa mga natuklasang ito ang direktang maiuugnay kay Maria o sa kanyang pamilya, binibigyan tayo ng mga ito ng pahiwatig kung ano ang maaring naging buhay niya sa Nazaret: isang babaeng magsasaka na naninirahan sa isang kanayunan, malayo sa sentro ng relihiyon ng Jerusalem at templo nito, sa aristokrasya ng mga saserdote, at kayamanan. Kahit na bata pa lamang, malamang nagtrabaho siya sa tabi ng kanyang ina at ng iba pang kababaihan sa nayon, naghahabi ng tela, nagluluto, nagtitipon ng kahoy na panggatong, nangongolekta ng tubig mula sa mga sisidlan ng kabahayan o mga balon sa nayon, nagtatrabaho sa bukid—lahat upang tulungang mabuhay ang kanyang pamilya sa araw-araw.

Ang Pagtawag kay Maria

Ang kuwento ni Maria sa aklat ni Lucas ay nagsimula sa pagpapakita ng anghel na si Gabriel, ang parehong anghel na nagpakita kay Zacarias sa templo (tingnan sa Lucas 1:11, 19, 26). Nang nagpakita si Gabriel, si Maria ay isang dalaga na nakatakdang ikasal kay Jose (tingnan sa Lucas 1:27). Kahit hindi natin alam kung ilang taon na si Maria nang sandaling iyon, noong unang panahon, posible nang magkaroon ng kasunduan sa kasal bago pa man ang pagdadalaga. Ang pagpapakita ni Gabriel na may balita na si Maria ay “totoong pinakamamahal,” na “ang Panginoon ay sumasa iyo” na siya ay “pinagpala sa lahat ng kababaihan” at na, ayon sa Joseph Smith Translation ng Lucas 1:28, siya ay “pinili” (tingnan din sa Alma 7:10) ay maaaring nagbigay ng magkahalong kaguluhan at maging ng takot kay Maria. Maiisip lamang natin kung ano ang mga tumatakbo sa kanyang isipan sa mga sandaling iyon, pero maaaring kasama dito ang mga tanong na, “Bakit ako itinuturing ng Diyos na

‘pinagpala sa lahat ng kababaihan?’” “Bakit ako naturingan na ‘pinakamamahal ng Diyos’ at ano naman ang kaluhugan nito?” “Bakit ipinadala ng Diyos si Gabriel sa akin at hindi sa ibang dalaga sa Nazaret, o sa Jerusalem?” Oo, siya ay mula sa pamilya ni David (tingnan sa Lucas 1:32; Mga Taga Roma 1:3), pero hindi ito gaanong mahalaga noon sa ilalim ng pagsakop ng mga Romano. Pagkatapos ng lahat, siya ay isang dalaga lamang na galing sa mahirap na pamilya, nakatira sa isang hamak na nayon. Tulad ng itinanong ni Natanael kalaunan, “May mabuti bang bagay galing sa Nazaret?” (Juan 1:46.)

Hindi sinagot ni Gabriel ang mga tanong na maaaring nasasapuso at isipan ni Maria. Sa halip, nagpatuloy siya sa kanyang mensahe: ipagdadalang-tao niya ang isang sanggol, ngunit hindi lamang basta sanggol. Ang kanyang anak ay tatawaging “Anak ng Kataastaasan” at tatanggapin ang “luklukan ni David na kaniyang ama” (tingnan sa Lucas 1:32–33). Sa madaling salita, sinabi ni Gabriel kay Maria na ang kanyang anak ay magiging kapwa Anak ng Diyos at ang ipinangakong Mesiyas. Kung nalito at natakot si Maria bago ang pabatid na ito, mawawari lang natin ang lumala niyang kalagayan matapos niyon.

Isaalang-alang natin ang isang alituntunin na itinuturo ng bahaging ito ng kuwento ni Maria tungkol sa pagiging disipulo. Ang plano ng Diyos para kay Maria ay isang bagay na hindi niya hiniling! Nagpakita si Gabriel kay Zacarias dahil humiling siya at si Elisabet ng isang himala na anak, pero dumating siya kay Maria sa kakaibang kalagayan; hindi para tuparin ang isang kahilingan kundi para ipaalam ang nais ng Diyos para sa kanya. Sa kanyang napipintong kasal, marahil ay inisip ni Maria ang posibilidad ng pagkakaroon ng mga anak sa hinaharap. Ngunit kahit na inasahan ang pagdating ng isang mesiyas sa Judaismo sa unang siglo, aakalain ba ni Maria na siya, na isang mahirap na dalagang magsasaka mula sa Nazaret, ang magiging ina ng Mesiyas? Hindi siguro. Ang punto ay ang mga pagtawag sa pagkadisipulo ay madalas nangangailangan ng pagbabago sa ating mga personal na plano sa buhay.

Nagtuon ng pansin si Lucas sa kanyang rekord sa mga paghahayag ni Gabriel at pagkatapos ni Elisabet. Pero may tatlong pangyayari na ipinaliwanag ni Maria ang kanyang mga saloobin at damdamin.

Isang Inspiradong Tanong

Ang una ay ang kanyang tanong kay Gabriel, “Paanong mangyayari ito, sa ako’y hindi nakakakilala ng lalake?” (Lucas 1:34). Dahil sa mga pangyayari, makatwiran ang tanong niya. Pinapaalalahanan nito ang mga mambabasa sa tanong ni Zacarias, “Sa ano malalaman ko ito? [i.e., na si Elisabet ay



Nagpakita ang anghel na si Gabriel kay Maria na may kagila-gilalas na mensahe na siya ay “pinagpala sa mga kababaihan” at isisilang niya ang Anak ng Diyos.

magdadalantao]” (talata 18). Ngunit datapwa’t ang tanong niya ay nagpapakita ng pagdududa sa sagot ni Gabriel sa panalangin na si Zacarias mismo ang nag-alay sa Diyos, ang tanong ni Maria ay naghahangad ng paglilinaw tungkol sa nasabing kalooban ng Diyos sa kanya. Hindi maiiwasan ang mga tanong kapag ang imbitasyon ng Diyos ay sumusubok sa mga disipulo na itaas ang pamantayan at lumayo mula sa kanilang mga comfort zone, at ang mga inspiradong tanong ay humahantong sa paghahayag.

Ang sagot ni Gabriel sa katanungan ni Maria ay nahahati sa tatlong bahagi:

1. Una, sinabi niya kay Maria, “Bababa sa iyo ang Espiritu Santo” (talata 35). Ang Espiritu Santo ay ang kapangyarihan kung saan ang mga disipulo sa lahat ng edad ay ginagampanang mabuti ang kanilang mga tungkulin. “Tandaan na ang gawaing ito ay hindi sa iyo at sa akin lamang,” pagtuturo ni Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018). “Ito ang gawain ng Panginoon, at kapag tayo ay nasa paglilingkod ng Panginoon, may karapatan

tayo sa tulong ng Panginoon. Tandaan na sinumang tinawag ng Panginoon ay binibigyan Niya ng kakayahán.”⁷ Pagkatapos ay binigyan ni Gabriel si Maria ng partikular na impormasyon tungkol sa kanyang sitwasyon: “At lililiman ka ng kapangyarihan ng Kataastaasan:⁸ kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay tatawaging Anak ng Dios” (talata 35).

2. Pangalawa, sinabi ni Gabriel kay Maria ang tungkol kay Elisabet, isang tao na nakakaranas ng katulad, bagaman hindi parehong, mahimalang pagbubuntis (tingnan sa talata 36). Ang pagdadalantao ni Elisabet ay simbolo kay Maria na hindi siya nag-iisa, na mayroong kahit isang tao na nakakaunawa sa kanyang pinagdaraan.
3. Pangatlo, malinaw na inihayag ni Gabriel, “Sapagka’t walang salitang mula sa Dios na di may kapangyarihan” (talata 37). Ginawa ng Diyos ang imposible nang magdadalantao si Elisabet.⁹ Ang pahayag ni Gabriel ay paalala sa mga disipulo sa lahat ng edad na kung tutugon tayo sa mga imbitasyon ng Diyos, mangyayari ang mga himala.



*Ang mga kuwento nina Maria at Elisabet ay pinag-uugnay sa pamamagitan ng kani-
lang pagmamahal at suporta sa isa't isa sa oras ng pangangailangan.*

Ang Kahandaan ng Isang Disipulo

Ang pangalawang verbal na sagot ni Maria sa kuwento ay ehemplo o huwaran, sa aking isipan, ng pangako at pananaw ng isang disipulo: “Narito, ang alipin ng Panginoon; mangyari sa akin ang ayon sa iyong salita” (Lucas 1:38). Ipinapahiwatig ng “alipin” na pinili ni Maria na tanggapin ang pagtawag

ng Diyos na ipinaabot sa kanya. Ang pahayag na ito ay bersyon ni Maria sa kung ano ang sasabihin ng kanyang Anak sa Getsemani, “huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo” (Lucas 22:42). Bagamat mukhang malinaw na sa puntong ito ng kanyang paglalakbay, hindi niya marahil mauunawaan ang lahat ng ipapagawa sa kanya—kalaunan ay ipinropesiya sa kanya ni Simon na “paglalampanan ng isang tabak ang iyong sariling kaluluwa” (Lucas 2:35)—gayunman, pinili ni Maria na sumulong nang may pananampalataya.

“At iniwan siya ng anghel” (Lucas 1:38). Nang umalis si Gabriel, naiwang mag-isa si Maria. Bagamat isang bagay para sa isang disipulo na gumawa ng mga pahayag tulad ng ginawa niya sa presensya ng banal na sugo, ano na ang kanyang gagawin ngayong wala na ang anghel? Paano niya ipapaliwanag ang karanasang ito sa kanyang mga magulang? kay Jose? Ano ang personal na sagutin niya kung sila o ang mga nanihirahan sa Nazaret ay hindi maniniwala sa kanya? Ang masikip na tirahan ng kanyang buhay sa Nazaret ay maaari nang maging mahirap para sa kanya.

Kaya naalala niya ang pangalawang bahagi ng sagot ni Gabriel sa kanyang tanong at naglakbay patungo sa tahanan ni Elisabet. Muli, ang dalawang kuwento ni Lucas sa simula ay pinagsama. Kaagad pagkatapos batiin ni Maria si Elisabet, “lumukso ang sanggol sa kaniyang tiyan at napuspos si Elisabet ng Espiritu; At sumigaw siya ng malakas na tinig, at sinabi, Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala ang bunga ng iyong tiyan” (Lucas 1:41–42). Pinagtibay ng kanyang pagbati na ginabayan ng Espiritu ang sinabi na ni Gabriel tungkol sa pinagpalang katayuan ni Maria sa mga kababaihan. Si Maria ngayon ay may pangalawang saksi sa pagtawag sa kanya, pero dumating lamang ito matapos niyang malugod na tinanggap ang pagtawag.

Ang ulat tungkol kina Maria at Elisabet ay isang paalaala ng dalawang magandang aspeto ng buhay ng mga makabagong disipulo. Ito ay isang paalaala sa dakilang kahalagahang nakalakup sa puso ng mga Relief Society sa buong mundo: mga kababaihan na magkakaiba ang edad at katayuan sa buhay na nagsasama-sama upang alalayan at suportahan ang bawat isa sa panahon ng pangangailangan. Ito rin ay paalaala na hindi iniwan ng Diyos ang mga tinawag Niya sa panahon ng pangangailangan nila kundi madalas Siyang sumasagot sa pamamagitan ng pagyakap sa kanila ng iba pa na tinawag din Niya.

Ang Magnificat o Awit ni Maria

Ang pangwakas na pananalita ni Maria ay kilala bilang Magnificat o awit ni Maria at ito ay ang kanyang pagpapakita ng kagalakan sa mga deklarasyon ni Elisabet. Ibinahagi niya ang kanyang damdamin tungkol sa naganap sa kanyang

buhay at sumasalamin ng kanyang bagong pag-unawa sa kanyang lugar sa plano ng Diyos. Una at pinakamahalaga ay nararamdaman niya na makapaglingkod nang mabuti, magbigay papuri sa at luwalhatiin ang kanyang Diyos, na ikinagagalak niyang maging kanyang Tagapagligtas (tingnan sa Lucas 1:46–47). Nakita niya sa kanyang karanasan ang patuloy na awa ng Diyos, kapwa sa katotohanan na pinili Niya ang isang taong “mababa ang kalagayan” na tulad niya (tingnan sa mga talata 48–50) at gayundin sa katotohanan na pinili Niya siya upang gampanan ang isang mahalagang papel sa pagtupad ng tipan ni Abraham (tingnan sa mga talata 54–55).

“At si Maria ay natirang kasama [ni Elisabet] na may tatlong buwan, at umuwi sa kaniyang bahay” (talata 56). Mas handa na ngayon si Maria na gampanan ang kanyang banal na tungkulin.

Ehemplo o Halimbawa ni Maria Para sa Atin

Ang mga makabagong disipulo ay nakadistansiya mula sa kuwento ni Maria kapwa dahil sa kultura at 2,000 taon. Gayunman, ang kanyang kuwento ay walang-hanggang paalaala ng halaga at mga biyaya ng pagkadisipulo. Inaasahan ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maninindigan sa mga paanyaya na ipinaabot Niya sa kanila. Pinapaalalahanan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na “Noon pa man ay pinagagawa na ng Diyos ang Kanyang pinagtipanang mga anak ng mahihirap na bagay.”¹⁰ Hindi eksepsyon si Maria, at hindi rin tayo. Ang hamon sa atin ay ang magkaroon ng pananampalataya na ipaubaya ang ating kalooban sa Kanya, na tanggapin ang Kanyang mga pagtawag nang may pananampalataya na pagtitibayin tayo ng Kanyang Espiritu sa paglilingkod sa Kanya. Ipinapaalala rin sa atin ni Bonnie H. Cordon, Young Women General President na “magagawa natin ang mahihirap na bagay,” at idinagdag na, “ngunit magagawa rin natin ang mga ito nang masaya.”¹¹

Bilang makabagong mga disipulo, ano kaya ang ating Magnificat o Awitin? Paano natin maipapakita ang ating kagalakan sa ating Diyos? Paano natin maipapakita ang karingalan ng Kanyang awa sa ating mga buhay? Paano tayo makakahanap ng mga paraan upang ipagdiwang ang ating papel sa pagtupad ng Tipan ni Abraham sa ating panahon? Ito marahil ay iilan lamang sa mga paraan na matututunan natin sa kahanga-hangang kuwento ng pagkadisipulo ni Maria. ■

MGA TALA

1. Nauunawaan din ni Mateo na si Maria ay katuparan ng propesiya ni Isaias na isang birhen ang magsisilang ng isang anak na tatawaging Emmanuel (tingnan sa Isaias 7:14). Ang kanyang pagbanggit sa “isang birhen” ay mula sa pangalawang siglo BC na pagsasalin sa Griyego ng Isaias, na ginamit ng

- mga naunang Kristiyano at ginamit sa King James Version ng Isaias 7:14.
2. Sa 1830 na edisyon ng Aklat ni Mormon, inilalarawan din sa 1 Nephi 11:18 si Maria bilang “ina ng Diyos.”
3. Bruce R. McConkie, *Mortal Messiah*, 4 na tomo. (1981), 1:326–27, footnote 4.
4. Tingnan sa James E. Strange, “Nazareth,” *Anchor Bible Dictionary*, 4:1050; Jonathan L. Reed, *Archaeology and the Galilean Jesus: A Re-examination of the Evidence* (2002), 131.
5. Tingnan sa Reed, *Archaeology and the Galilean Jesus*, 131.
6. Tingnan sa Ken Dark, “Has Jesus’ Nazareth House Been Found?” *Biblical Archaeology Review*, tomo. 41, blg. 2 (Marso/Abril 2015), 54–63; tingnan din sa Ken Dark, “Early Roman-Period Nazareth and the Sisters of Nazareth Convent,” *The Antiquities Journal*, tomo. 92 (2012), 37–64.
7. Thomas S. Monson, “Duty Calls,” *Ensign*, Mayo 1996, 44.
8. Ang salitang Griyego na isinalin bilang “overshadow” (*episkiazō*) ay parehong salita na ginamit sa Griyegong salin ng Lumang Tipan para ilarawan ang ulap na bababa sa tabernakulo kapag natapos na ito. Inilalarawan nito ang kaluwalhatian ng Panginoon.
9. Sinabi rin ito ng Panginoon kay Abraham nang malaman niya at ni Sara na sila ay magkakaroon ng anak sa kanilang katandaan (tingnan sa Genesis 18:14; Mga Taga Roma 4:19–21).
10. Russell M. Nelson, “Manindigan Bilang mga Tunay na Isinilang sa Milenyong Ito,” *Liahona*, Okt. 2016, 49.
11. “Bonnie H. Cordon: Young Women General President,” *Liahona*, Mayo 2018, 129.



Si Juan

ang Disipulo na Minahal ni Jesus

Ang mga nakasulat sa Bagong Tipan tungkol kay Juan na Pinakamamahal ay nagpapakita sa kanya kapwa bilang isang guro at huwaran para sa ating sariling pagkadisipulo.

Ni Eric D. Huntsman

Professor of Ancient Scripture, Brigham Young University

Kasunod ni Pedro, si Juan na siguro ang pinakakilala sa orihinal na Labindalawang Apostol ni Jesus. Siya at ang kapatid niyang si Santiago, ay kasama ni Pedro sa ilan sa mga pinakamahahalagang sandali ng mortal na ministeryo ng Tagapagligtas, at siya ay nauugnay ayon sa tradisyon sa limang magkakaibang libro sa Bagong Tipan.¹ Ang kanyang personal na pagiging malapit sa Panginoon ay ipinahiwatig sa Juan 13:23: “Sa dulang ay may isa sa kaniyang mga alagad, na minamahal ni Jesus na nakahilig sa sinapupunan ni Jesus.” Sa loob ng mahabang panahon, sinasalamin ng Kristiyanong sining ang imaheng ito, inilalarawan si Juan bilang isang binata, na madalas na nakahilig sa bisig ng Tagapagligtas. Ito ang pinagmulan ng kanyang natatanging pagkakakilanlan, Juan na Pinakamamahal, ngunit ang kanyang patotoo at misyon ay nagpapakita ng mga aspeto ng pagkadisipulo na maaari rin nating lahat na ibahagi.

Si Juan, Anak ni Zebedeo

Ang ibig sabihin ng pangalan ni Juan sa Hebreo na, *Yohanan*, ay “naging magiliw ang Diyos.” Karamihan sa mga bagay na alam natin tungkol sa kanya ay nagmula sa unang tatlong Evangelio, na nagkukuwento tungkol sa mortal na ministeryo ng Tagapagligtas mula sa halos magkakaparehong pananaw. Lahat ng ito ay nagkakasundo na si Juan ay anak ng isang mayamang mangingisda mula sa Galilea na nagngangalang Zebedeo, na may sariling bangka at may kakayahan na umupa ng mga arawang manggagawa para tulungan siya at ang kanyang mga anak sa kanilang trabaho. Si Juan at ang kanyang kapatid, si Santiago, ay may kasunduan din sa magkapatid na sina Pedro at Andres, at nilisan nilang apat ang kanilang pangingsda nang





Bilang pagtugon sa pagtawag ni Jesus, sina Juan at Santiago ay “iniwan sa daong ang kanilang amang si Zebedeo na kasama ng mga aliping upahan, at nagsisunod sa kaniya” (Marcos 1:20).

tinawag sila ni Jesus na sumunod sa Kanya sa buong-panahon na pagkadisipulo.²

Bagamat hindi na nabanggit muli si Zebedeo sa mga Evangelio, ang ina nina Santiago at Juan ay naging isang tagasunod ni Jesus, nakiusap kay Jesus para sa kanyang mga anak at naparoon sa Pagpapako sa Krus.³ Madalas na kinikilala sa pangalang Salome, ang ina nina Santiago at Juan ay maaari ring isang kapatid ni Maria, na ina ni Jesus, na ang ibig sabihin ay mga pinsang-buo sila ni Jesus at mga kamag-anak ni Juan Bautista.⁴

Di-nagtagal matapos ang unang pagtawag sa kanya, nasaksihan ni Juan ang marami sa mga naunang himala at turo ng Panginoon.⁵ Ang pagsaksi sa mga himalang ito at pakikinig sa mga diskurso tulad ng Sermon sa Bundok ay walang dudang naghanda kay Juan para sa sandaling tinawag siya ni Jesus upang maging isa sa Kanyang Labindalawang Apostol.⁶ Sa mga natatanging saksing ito, sina Pedro, Santiago, at Juan ang bumuo ng grupo ng malalapit na disipulo na naroon sa mahahalagang sandali ng ministeryo ni Jesus sa lupa:

- Sa pagbuhay sa anak na babae ni Jairus, nakita nang sarili nilang mga mata ang

kapangyarihan ng Panginoon laban sa kamatayan.⁷

- Sa Bundok ng Pagbabagong-anyo, kung saan nakita nila si Jesus sa kabuuan ng Kanyang kaluwalhatian at narinig ang boses ng Ama na pinatotohanan na si Jesus ang Kanyang Anak na kinalulugdan Niya.⁸
- Sa Bundok ng mga Olibo para sa Kanyang huling propesiya tungkol sa mga huling araw.⁹
- Sa Halamanan ng Getsemani, kung saan nasa malapit lang sila nang simulan ng Tagapagligtas ang Kanyang dakilang gawain ng Pagbabayad-sala.¹⁰

Tulad ng pagbibigay ni Jesucristo kay Simon ng karagdagang pangalang *Cephas* o Pedro, na nangunguhulugang “bato,” binigyan din Niya sina Santiago at Juan ng titulong *Boanerges*, o “mga anak ng kulog.”¹¹ Dahil tinanong nila si Jesus kung dapat nilang sunugin ang isang nayon ng mga Samaritano na hindi tumanggap sa Kanya (tingnan sa Lucas 9:51-56), ang palayaw na ito ay maaaring ipinapahiwatig na sila ay madaling magalit o kaya naman ay may malalakas na kalooban. Gayunpaman, maaari rin na ang pangalang ito ay pag-asam sa kanilang pagiging

makapangyarihang mga saksi kalaunan, tulad ng ang pangalan ni Pedro ay hindi ipinapahiwatig ang kanyang naunang tapat ngunit mapusok na pag-uugali kundi ang kanyang katatagan at kapangyarihan matapos ang Muling Pagkabuhay ni Jesucristo.¹²

Sa mga pagpapakita ni Juan sa aklat ng Mga Gawa, siya ay ipinapakita bilang isang malakas, matatag na kasama ni Pedro. Kasama si Juan ni Pedro nang pinagaling niya ang isang lumpong lalaki sa templo, at magkasama silang matapang na nangaral sa mga pinuno ng mga Judio sa Jerusalem. Magkasama, ang dalawang Apostol ay naglakbay papuntang Samaria upang ibigay ang kaloob na Espiritu Santo sa mga Samaritano na tinuruan at bininyagan ni Felipe.¹³

Gayunpaman, sa mga kasulatan na nauugnay kay Juan nakikita nang malinaw na siya ay isang makapangyarihang saksi ng kabanalan ng kanyang guro at kaibigan, si Jesucristo. Ang mga aklat na ito sa Bagong Tipan ay ipinapakita si Juan bilang kapwa isang guro at huwaran para sa ating sariling pagkadisipulo.

Minamahal na Disipulo

Kapansin-pansin, hindi kailanman pinangalanan si Juan sa Evangelio na ayon sa kaugalian ay nauugnay sa kanya. Ang Evangelio ni Juan ay nagbabanggit ng dalawang anak na lalaki ni Zebedeo nang isang beses lamang, sa huling kabanata, kung saan sila ay dalawa sa pitong mga disipulo na sumalubong sa nabuhay na mag-uling Panginoon sa Dagat ng Galilea. Ngunit kahit doon, gayunman, ay hindi sila binanggit sa kanilang pangalan. Sa halip, ang tradisyon, na sinusupportahan ng mga pagtukoy sa banal na kasulatan ng Pagpapanumbalik,¹⁴ ay kinilala si Juan bilang ang hindi-kilalang “disipulo na minahal ni Jesus” na naroon sa Huling Hapunan, sa Pagpapako sa Krus, sa walang-lamang libingan, at sa pagpapakita ni Jesus sa huling pagkakataon sa Dagat ng Galilea.¹⁵

Maaaring siya rin ang “isa pang disipulo” na, kasama ni Andres, ay isang tagasunod ni Juan Bautista at narinig siyang nagpatotoo na si Jesus ang Cordero ng Diyos (tingnan sa Juan 1:35-40), at maaaring siya ang disipulong kasama ni Pedro matapos ang pagdakit kay Jesus at tinulungan si Pedro na makapasok sa korte o hukuman ng mga mataas na saserdote (tingnan sa Juan 18:15–16).

Sa Evangelio ni Juan, ang pinakamamahal na disipulo ay ipinapakita na isang malapit at personal na kaibigan ng Panginoon. Kasama ni Marta, Lazaro, at Maria, si Juan ay maliwanag na inilarawan sa Evangelio na ito bilang isang taong minahal ni Jesus (tingnan sa Juan 11:3, 5). Ang kanyang puwesto sa mesa noong Huling Hapunan ay inilarawan hindi lamang ang karangalan kundi pati na ang kanyang pagiging malapit.

Higit pa sa kanyang pakikipagkaibigan sa Tagapagligtas, ang iba pang mga talata ay nagbubunyag na siya ay isang makapangyarihang saksi sa pinakamahahalagang pangyayari sa misyon ni Jesus: tumayo siya sa paanan ng krus upang masaksihan ang pagkamatay ng Panginoon bilang sakripisyo para sa kasalanan, tumakbo patungong libingan matapos ang Muling Pagkabuhay upang pagtibayin na ito ay walang-laman, at nakita ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas.

Dalawang beses binanggit sa Evangelio ni Juan na ito ay batay sa direktang pagsaksi ng minamahal na disipulo at binigyang-diin na ang kanyang pagsaksi ay totoo,¹⁶ isang bagay na muling bumanggit sa pagbabago ni Joseph Smith ng titulo ng Evangelio bilang “Ang Patotoo ni Juan.”¹⁷

“Ito ang alagad na nagpapatotoo sa mga bagay na ito, at sumulat ng mga bagay na ito; at nalalaman namin na ang kaniyang patotoo ay totoo” (Juan 21:24).

Bagamat pinagtatalunan pa rin ng mga iskolar ang pagkatao ng minamahal na disipulo, kung siya ang Apostol na si Juan, kung gayon siya ang pinagmulan ng materyal sa Evangelio, kung hindi man siya ang orihinal na awtor nito.¹⁸ Bakit hindi siya pinangalanan, hindi direktang kinilala bilang ang Apostol na Juan? Ang sagot ay maaaring dahil ninais niya na ang kanyang mga karanasan ay maging uri ng karanasan para sa mga naniwala at disipulo sa bawat

edad. Sa pagiging hindi nakikilala, maaari niyang pahintulutan tayo na ilagay ang ating sarili sa kanyang mga karanasan, matututuhang magmahal at mahal in ng Panginoon at sa gayon ay magkaroon ng sariling mga patotoo, na tinatawagan naman tayong ibahagi ito sa iba.

Ang mga Sulat: I, II at III Ni Juan

Tulad ng Evangelio ni Juan, wala ni isa sa tatlong sulat na nauugnay kay Juan ang direktang tumukoy sa pangalan niya. Gayunman, ang I Ni Juan, na higit na isang doktrinal na pahayag kaysa isang tunay na sulat, ay malapit na nauugnay sa Evangelio sa estilo at mga paksa nito, na kinabibilangan ng kahalagahan ng pagmamahal at pagsunod, mga tema na itinuro ng Tagapagligtas sa salaysay ni Juan tungkol sa Huling Hapunan.

Isinulat matapos ang Evangelio, ang I Ni Juan ay nagsisimula sa pagpapahayag ng awtor ng kanyang patotoo sa Panginoong Jesucristo, “yaong buhat sa pasimula, yaong aming narinig, yaong aming nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga

kamay, tungkol sa Salita ng buhay” (I Ni Juan 1:1, pagbibigay-diin ay idinagdag). Maliban sa pag-uulit ng unang mga linya ng Evangelio ni Juan, binigyang-diin ng awtor ang kanyang makapangyarihan, personal, at pisikal na patotoo tungkol kay Jesucristo, na Verbo ng Dios na tunay na nagkatawang-tao.

Ang naunang mga Kristiyano, na orihinal na tagapakinig ng libro, ay tila nakaranas ng pagkakawatak-watak sa grupo na yumakap sa maling paniniwala tungkol kay Jesus na umalis sa Simbahan.¹⁹ Sa I Ni Juan, hindi lamang isang saksi ang may-akda; siya ay awtoridad na tinawag upang itama ang mga maling doktrina at labanan ang mga pagbabanta sa pananampalataya mula sa mga anti-Cristo at maling espiritu (tingnan sa I Ni Juan 2:18–27; 4:1–6). Ang kanyang misyon ay hikayatin din yaong nananatiling matapat sa pamamagitan ng pagbabahagi ng makabuluhang katotohanan tungkol sa Diyos at kay Cristo at ang kahalagahan ng patuloy na pananampalataya at kabutihan.

Sa II Ni Juan at sa III Ni Juan, kinilala niya ang kanyang sarili bilang “ang elder” at patuloy na binibigyang-diin ang kahalagahan ng pagmamahal at pagsunod at ang panganib ng mga maling guro at yaong tumatalikod sa tamang awtoridad ng Simbahan.²⁰

Lahat ng tatlong librong ito ay nagtuturo sa atin tungkol sa kahalagahan ng patuloy na debosyon sa inihayag na Jesucristo.

Ang Tagapaghayag

Sa limang libro na iniuugnay sa kanya, tanging ang Apocalipsis lamang ang gumagamit ng pangalang Juan, kinikilala ang awtor nito nang tatlong beses sa pangalang iyon na nasa panimulang mga bersikulo (tingnan sa Apocalipsis 1:1, 4, 9). Bukod sa pagtukoy sa kanyang sarili bilang alagad ng Diyos, hindi na nagbigay ang awtor ng iba pang indikasyon sa kanyang posisyon o tungkulin, pero naniniwala ang mga naunang awtoridad ng mga Kristiyano na siya ay si Juan, na anak ni Zebedeo.

Ang Aklat ni Mormon at ang Doktrina at mga Tipan ay nagpapatunay na si Apostol Juan ay binigyan ng espesyal na komisyon upang tumanggap at isulat ang mga pangitain na kanyang natanggap.²¹ Isang masalimuot at maraming simbolo na aklat, ang Apocalipsis ay nilayon para aliwin at bigyan ng katiyakan ang mga Kristiyanong nakaranas ng pag-uusig o mga pagsubok sa bawat panahon habang kasabay na naghahayag ng papel ni Jesucristo sa buong kasaysayan.

Kahit na dalawang magkaibang petsa ang inimumungkahi kung kailan isinulat ni Juan ang Apocalipsis—isang maagang petsa noong AD 60s sa paghahari ng emperador na si Nero at mas huling petsa noong AD 90s sa panunungkulan ni emperador Domitian—kapwa matapos ang kamatayan bilang martir ni Pedro, na nagtulot na maging senior na Apostol si Juan na nabubuhay pa.

Ang kanyang tungkulin, gayunman, ay hindi lamang upang tumanggap at itala ang mga pangitain na nasusulat sa aklat. Sa isa sa kanyang mga pangitain, sinabi ng anghel kay Juan na Tagapaghayag na kumuha ng isang maliit na libro o scroll, at kainin iyon. Matamis sa kanyang bibig noong una, pero pinapait nito ang kanyang tiyan, na binigyang-kahulugan ni Joseph Smith na kumakatawan ito sa kanyang misyon na tipunin ang Israel bilang bahagi ng pagpapanumbalik ng lahat ng bagay (tingnan sa Apocalipsis 10:9–11; Doktrina at mga Tipan 77:14). Ang misyon na ito ay posible dahil sa patuloy na paglilingkod ni Juan pagkatapos siyang magbagong-kalagayan. Habang ang mga

commentator, noon at ngayon, ay nahahati tungkol sa kung ano ang kahulugan ng pahayag ni Jesus kay Pedro tungkol sa kapalaran ni Juan sa dulo ng Ebanghelyo (tingnan sa Juan 21:20–23), nakatanggap si Joseph Smith ng paghahayag na nagpapatibay na ang nagbagong kalagayan ni Juan ay magpapatuloy hanggang sa pagbabalik ng Tagapagligtas (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 7:1–6). Sa madaling salita, hindi lamang niya ipinropesiya ang katapusan ng mundo, kundi kabilang sa misyon niya ang tumulong na maisakatuparan ang mga propesiyang ito pati na rin ang pagsaksi sa katuparan ng lahat ng bagay na inihayag sa kanya.

Kahit na ang ating mga misyon ay hindi kasing-laki tulad ng sa kanya, tuturuan tayo ng halimbawa ni Juan na ang pagmamahal natin kay Jesucristo ay tutulutan tayo na tanggapin ang

“Dito’y ating nakikilala na tayo’y nagsisiibig sa mga anak ng Dios, pagka tayo’y nagsisiibig sa Dios at tinutupad natin ang kaniyang mga utos” (I Ni Juan 5:2).

ating mga tungkulin at pagsubok sa buhay, gaano man ito katamis o kapait minsan.

Pagiging mga Mahal na Disipulo sa Ating Sarili

Si Juan ay nangungunang miyembro ng orihinal na Labindalawang Apostol ni Jesus, isa na may malapit na personal na kaugnayan sa Tagapagligtas at naglingkod sa mahahalagang papel bilang Kanyang saksi, lider ng Simbahan, at isang tagapaghayag. Subalit ang paraan na pinili niya para ilarawan ang sarili bilang minamahal na disipulo sa Ebanghelyo na tinataglay ang kanyang pangalan ay nagpapahintulot sa kanya na maglingkod bilang isang huwaran para sa ating lahat sa ating sariling pagkadisipulo. Mula sa kanya natututo tayo na bilang mga tagasunod

ni Jesucristo makakapagpahinga tayo sa mga bisig ng Kanyang pagmamahal, pagmamahal na napagtatanto nating lubusan sa pamamagitan ng mga ordenansa tulad ng itinatatag Niya sa Huling Hapunan. Maaari din tayong simbolikong tumayo sa paanan ng krus, nagpapatotoo na si Jesus ay namatay para sa atin, at tumakbo ng may pag-asa upang matutunan sa ating sarili na buhay ang Panginoon. Tulad ni Juan, bilang mga minamahal na disipulo, ang ating panawagan ay ibahagi ang patotoong iyan sa iba, nagpapatotoo sa katoohan at tinutupad ang anumang pagtawag na darating sa atin hanggang sa muling pagbabalik ng Panginoon. ■

MGA TALA

1. Kapansin-pansin, na tanging ang aklat ng Apocalipsis ang direktang nagsasabi na ang manunulat nito ay si Juan (tingnan sa Apocalipsis 1:1, 4). Wala sa mga Ebanghelyo, pati na ang kay Juan, ang tumutukoy sa manunulat nito. Gayunman, ang naunang tradisyong Kristiyano ay kinilala ang katauhan ng pinakamamahal na disipulo sa Ebanghelyo ni Juan kasama ang Apostol na may ganoong pangalan. Para sa talakayan ng ebidensya, sa talakayan ng mga iskolar, at mga pananaw sa Pagpapanumbalik tungkol sa pagkilalang ito, tingnan sa tala 17. Ang aklat ng I Ni Juan ay hindi rin binanggit ang manunulat nito, pero ang estilo at paksa nito ay malapit ang koneksyon sa Ebanghelyo ni Juan. Ang mga aklat na II at III Ni Juan ay nauugnay lamang sa “ang elder,” pero ang naunang tradisyong Kristiyano ay iniugnay ito sa manunulat ng Juan at I Ni Juan.
2. Tingnan sa Marcos 1:19–20; tingnan din sa Mateo 4:21–22; Lucas 5:10–11. Sumasang-ayon ang karamihan sa mga iskolar na naunang naisulat ang Marcos, noong mga kalagitnaan ng 60s AD, ang Mateo at Lucas ay naisulat noong mga panahon ng AD 70s o sa simula ng AD 80s. Bilang resulta, ang pagbabasa ng mga reperensya mula sa Marcos ay nagtulot sa atin na makita kung paano dinagdagan o iniangkop ng Mateo at Lucas ang pinakaunang salaysay.
3. Habang ang Marcos 10:35–37 ay nagtatala na sina Santiago at Juan ay humiling na umupo sa tabi ni Jesus sa Kanyang kaharian, idinagdag sa Mateo 20:20–21 na ang hiling na ito ay galing sa kanilang ina. Sa kanyang presensya sa Pagpapapako sa Krus at kalaunan sa walang-laman na libingan, tingnan sa Marcos 15:40; 16:1–8; tingnan din sa Mateo 27:55–56; Lucas 23:49, 55; 24:1–10; at Juan 19:25.
4. Para sa karagdagang talakayan tungkol sa mga posibleng ugnayan ni Salome, pati na rin ang higit pang kaalaman sa pamilya at negosyong pangigingisda ni Zebedeo, tingnan sa R. Alan Culpepper, *John, the Son of Zebedee: The Life of a Legend* (2000), 7–23.
5. Tingnan sa Marcos 1:21–31, 40–45; 2:1–12; 3:1–6; tingnan din sa Mateo 8:1–4; 9:1–8; 12:9–14; Lucas 4:33–39; 5:12–15, 17–26; 6:6–11.
6. Para sa Sermon sa Bundok, tingnan sa Mateo 5–7. Para sa pagtawag kay Juan at sa iba pang orihinal na mga Apostol, tingnan sa Marcos 3:13–19; tingnan din sa Mateo 10:2–4; Lucas 6:13–16.
7. Tingnan sa Marcos 5:37; tingnan din sa Mateo 9:23–26; Lucas 8:51, bagamat hindi binanggit sa Mateo sina Pedro, Santiago, at Juan.
8. Tingnan sa Marcos 9:2–10; tingnan din sa Mateo 17:1–8; Lucas 9:28–36.
9. Tingnan sa Marcos 13:3–37.



10. Tingnan sa Marcos 14:32–34; tingnan din sa Mateo 26:36–38.
11. Tingnan sa Marcos 3:17. Ang *Boanerges* ay tila isang magaspang na transliterasyon ng Griyego ng Aramaic na *bene regeesh* o *r'm*, na ibig sabihin ay “mga anak ng kaguluhang o kulog.”
12. Tingnan sa Culpepper, *John, the Son of Zebedee*, 38–40, 50.
13. Tingnan sa Mga Gawa 3:1–11; 4:1–21; 8:14–17.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 7; 77; 88:141.
15. Tingnan sa Juan 13:23; 19:26, 34–35; 20:2–10; 21:1–14, 20–25; tingnan din sa Culpepper, *John, the Son of Zebedee*, 57–69.
16. Tingnan sa Juan 19:35; 21:24–25; tingnan din sa Juan 20:30–31.
17. Tingnan sa *Joseph Smith's New Translation of the Bible: Original Manuscripts*, inedit nina Scott H. Faulring, Kent P. Jackson, at Robert J. Matthews (2004), 234.
18. Para sa mga halimbawa ng mga talakayan ng mga iskolar tungkol sa pagkakakilanlan ng pinakamamahal na disipulo, tingnan sa Culpepper, *John, the Son of Zebedee*, 72–85, at Raymond E. Brown, *An Introduction to the Gospel of John*, inedit ni Francis J. Moloney (2003), 189–99. Para kay Apostol Juan bilang alinman sa pinagkunan o awtor ng Evangelio ni Juan, tingnan sa Richard Neitzel Holzapfel, Eric D. Huntsman, at Thomas A. Wayment, *Jesus Christ and the World of the New Testament* (2006), 126–27, at ang sarili kong pagtalakay sa “The Gospel of John” sa *New Testament History, Culture, and Society* (2018), ed. Lincoln Blumell.
19. Tingnan sa Raymond E. Brown, *The Epistles of John* (The Anchor Bible, tomo. 30 [1982]), 49–55, 71.
20. Tingnan sa Culpepper, *John, the Son of Zebedee*, 90–95, at Holzapfel, Huntsman, at Wayment, *Jesus Christ and the World of the New Testament*, 274–77.
21. Tingnan sa Holzapfel, Huntsman, at Wayment, *Jesus Christ and the World of the New Testament*, 281–82, at lalo na sa 1 Nephi 14:18–27; Eter 4:16; at Doktrina at mga Tipan 7:1–3; 77.

Isang makapangyarihang saksi ng mga pinakamahalalagang pangyayari sa misyon ni Jesus, tumayo si Juan sa paanan ng krus upang masaksihan ang kamatayan ng Panginoon, tumakbo sa libingan pagkatapos ng Pagkabuhay na Mag-uli upang pagtibayin na ito ay walang-laman, at nakita ang nabuhay na mag-uling Tagapagligtas.



THE GOLDEN HARVEST, NI DAVID MERRILL, SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY MUSEUM

Ang pananampalataya kay
Jesucristo at sa Kanyang
Pagbabayad-sala ay ang
pananampalatayang mag-ani.
Ito ay pananampalataya sa
Kanyang kapangyarihan,
hindi sa iyo.





Ni Elder Wilford W. Andersen

Ng Pitumpu

Dalawang Antas ng Pananampalataya

Ilang araw pa lamang nananatili sa ilang si Lehi at ang kanyang pamilya nang sabihin sa kanya ng Diyos na pabalikin niya ang kanyang mga anak sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso mula kay Laban. Hindi natin madalas pinupuri ang dalawang suwail na anak ni Lehi, sina Laman at Lemuel, ngunit talagang naging handa silang pumaroon. Mayroon silang sapat na pananampalataya na sumubok.

Hiningi ni Laman, at kalaunan ni Lemuel kasama ang kanyang mga kapatid, ang mga lamina kay Laban. Nawala sa magkakapatid ang kayamanan ng kanilang pamilya at muntik na rin silang mamatay sa pagtatangka nila. Sa puntong iyon, binigo sina Laman at Lemuel ng kanilang pananampalataya, at handa na silang sumuko. Si Nephi, sa kabilang banda, ay nangibabaw sa panganib at kawalang pag-asa.

“Yamang ang Panginoon ay buhay, at habang tayo ay nabubuhay, hindi tayo bababa sa ating ama sa ilang hangga’t hindi natin naisasagawa ang bagay na ipinag-uutos ng Panginoon sa atin.

“Samakatwid, tayo ay magpakatapat sa pag-sunod sa mga kautusan ng Panginoon” (1 Nephi 3:15–16).

Pagkatapos ay ginamit ni Nephi ang kanyang kahanga-hangang pananampalataya, nakuha ang mga lamina ni Laban, at bumalik kasama ang kanyang mga kapatid sa kanilang ama sa ilang.

Tila mayroong dalawang antas ng pananampalataya. Ang unang antas ay ang

pananampalatayang sumubok, pananampalatayang hawakan ang ating panggapas. Ang pangalawang antas ay ang pananampalatayang gumawa. Ito ay higit pa sa pananampalatayang hawakan ang iyong panggapas—ito ay ang pananampalatayang umani.

Sina Laman at Lemuel ay mayroong pananampalatayang sumubok, pero si Nephi ay may pananampalatayang gumawa. Sina Laman at Lemuel ay mayroong sapat na pananampalataya na hawakan ang kanilang panggapas, ngunit si Nephi ay may sapat na pananampalataya upang umani.

Ang banayad na pagkakaiba na iyon sa pagitan ng pananampalatayang hawakan ang iyong mga panggapas at pananampalatayang umani ang lilikha ng lahat ng kaibahan sa iyong buhay. Upang mamuhay muli kasama ang ating Ama sa Langit at upang mamuhay ng kapaki-pakinabang at masayang buhay sa mundo, kailangan nating paunlarin ang pananampalatayang umani.

Nakatanggap tayo ng mga kamangha-manghang pangako mula sa Diyos—mga pangako ng kaligayahan at saya sa buhay na ito at kadakilan sa kabilang-buhay. Ngunit ang mga hamon at pagsubok sa ating mga pang-araw-araw na buhay ay maaaring makasira sa ating pag-asa. Ang ating lupang pangako ay tila ba napakalayo, malabong marating, kaya tayo ay nagsisimulang mag-alinlangan.

“Hindi possible para sa akin na maabot ang layunin na iyon o matanggap ang pagpapalang iyon,” iniisip natin. “Tiyak, ibang tao ang iniisip ng Diyos nung sinabi Niya ang mga pangakong iyon.”

Hindi, *iniisip* Niya ikaw at ako. Kailangan lamang natin ng sapat na pananampalataya upang matanggap ang ating mga pagpapala—isang matibay na pananampalataya na kayang gawing



Manalangin bawat araw na basbasan ka ng Ama sa Langit ng mabubuting hangarin na iayon ang iyong mga hangarin sa Kanyang kalooban.

realidad sa kasalukuyan ang ating mga panghinaharap na mga pangako. Kailangan natin ng pananampalatayang umani.

Ano ba talaga ang pananampalatayang ito, at paano natin ito mapapaunlad?

Sumampalataya kay Jesucristo

Una, di tulad ng pananampalatayang hawakan ang iyong panggapas, ang pananampalatayang umani ay hindi pananampalataya sa inyong mga sarili. Hindi ito tulad ng kumpiyansa sa sarili o ng positibong pag-iisip. Hindi rin ito pananampalataya sa inyong pamilya o mga kaibigan—na lahat ay mabuti. Ang pananampalatayang umani ay pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Ito ay pananampalataya sa Kanyang kapangyarihan, hindi sa iyo.

Nang ako ay matawag bilang stake president ng Mesa Arizona Moricopa Stake, inimbitahan kami ng asawa ko ni Elder W. Mack Lawrence, General Authority Seventy noong panahong iyon sa tanggapan ng stake president at ipinaabot ang calling. Masunurin kong tinanggap ito. Pagkatapos ay inanyayahan niya kami na pumasok sa silid ng high council at mapanalangin isaalang-alang ang kalalakihan na mairerekomenda bilang mga tagapayo ko. Pagpasok ko ng silid, nakita ko ang mga larawan ng lahat ng mga stake president na naglingkod sa stake mula noong ito ay maorganisa, at nanghina ang puso ko. Kahanga-hanga silang mga lider sa Simbahan at sa komunidad.

Tumingin ako sa aking asawa at sinabing, “Kathleen, sa tingin ko ay hindi ko ito kayang gawin. Hindi ako nabibilang sa kanila.”

Sabi niya, “Puwes, huwag mong sabihin sa akin iyan.” Si Elder Lawrence ang dapat mong kausapin.”

Nagulat ako, nang sinabi ko sa kanya na sa tingin ko ay hindi ko magagampanan ang calling, sagot ni Elder Lawrence, “Siguro nga ay tama ka.”

Ngunit sinabi niya, “Hindi mo kaya, Brother Andersen, ngunit kaya ng Panginoon. May kapangyarihan Siyang gawin ang Kanyang gawain, at kung magiging karapat-dapat ka at magsisikap ka, gagawin Niya ito. Makikita mo.”

At ginawa nga Niya iyon.

Ang pananampalataya na hawakan ang iyong panggapas ay pananampalatayang sumubok. Ito ay pananampalataya sa sarili, at ito ay mawawala kapag naging mahirap na ang gawain. At magsisimula tayong mag-alinlangan. Ngunit ang pananampalatayang umani ay pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Hindi ito nagpapadaig.

Ihanay ang Iyong mga Naisin sa Naisin ng Diyos

Para maisabuhay ang pananampalatayang umani, dapat nating tiyakin na ang ating mga naisin at layunin ay alinsunod sa nais ng Diyos. Di natin mapapalakas ang pananampalatayang umani kung hindi sumasang-ayon ang Diyos sa ani. Upang matanggap ang tulong Niya, dapat nating ihanay ang ating kalooban sa Kanyang kalooban.

Dahil mabuti at matapat si propetang Nephi sa aklat ni Helaman, sinabi sa kanya ng Panginoon, “Pagpapalain kita magpakailanman; at gagawin kitang makapangyarihan sa salita at sa gawa, sa pananampalataya at sa mga gawa; oo, maging ang lahat ng bagay ay magagawa mo alinsunod sa iyong mga salita.” Iyan ay isang pangako. Pagkatapos ay idinagdag ng Panginoon, “Sapagkat hindi ka hihiling nang salungat sa aking kalooban” (Helaman 10:5).

At sinabi ni Mormon sa atin ito: “At winika ni Cristo: Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapaki-pakinabang sa akin” (Moroni 7:33).

Ang pag-aayon ng aking mga hangarn sa kalooban ng Diyos ay pangunahing kailangan sa pananampalatayang umani.

Noong bata pa ang aking mga anak na lalaki, kasali sila sa mga basketball team noong high school. Noon ay nagdarasal muna sila bilang isang koponan bago magsimula ang bawat laro. Habang nanonood ako mula sa kinatatayuan ko, iniisip ko kung ano ang ipinagdarasal nila. Kung nagdarasal sila upang manalo sa laro, kulang ang dasal nila ng pananampalatayang umani. Ito ay malinaw na makikita sa dami ng laro nila na natalo. Marahil ay hindi nakiisa ang Panginoon sa hangarin nila na manalo sa bawat laro.

Sa madaling salita, tutulungan tayo ng Diyos na makamit lamang ang ating mga tatayunin na makabubuti sa atin. Iyon ay dahil mahal Niya tayo, at mas alam Niya kaysa sa atin kung ano ang makabubuti sa atin. At hindi ba tayo nagpapasalamat para doon. Dapat tayong magdasal araw-araw na basbasan tayo ng Ama sa Langit ng mabubuting hangarin upang maiayon ang ating mga hangarin sa Kanyang kalooban. Dapat matuto tayong magdasal tulad ng Panginoon sa Halamanan ng Getsemani na ang kalooban ng Diyos, hindi ang atin, ang masusunod (tingnan sa Lucas 22:42). At saka lamang natin mapapalakas ang ating pananampalatayang umani.

Magtrabaho Ka

Ang pangatlong kailangan ng pananampalatayang umani ay ang pagtatrabaho. Nilinaw ni Apostol Santiago na ang pananampalataya na walang mga gawa ay patay. Ang pananampalataya na hawakan ang ating panggapas ay nangangailangan ng paniniwala, ngunit ang pananampalataya na umani ay nangangailangan ng higit pa sa paniniwala. Pati ang mga diablo ay naniniwala, sinabi ni Santiago, at natatakot (tingnan sa Santiago 2:17, 19).

May narinig akong kuwento tungkol sa isang ama na napaninang ang kanyang batang anak na babae na nakaluhod sa gilid ng kanyang kama, nagdarasal na ingatan ng Ama sa Langit ang mga sisiw na huwag makapasok sa patibong na ginawa ng kanyang kapatid at inilagay sa likod bahay. Kinahapunan ng araw na iyon, nag-alala ang ama. Alam niyang mahusay ang ginawang patibong. Tinulungan niya ang kanyang anak na gawin iyon.

“Narinig kitang nagdarasal ngayong umaga na ingatan ng Ama sa Langit ang mga sisiw mula sa patibong ng kuya mo,” sinabi niya sa kanyang anak. “Pero minsan may malulungkot na bagay na nangyayari kahit na ipinagdasal natin na huwag itong mangyari.”

Sumagot ang bata, “Basta alam ko lang po na hindi siya makakahuli ng mga ibon, Daddy.”

“Hinahangaan ko ang pananampalataya mo, mahal,” sabi ng ama. “Pero kung makahuli siya ng ibon, sana ay hindi nito mabigo ang pananampalataya mo.”

“Hindi po siya makakahuli, Daddy,” sabi niya. “Alam kong hindi.”

Nagtanong ang ama, “Bakit napakalakas ng pananampalataya mo?”

“Dahil pagkatapos ko pong magdasal,” sagot ng kanyang anak, “bumalik ako sa labas at pinagsisipa ko ang patibong hanggang sa masira.”

Mabuti na magdasal sa Ama sa Langit para sa mga pagpapala. Ngunit pagkatapos nating magsabi ng amen, dapat tayong magtrabaho. Hindi natin maaasahan na magagabayan ng Diyos ang ating mga yapak kung hindi natin igagalaw ang ating mga paa. At hindi natin dapat hilingin sa Kanya na gawin ang mga bagay na kaya at dapat nating gawin para sa ating sarili.

Dapat tayong kumilos sa pagkakamit ng ating mabubuting mithiin, at dapat tayong maging masigasig sa pagsunod ng mga kautusan. Ang tunay na kapangyarihan sa ating mga tipan at ang tunay na kapangyarihan sa ating pananampalataya na umani ay madarama hindi sa pagpapasiya natin nang may katiyakan na tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako ngunit sa halip ay kapag nagpapasiya tayo nang may katiyakan na tutuparin natin ang ating bahagi. Ang dakilang katotohanan ang nagsasakatuparan ng ating mga panghinaharap na mga pangako upang ang mga ito ay maging realidad sa kasalukuyan. Dapat tayong gumawa.

Huwag kayong panghinaan ng loob dahil sa inyong mga kabiguan o pagkakamali, ngunit magpatuloy sa inyong mga pagsisikap, at maging determinado. Ang pananampalatayang umani ay hindi nangangailangan ng pagiging perpekto, ngunit nangangailangan ito ng pagpupursigi.

Inaanyayahan ko kayong palaguin ang inyong pananampalataya na umani. Manampalataya kayo nang buong kataagan sa ating Tagapagligtas, si Jesucristo, at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Siguraduhing ang inyong mga hangarin ay nakaayon sa Kanyang kalooban. At magtrabaho gamit ang inyong buong puso, tatag, isip, at lakas, nang may hindi matitibag na pagpupunyagi at pagpupursigi. Walang hamon, walang problema, walang hadlang na hindi magbibigay-daan sa pananampalataya na aani. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na “The Faith to Reap,” na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho, noong Marso 17, 2015.



IPAKITA ANG IYONG PANANAMPALATAYA


“May iisang Tao lamang kung saan mananatiling ligtas ang inyong pananampalataya, at iyon ay sa Panginoong Jesucristo. At kailangan ninyong ipakita ang inyong pananampalataya!”

Pangulong Russell M. Nelson, “Ipakita ang Inyong Pananampalataya,” *Liahona*, Mayo 2014, 29.

ANG MAHIMALANG
MISYON NI

PROPETANG

*Joseph
Smith*



Pinili kong magsalita tungkol kay Joseph Smith, ang Propeta at ang tao. Sa pagsasalita tungkol sa kanya, umaasa akong madaragdagan ko ang inyong pagkaunawa sa kakaiba at mahimalang mga nagawa ng propetang naglatag ng pundasyon ng dispensasyong ito.

Ang kaugnayan ng kaalaman at patotoo kay Joseph Smith sa gawaing misyonero ay mahalaga. Alam nating lahat na tanggap ng ilang investigator ang mga pangunahing doktrina ng ebanghelyo ngunit hindi lamang matanggap ang katotohanan na ang isang 14-na taong gulang ay dinalaw ng Ama at ng Anak at na isinalin niya ang Aklat ni Mormon at naging ang propeta na kilala natin. Ang mga taong nahihirapang tanggapin si Propetang Joseph Smith ay kailangang matuto mula sa turong ito ni Pangulong Russell M. Nelson:

“Ang misyon ni Joseph sa mortalidad ay inorden na noon pa man. Ang kanyang malinis na kaisipan na madaling tumanggap ay bukas sa tagubilin ng Panginoon. Ngunit, batay sa mga pamantayan ng daigdig, malayong mangyari ito kay Joseph. At ang kanyang tungkuling maging Propeta nitong huling dispensasyon ay tila talagang imposible. Ipinakikita ng halimbawang ito ang isang alituntunin na madalas ay totoong paraan ng pagkilos ng Panginoon: Ginagamit Niya ang tila walang kakayahan para isagawa ang imposible!”¹

Napakahalaga na may patotoo ang ating mga missionary tungkol sa banal na tungkulin at mahimalang gawain ni Propetang Joseph Smith.

Ako ay 65 taon nang nag-aaral tungkol sa buhay ni Joseph Smith. Isinilang ako noong 1932, nang ang Simbahan ay lampas lang nang kaunti sa ika-100 taon nito. Naniniwala akong isa akong tipikal na matapat na Banal

JOSEPH SMITH, JR., NI WILLIAM WHITAKER, LITHOGRAPH SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY



**Ni Pangulong
Dallin H. Oaks**

Unang Tagapayo sa
Unang Panguluhan

Higit ang nagawa ni Joseph Smith kaysa maaaring magawa ng sinumang mortal na tao sa loob ng napakaikling panahon. Ang tanging posibleng paliwanag ay ang tulong ng langit.

Noong mamatay siya, si Joseph Smith ay naglilingkod kapwa bilang alkalde ng Nauvoo at lieutenant general ng Nauvoo Legion.

sa mga Huling Araw nitong ikalawang siglong ito. Hindi natin nakadaupang-palad si Joseph Smith, pero nadarama nating kilala natin siya, at minamahal natin siya dahil sa inihayag at itinuro niya. Tayo ay mga saksi ng katotohanan na makatang hula na “i[ta]tanghal si ‘Joseph’ sa sandaigdigan.”²

I. Joseph Smith, ang Propeta

Kilala nating lahat si Joseph Smith bilang unang propeta ng dispensasyong ito, ang instrumento ng Panginoon sa Pagpapanumbalik ng Panginoon. Ngunit ano ba ang ipinanumbalik ng Panginoon sa pamamagitan ng propetang ito? Hindi batid ng lahat ng mga Banal sa mga Huling Araw (at ng ilang mga hindi miyembro) ang pagbibigay liwanag at maraming pagdaragdag na ginawa ng Panginoon sa doktrinang Kristiyano sa pamamagitan ni Propetang Joseph. Narito ang maikling listahan:

- Ang likas na katangian ng Ama, ng Anak, at ng Espiritu Santo.
- Ang magkakaugnay na galaw nitong tatlong miyembro ng Panguluhang Diyos at ang kaugnayan Nila sa mga mortal na nilalang.
- Ang likas na Pagkahulog ng tao.
- Ang layunin ng mortal na buhay sa pagsusulong ng plano ng Ama para makamit ng Kanyang mga anak ang kanilang walang-hanggang tadhana.
- Ang papel ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa pagtitiyak ng imortalidad at pagbibigay ng pagkakataon para sa buhay na walang-hanggan.
- Ang papel ng makalupa at walang-hanggang kasal sa plano ng Ama.
- Ang mahalagang papel ng priesthood at mga ordenansa sa plano ng Ama.
- Ang mahalagang papel ng mga templo at mga proxy na ordenansa sa plano ng Ama.
- Ang kaalaman na nais ng Diyos na iligtas ang lahat ng Kanyang anak at na ang bawat taong nabuhay sa mundong ito—na nakakikilala o hindi nakakikilala kay Jesucristo—ay may kaka-yahang makamit ang pinakamataas na langit sa kabilang-buhay.
- Ang kaugnayan ng tatluhanang pinagmumulan ng katotohanan tungkol sa tao at sa sansinukob: siyensya, mga banal na kasulatan, at patuloy na paghahayag.

Ang sinumang nag-aaral ng kahit maliit na bahagi ng listahang ito—mananampalataya man o hindi—ay kailangang kilalanin na si Joseph Smith ay nakatayo



sa unahan ng daluyan ng mga tubig ng isang malaking sapa ng mabisa at bago at mahahalagang ideya ukol sa relihiyon. Sa pagbabasa natin sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, naibalik sa mundo ang kabuuan ng ebanghelyo sa pamamagitan ni Joseph Smith.³

Maaaring napansin ninyo na hindi nakabanggit sa listahan ko ang paglalabas ni Joseph ng Aklat ni Mormon, isang bagong tomo ng banal na kasulatan, siyempre pa, ang pinagmumulan ng marami sa mga bagong ideyang iyon ukol sa relihiyon. Marapat lamang na banggitin ang aklat na iyon. Ipinapahayag ng pamagat nito ang pinakamahalagang gawain nito: “Isa pang Tipan ni Jesucristo.” Ngunit bukod sa mahalagang papel na iyon, ay marami pa itong ginagampanan. Narito ang sabi ng isang tanyag na iskolar tungkol sa aklat:

“Ang *Aklat ni Mormon* ay nagpapanukala ng isang bagong layunin para sa Amerika: pagiging isang lupain ng kabutihan sa halip na isang imperyo ng kalayaan. Laban sa dagdag na yaman at hindi pagkakapantay, itinataguyod ng *Aklat ni Mormon* ang adhikain ng mga maralita. . . . Laban sa pamahalaang republikano, ito ay nagpapanukala ng matuwid na pamumuno ng mga hukom at mga hari sa ilalim ng batas ng Diyos. Laban sa paniniwalang kumpleto ang Biblia at sa relihiyong walang himala, ang *Aklat ni Mormon* ay naninindigan sa patuloy na paghahayag, mga himala, at paghahayag sa lahat ng bansa. Laban sa pag-aalinlangan, ito ay nagtataguyod ng paniniwala; laban sa pagka-makabayan, isang pandaigdigang Israel. Nakikinita nito ang kapahamakan ng bansa kung ang pagmamahal sa kayamanan, pagkalaban sa paghahayag, at sibilisasyong Gentil ang mananaig laban sa kabutihan, paghahayag, at Israel.”⁴

Ang higit na mahalaga ay ang sinabi kamakailan lang ni Pangulong Nelson tungkol sa Aklat ni Mormon: ito “ang instrumentong gagamitin para maisakaltuparan ang ipinangakong pagtitipon ng Israel.”⁵

Si Joseph Smith ay isinilang noong Disyembre 23, 1805, sa Sharon, Vermont, USA.



Si Joseph Smith ang nasa daluyan ng mga tubig ng isang malaking sapa ng mabisa at bago at mahahalagang ideya ukol sa relihiyon.

Gaya ng nababasa natin sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang Aklat ni Mormon ay

“ang saligang bato ng ating relihiyon.”⁶

Karamihan sa mga hindi Banal sa mga Huling Araw ay walang alam sa malalaking kontribusyon ni Joseph Smith sa kaisipang pangrelihiyon. Sa isang bantog na pag-aaral sa buong bansa, natuklasan ng pollster na si Gary Lawrence na iniisip ng halos kalahati ng mga taong pinag-aralan niya na ang mga Banal sa mga Huling Araw ay mga taong nakatira sa liblib na lugar at mahiwaga at may “kakaibang mga paniniwala.”⁷ Nang tanungin niya ang mga nag-interbyu, “Ano ang pangunahing inaangkin ng Mormonismo?” isa lamang sa pito sa kanila ang makapaglalarawan ng anumang malapit sa ideya ng pagpapanumbalik o ng muling pagkakatag ng orihinal na pananampalatayang Kristiyano. Gayundin, nang hilingin sa isa pang pambansang survey sa mga tao na ilarawan ang kanilang impresyon tungkol sa ating relihiyon, walang isa mang nagsabi ng mga salita o

ideya ng orihinal o ipinanumbalik na Kristiyanismo.⁸

Ipinapaalala ng mga natuklasang ito na hindi natin dapat hayaan ang ating mga missionary na ipalagay na marami na silang alam tungkol sa ating pananampalataya. Maaaring narinig na ng mga tinuturuan nila ang salitang *Mormon*, ngunit hindi dapat ipagpalagay ng mga missionary na karamihan ay mayroon man lang na sinaunang pang-unawa tungkol sa mga pangunahing alituntunin ng ating pananampalataya.

II. Joseph Smith, ang Tao

Narito ang ilan sa aking mga personal na kaisipan tungkol sa pambihirang buhay ni Joseph Smith.⁹ Ang Joseph Smith na nakilala ko sa aking personal na pagsasaliksik, karamihan ay sa Illinois, USA, ay isang lalaking nabuhay noon sa liblib na lugar—bata, emosyonal, masigla, at mahal na

mahal at madaling lapitan ng kanyang mga tao kaya kadalasan ang tawag nila sa kanya noon ay “Kapatid na Joseph.” Saklaw ng kanyang kabataan ang kanyang ministeryo bilang propeta. Siya ay 14 anyos noong panahon ng Unang Pangitain, 21 anyos nang matanggap niya ang mga gintong lamina, at 23 anyos lang nang matapos niya ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon (wala pang 60 araw na may pasok).

Mahigit sa kalahati ng mga paghahayag sa Doktrina at mga Tipan ay ibinigay sa pamamagitan ng propetang ito noong siya ay 25 taong gulang o mas bata pa. Siya ay 26 anyos noong inorganisa ang Unang Panguluhan at lampas lang ng kaunti sa 33 anyos nang makatakas siya sa pagkakabilanggo sa Missouri at muling pinamunuan ang mga Banal. Siya ay 38 at kalahating taong gulang lamang noong pinaslang siya.

Sa panahon ng kanyang maikling buhay, labis-labis ang mortal na pighating naranasan ni Joseph Smith. Noong siya ay mga pitong taong gulang, naranasan niya ang napakasakit na operasyon sa paa. Dahil sa kahirapan ng kanyang pamilya, kauntlang ang kanyang pormal na edukasyon at noong kabataan niya ay napilitan siyang magtrabaho sa loob ng mahabang oras para tumulong na maghanap ng makakain ng pamilya. Pisikal siyang sinalakay sa maraming pagkakataon. Sa gitna ng pagsisikap na gampanan ang mabibigat na responsibilidad ng kanyang banal na tungkulin, kinailangan niyang magtrabaho bilang magsasaka o mangangalakal upang matustusan ang kanyang pamilya. Ginawa niya ito nang walang pambihirang espirituwal na mga kaloob na nakatulong sa kanyang tungkulin bilang propeta. Sinabi sa kanya ng Panginoon na “sa mga temporal na gawain ikaw ay hindi magkakaroon ng lakas, sapagkat ito ay hindi mo tungkulin” (Doktrina at mga Tipan 24:9).

Sa espirituwal na mga bagay, walang mapamarisan si Joseph Smith kung saan matutuhan niya kung paano maging isang propeta at pinuno. Kinailangan niyang umasa sa mga kasamahan na wala pang karanasan. Siya at sila ay nahirapan at magkakasamang natuto. Mabilis na nagtamo ng kaalaman at kahustuhan ng kaisipan si Joseph Smith. Walang dudang mayroon siyang kakaibang mga kaloob. Gaya ng sinasabi natin ngayon, siya ay “madaling matuto.” Sinabi niyang tinuruan siya ng makalangit na mga sugo at ng iba pang mga paghahayag mula sa Diyos, at naniniwala ako sa kanya.

Ang isa sa kanyang mga personal na kaloob ay

halata sa pagmamahal at katapatan ng pambihirang mga taong sumunod sa kanya. Nang hamunin ni Joseph ang kanyang mga tagasunod na daigin ang kanilang mortal na mga kamalian, hindi niya iniangat ang kanyang sarili kaysa sa kanila, at minahal nila siya dahil dito. Sa isang sermon na ipinangaral ni Joseph mga mahigit isang buwan bago siya pinaslang, ipinahayag niya, “Kahit kailanman hindi ko sinabi sa inyong perpekto ako; ngunit walang mali sa paghahayag na itinuturo ko.”¹⁰ Si Joseph Smith ay may “likas na pagkamasayahin” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:28) kaya mahal na mahal siya halos ng lahat ng nakakakilala sa kanya. Sabi ng isang kakilala, “Hindi mailarawan ang pagmamahal ng mga banal para sa kanya.”¹¹ Ang pakikisama ng kanyang mga kaibigan ay ikinalugod ni Joseph, na nakakita na ang pagtatayo ng lipunan at komunidad ay pangunahing layunin ng ebanghelyo.

Napansin ko minsan: “Buong buhay niya, si Joseph Smith ay tumira sa malalayong lugar ng Amerika, kung saan ang mga tao ay kailangang makipagtagisan ng lakas sa kalikasan at kung minsan laban sa isa’t isa. Siya ay malaking lalaki, malakas at napa-kaaktibo. Natutuwa siya sa mga labanan sa isport, pati na ang hatakan ng patpat—na pagsubok sa lakas ng katawan (tingnan sa *History of the Church*, 5:302). Ang ating mga archive ay naglalaman ng maraming gunita tungkol sa kanyang pakikipag-wrestling sa mga kaibigan at mga kakilala. Isang araw ng Sabbath, siya at si Brigham Young ay nangaral sa mga Banal sa Ramus, Illinois, na mga isang araw na biyaha mula sa Nauvoo. Pagsapit ng Lunes, bago lisanin ang Ramus, ipinakita ni Joseph ang kanyang lakas sa wrestling laban sa isang lalaking sinasabing ‘siga ng Ramus’ (tingnan sa Joseph Smith Journal, 13 March 1843, itinala ni Willard Richards, Joseph Smith Collection, LDS Church Archives). Inihagis siya ni Joseph. Masaya ako na ang mga iskedyul ng kumpe-rensya ngayon ay hindi nagbibigay ng pagkakataon sa mga miyembro na subukin ang mga bumibisitang awtoridad sa ganitong paraan.”¹²

Ilang tao lang ang naging mga target ng maraming pagsalakay sa kanilang misyon o kanilang alaala bukod kay Joseph Smith. Inimbestigahan ko ang ilan sa mga paratang na ito sa pamamagitan ng personal na pagsasaliksik sa mga orihinal na talaan sa Illinois, kung saan nakatira si Joseph sa huling limang taon ng kanyang buhay. Ang isa sa gayong paratang ay lumitaw nang ipinatigil ni Joseph Smith, na alkalde noon, at ng Nauvoo City Council ang *Nauvoo Expositor*,

Si Joseph Smith ay 21 anyos nang matanggap niya ang mga gintong lamina na nakabaon sa Buro ng Cumorah, at 23 anyos lang nang matapos niya ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon.



na pahayagan ng oposisyon. Ang pagpigil na ito ay nakatuon sa mga pagkapoot laban sa Simbahan at direktang humantong sa pagpaslang kay Joseph.

Inamin ng naunang mga Banal sa mga Huling Araw na mga historian o mananalaysay, kabilang na si Elder B. H. Roberts, na ang hakbang na ito ay ilegal o labag sa batas. Gayunman, habang sinasaliksik ko ang paksang ito bilang batang propesor ng abugasiya, nagulat akong makita ang legal na batayan para sa hakbang na ito sa batas ng Illinois noong 1844. Maraming pagpapatigil sa mga pahayagan sa malalayong lugar ng Amerika noong bago mangyari ang Digmaang Sibil. Ang garantiya ng kalayaan ng pamamahayag sa Saligang Batas ng Estados Unidos ay hindi ipinahayag na angkop sa mga hakbangan ng lunsod at ng mga pamahalaan ng estado hanggang noong 1931, at pagkatapos ay sa pamamagitan lamang ng five-to-four reliance ng Korte Suprema ng Estados Unidos sa isang pag-amyenda sa konstitusyon na ipinatupad noong 1868.¹³ Dapat hatulan ng isang tao ang mga kilos ni Joseph Smith batay sa mga batas at kalagayan noong kanyang kapanahunan, hindi batay sa ating kapanahunan.

Bilang mga estudyante sa University of Chicago, ang historian o mananalaysay na si Marvin S. Hill at ako ay naintriga sa di-masyadong batid na katotohanan na limang kalalalahan ang nilitis sa Illinois sa pagkapaslang ni Joseph Smith. Sa loob ng mahigit 10 taon ginalugad namin ang mga aklatan at archive sa iba't ibang panig ng bansa para hanapin ang bawat butil ng impormasyon tungkol dito sa 1845 na paglilitis at ang mga taong sangkot dito. Nirebyu ng aming aklat ang mga salita at kilos ng mga mamamayan ng Illinois na personal na nakakakilala noon kay Joseph Smith—ang ilang nagmahal sa kanya at nalagay sa panganib ang kanilang buhay para sa kanya, at ang ilang napoot sa kanya at nagbalak na patayin siya. Walang anumang nakita sa aming mga natuklasan sa orihinal na mga talaan ng hukuman o sa patotoo sa mahabang paglilitis na maglalagay sa



kahihyan sa taong pinaslang.¹⁴

Ang pagkakaroon ng pagkaka-taong mabasa ang mga talaan ng hukuman ng Illinois ay humantong sa isa pang hindi natalakay na aspeto ng pagsasaliksik tungkol kay Joseph Smith. Si Joseph I. Bentley, na estudyante noon ng abugasiya sa Chicago, at ako ay nakatuklas ng maraming tala ng mga aktibidad sa negosyo ni Joseph Smith. Magkasama naming inakda ang 1976 *Brigham Young University Law Review* na artikulo tungkol sa paksang ito.¹⁵ Ang mga 1840s ay sinundan ng panahon ng panik at depresyon sa salapi sa buong bansa. Ang mga kondisyon ng ekonomiya sa mga estado sa malalayong lugar ng Amerika ay nakasisira. Halimawa, inilarawan ng mga biographer

Edad: **Kaganapan:**

14 Natanggap ang Unang Pangitain

21 Natanggap ang mga laminang ginto

23 Natapos ang pagsasalin ng Aklat ni Mormon

25 Natanggap ang kalahati ng mga paghahayag na nasa Doktrina at mga Tipan

26 Inorganisa ang Unang Panguluhan

33 Nakatakas sa bilangguan sa Missouri, muling nagpatuloy sa pamumuno


38 Pinaslang

ni Abraham Lincoln ang kanyang mga kahihyan sa pananalapi sa loob ng dekadang ito, nang ang negosyo ay walang katiyakan, maraming utang ang kinailangan nang bayaran, at karaniwan ang mga paghahabla.¹⁶

Pinaratangan si Joseph Smith ng kanyang mga kaaway ng panloloko sa iba't ibang paglilipat ng mga ari-arian, karamihan ay isinagawa sa ngalan ng Simbahan. Isang magkakasunod na paglilitis sa hukuman na tumagal nang halos isang dekada ang sumuri sa mga paratang na ito sa mabusising detalye. Sa wakas, noong 1852, matagal pagkatapos ng paglalakbay ng mga Banal mula sa Illinois (kaya walang maiisip na pulitikal o iba pang sanhi para katigan ng sinuman ang mga Banal o ang kanilang lider), winakasan ng isang federal judge ang paglilitis na ito sa isang atas na hindi kinakitaan ng panloloko o iba pang paglabag sa kagandahang-asal si Joseph Smith.¹⁷

Ang mga iskolar na may alam tungkol sa mga usaping ito sa publiko sa panahong ito ay ganito ang

Si Joseph Smith ay tumakbo sa pagkapangulo sa Estados Unidos noong 1844. Ibinabalita ng flyer na ito ang isang talumpating nakaiskedyul na ibigay niya limang araw bago siya pinaslang.



isinulat tungkol sa kampanya ni Joseph Smith para sa pagkapangulo ng Estados Unidos:

“Bagama’t maaaring wala siyang pagkakataong manalo sa pambansang halalan noong 1844, buong talas ng kaisipan siyang tumakbo bilang isang third-party na kandidato na talagang seryoso sa paghikayat ng mga legal na reporma o pagbabago sa Estados Unidos. Umasa siya at kumilos para pagandahin ang mga opinyon ng publiko tungkol sa malalaking usapin kabilang na ang pang-aalipin, kalayaan sa relihiyon, mga bilangguan, at pampublikong mga lupain. Siya at si Robert F. Kennedy ang tanging nananatiling dalawang Amerikanong pinaslang habang kumakandidato sila sa pagkapangulo ng Estados Unidos.”¹⁸

Ang pagkatao ni Joseph Smith ay malamang na pinakamainam na naintindihan ng mga taong nakakilalang mabuti sa kanya at naging napakalapit sa kanya sa pamumuno sa Simbahan. Hinangaan nila siya at tinangkilik bilang isang propeta. “Pinili ng kapatid niyang si Hyrum na mamatay sa tabi niya. Si John Taylor, na kasama rin niya nang siya ay pinaslang, ay nagsabi: ‘Nagpapatotoo ako sa harapan ng Diyos, mga anghel, at mga tao, na siya ay isang mabuti, kagalang-galang, at marangal na tao . . . —na ang kanyang pagkatao sa pribado man o sa harap ng mga tao ay kapuri-puri—at siya ay nabuhay at namatay bilang isang tao ng Diyos’ (*The Gospel Kingdom* [1987], 355; tingnan din sa D at T 135:3). Sinabi ni Brigham Young: ‘Sa palagay ko wala ni isa mang tao sa mundo na mas nakakakilala [kay Joseph Smith] kaysa sa akin; at tahasan kong sinasabi na, maliban kay Jesucristo, wala ni isang tao na nabuhay o mabubuhay nang higit sa kanya sa mundong ito’ [“Remarks,” *Deseret News*, Ago. 27, 1862, 65].”¹⁹

III. Si Joseph Smith at ang Batas

Gaya ng kitang-kita sa mga halimbawang nabanggit ko na, ang matagal ko nang pagkawili sa legal na kasaysayan ay may kasamang espesyal na interes sa mga interaksyon ni Joseph Smith sa legal na sistema ng Amerika noong kapanahunan niya. Noong una sinasabi ng mga historian o mananalaysay na si Joseph Smith ay sangkot sa hindi lalampas sa mga 40 legal na hakbang. Ngayon, sa benepisyong hatid ng gawain sa *The Joseph Smith Papers*, alam nating ang bilang ay mahigit sa 220. Saklaw ng mga legal na hakbang na ito “mula sa simpleng mga kaso ng pagkolekta hanggang sa masalimuot na [paglilitis] na kinasasangkutan ng makabagong mga legal

na teoriya. . . . Kumuha ng maraming abugado si Joseph para . . . gumawa ng hakbang at ipagtanggol [ang gayong] mga hakbang . . . kapwa mga kasong sibil at kriminal.”²⁰

Nakasalig sa napakalaking yaman ng kaalaman natin tungkol sa buhay ng Propeta, isinulat ng iskol na Banal sa mga Huling Araw na si Jeffrey N. Walker ang ganito: “Hindi maikakaila, si Joseph Smith ay masugid, aktibo, at palaging nakikialam o sangkot noon sa legal na sistema ng Amerika. Ang pagwawalang bahala sa mahahalagang aktibidad na ito ay malaking kawalan sa kung paano niya ginugol ang kanyang panahon at lakas, sa napakatalino at napakabisang paraan—kung kaya si Daniel H. Wells, na abogado, hukom, at attorney general mismo, na nakakakilalang mabuti noon kay Smith, ay nagsabing: ‘Marami na akong nakilalang mga abugado sa buong buhay ko. Si Joseph Smith ang pinakamahusay na abugado na nakilala ko sa buhay ko’ [sa pagsipi sa *The Journal of Jesse Nathaniel Smith: Six Decades in the Early West: Diaries and Papers of a Mormon Pioneer, 1834–1906* (1953), 456].”²¹

Ibinuod ng tatlong mga Banal sa mga Huling Araw na mga awtor ang ganito: “Sa matinding pagkasangkot niya sa legal na sistema, mabilis na natutuhan ni Smith ang mga patakaran ng laro at legal na ginamit ang mga patakarang iyon sa kanyang kapakanan ayon sa batas, nagsisikap na lubusang gamitin ang bagong mga oportunidad at mga proteksyong laan ng mga batas ng bansang nagsisimula pa lamang. Malinaw sa kanyang mga legal na pasiya at asal na maalam siya tungkol sa mga legal na bagay at buong linaw siyang gumawa ng mga hakbang upang magamit nang wasto ang ipinahihintulot ng batas, siya man ay kumukuha ng karapatang-sipi para sa Aklat ni Mormon sa ilalim ng federal na batas, nagsasagawa ng mga pagkakasal sa ilalim ng batas ng Ohio, binubuo ang mga ordinansa ng lunsod ng Nauvoo, nananawagan para sa lubos na proteksyon ng kalayaan ukol sa relihiyon, epektibong paggamit ng mga bagong batas na sumasaklaw sa pagbebenta ng federal na lupain, iginigiit [ang] karapatan ng habeas corpus, paghiling ng wastong lugar, o paghingi ng tulong sa ilalim ng bagong ipinatutupad na federal bankruptcy law. Sa kanyang malayang oras, inaaral niya ang mga aklat ukol sa batas. Alam niya ang eksaktong mga salita ng Saligang Batas at ang partikular na wika ng mga panuntunan ng estado. Kaya hindi nakapagtataka na alam na alam niya ang maraming pagpapabuti ng batas noong



panahong iyon sa estado at sa federal na pamahalaan noong kanyang kapanahunan.”²²

Mahalagang maunawaan na idinagdag ng tatlong awtor na iyon ang pahayag na ito: “Bilang akusado, hindi siya kailanman nahatulan ng anumang pagkakasala sa batas. Sa tuwing bibigyan siya noon ng patas na pagdinig, napag-aalaman na siya ay kagalang-galang at matapat na mamamayan.”²³

Ang detalyadong mga buod ng paglilitis sa Propeta na pinili at sinuri sa aklat na sinipi ko ay nakabatay sa gawa ng maraming estudyante ng J. Reuben Clark Law School na kumuha ng mga kurso tungkol sa paksa at ginawa ang detalyadong gawain na humantong sa pagkabuo ng aklat ng tatlong awtor na ito. Hangang-hanga ako sa kanilang paglalarawan sa mga opinyon ng tatlong estudyanteng ito ng abugasiya:

“Ang mga estudyanteng ito ng abugasiya na gumamit ng naunang mga pag-uulit ng aklat na ito bilang kanilang textbook ay hindi nagbago sa kanilang opinyon na si Joseph ay responsable, may pananagutan, matapat, masinop, maawain, maingat, mabusisi, sumusunod sa batas, positibo, maparaan, matalas, matalino,

“Si Joseph Smith ang pinakamahusay na abugadong nakilala ko sa buong buhay ko.”

—Elder Daniel H. Wells, Utah territorial attorney general



mabuting humatol ng pagkatao, at napakatalino pa ukol sa batas (gamit ang ilan sa sarili nilang mga salita), lalo na pagdating sa pagprotekta sa mga karapatan sa relihiyon at karapatang sibil ng ibang tao o pagsasagawa ng mga tungkulin na ipinagkatiwala sa kanya. . . . Si Joseph Smith ay hindi kailanman nawalan na pananalig sa Saligang Batas at sinikap na gumawang mabuti sa ilalim ng pangangalaga nito, kahit na kadalasan siya ay nasisiphayo, nasisiraan ng loob, at nag-iingat sa mga taong nama-mahala nito.”²⁴

IV. Konklusyon

Sa kanyang buhay, higit ang nagawa ni Joseph Smith kaysa maaaring magawa ng sinumang mortal na tao sa loob ng napakaikling panahon. Ang tanging posibleng paliwanag ay ang tulong ng langit. Gusto ko ang buod na ito:

“Isinalin at inilathala niya ang Aklat ni Mormon sa New York; inorganisa ang Simbahan sa New York, at pagkatapos ay nanirahan sa Ohio, Missouri, at Illinois; nagtatag ng mga lunsod, kabilang ang Kirtland, Far West, at Nauvoo; tumawag at nagsanay ng daan-daang lider ng simbahan; pinag-aralan ang wikang Hebreo at ang Biblia; itinatag ang Relief Society ng Nauvoo; nagpatakbo ng mga negosyo, nang mag-isa at may mga kasosyo; pinaunlad ang mga real estate at nagtayo ng mga templo; nag-sulat at naglathala ng mga artikulo at editorial; nagkaroon ng malaking pamilya at nagkaroon ng napakaraming mga kaibigan; at nagsilbi sa ilang kapasidad na sibiko, kabilang ang commander-in-chief ng isang malaking lehiyon ng milisya, gayundin bilang alkalde at punong hukom para sa lunsod ng Nauvoo. Palagi siyang nagsasalita noon sa lingguhang serbisyo ng pagsamba, mga paglalaan,

at napakadalas na mga paglilibing; nakaakit siya ng sampu-sampung libong mga tagasunod, na nagtulak sa maraming convert na mandayuhan sa Estados Unidos.”²⁵

Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na ibinigay mahigit 20 taon na ang nakalipas, ganito ang sinabi ko:

“Tulad ng maraming tapat na mga Banal sa mga Huling Araw, itinayo ko ang aking buhay sa patotoo at misyon ng Propetang Joseph Smith. Sa lahat ng aking pagbabasa at orihinal na pagsasaliksik, hindi ako kailan man pinanghinaan ng loob sa aking patotoo sa kanyang tungkulin bilang propeta at sa ebanghelyo at pagpapanumbalik ng priesthood na pinasimulan ng Panginoon sa pamamagitan niya. Buong taimtim kong pinagtitibay ang patotoong ipinahayag ni Joseph Smith sa bantog na Wentworth letter noong 1842:

“ . . . Ang Pamantayan ng Katotohanan ay naitayo na; walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat bansa, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat lugar, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang Dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na’ (*Times and Seasons*, 1 March 1842, 709; sinipi sa Daniel H. Ludlow, ed., *Encyclopedia of Mormonism*, 5 tomo [1992], 4:1754).²⁶

Mga kapatid, pinatototohanan ko si Jesucristo, na ating Tagapagligtas, na kasamang nagpakita ng Ama sa batang propeta na sinabihan ng Ama: “*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Simula noon ay narinig na natin ang ating Panginoong Jesucristo sa paghahayag. Ito ang Kanyang Simbahan. Hawak natin ang awtoridad ng Kanyang banal na priesthood. Sumusulong tayo sa Kanyang adhikain. Pinatototohanan ko ang pagtawag kay Propetang Joseph Smith at ang pagtawag sa mga propetang humalili sa kanya sa dakilang gawaing ito na inyong kinabibilangan. ■

Mula sa isang mensahe, “Joseph Smith: The Prophet and the Man,” na ibinigay sa Mission Leadership Seminar noong Hunyo 25, 2018.

Si Propetang Joseph Smith ay 38 taong gulang nang paslangin siya kasama ang kanyang kapatid na si Hyrum sa Carthage Jail noong Hunyo 27, 1844.





MGA TALA

1. Russell M. Nelson, *Accomplishing the Impossible* (2015), 1–2.
2. “Purihin ang Propeta,” *Mga Himno*, blg. 21.
3. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 39.
4. Richard Lyman Bushman, *Joseph Smith: Rough Stone Rolling* (2005), 105.
5. Russell M. Nelson, sa Sarah Jane Weaver, “President Nelson Shares the ‘Hopes of My Heart’ with New Mission Leaders,” *Church News*, Hunyo 26, 2018, news.lds.org.
6. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*, 117; tingnan din sa pambungad ng Aklat ni Mormon.
7. Gary C. Lawrence, *How Americans View Mormonism: Seven Steps to Improve Our Image* (2008), 32.
8. Tingnan sa Gary C. Lawrence, *How Americans View Mormonism*, 42.
9. Ang bahaging ito hanggang sa teksto sa tala 10 ay hango sa Dallin H. Oaks, “Joseph Smith in a Personal World,” sa John W. Welch, ed., *The Worlds of Joseph Smith: A Bicentennial Conference at the Library of Congress* (2006), 159.
10. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 609–10.
11. Mary Alice Cannon Lambert, sa “Joseph Smith, the Prophet,” *Young Woman’s Journal*, Dis. 1905, 554.
12. Dallin H. Oaks, “Joseph, the Man and the Prophet,” *Ensign*, Mayo 1996, 72.
13. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “The Suppression of the *Nauvoo Expositor*,” *Utah Law Review*, tomo. 9, blg. 4 (1965), 862–903.
14. Tingnan sa Dallin H. Oaks at Marvin S. Hill, *Carthage Conspiracy: The Trial of the Accused Assassins of Joseph Smith* (1975).
15. Tingnan sa Dallin H. Oaks at Joseph I. Bentley, “Joseph Smith and Legal Process: In the Wake of the Steamboat Nauvoo,” *BYU Law Review*, tomo. 1976, blg. 3 (1976), 735–82.
16. Tingnan sa David Herbert Donald, *Lincoln* (1995), 94–118.
17. Tingnan sa Dallin H. Oaks at Joseph I. Bentley, “Joseph Smith and Legal Process,” 781.
18. Gordon A. Madsen, Jeffrey N. Walker, at John W. Welch, eds., *Sustaining the Law: Joseph Smith’s Legal Encounters* (2014), x–xi.
19. Dallin H. Oaks, “Joseph, the Man and the Prophet,” 73.
20. Jeffrey N. Walker sa Gordon A. Madsen and others, eds., *Sustaining the Law*, vi.
21. Jeffrey N. Walker sa Gordon A. Madsen at iba pa, eds., *Sustaining the Law*, vii.
22. Gordon A. Madsen at iba pa, eds., *Sustaining the Law*, xvii.
23. Gordon A. Madsen at iba pa, eds., *Sustaining the Law*, xvii–xviii.
24. Gordon A. Madsen at iba pa, eds., *Sustaining the Law*, xviii.
25. Gordon A. Madsen at iba pa, eds., *Sustaining the Law*, xi–xii.
26. Dallin H. Oaks, “Joseph, the Man and the Prophet,” 73.

“Ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na”
—*Joseph Smith, sa Wentworth letter, Marso 1, 1842*

Mga Investigator na Nahuhulog mula sa mga Puno

Para sa mga batang missionary na nag-hahanap ng matuturuan sa mga kalye ng Buenos Aires, Argentina, noong 1995, ang pangako na natanggap nila mula sa miyembro ng Area Presidency ay parang kakaiba: “Kung magtatrabaho kayo ng maigi at magiging tunay na masunurin, ang mga investigator ay mahuhulog mula sa mga puno at mabibinyagan.” Nalaman namin ang tungkol sa pangakong iyon pagkatapos ng maikling panahon.

Pinuputulan ng tatay ko ang isa sa mga puno sa bangketa sa harap ng bahay namin. Habang pinuputulan niya

ang puno, may nakita siyang dalawang kabataang lalaking naglalakad papunta sa kanya. Habang dumadaan sila sa ilalim ng puno, tinawag niya sila sa Ingles.

Hindi talaga nagsasalita ng Ingles ang tatay ko, pero may alam siyang ilang mga salita, at siya ay naintriga. Sino ang mga binatang ito, at ano ang ginagawa nila sa aming lugar?

Napahinto ang mga missionary, hihanap kung saan nanggaling ang boses. Bumaba ang tatay ko mula sa puno para kausapin sila. Humanga siya sa kanilang mensahe at pakikitungo kaya inimbithan niya sila sa kanyang bahay.

Ang huling karanasan ng tatay ko sa relihiyon ay nakagulo sa kanyang isipan, ngunit ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay nangusap sa kanyang puso. Naranasan niya ang mahihirap na pagsubok, at alam niyang kailangan na niyang magbago. Nakinig siyang mabuti habang nagtuturo ang mga missionary sa kanya, sa nanay ko, sa lola ko, at sa akin.

Ako ay 11 taong gulang pa lamang noon, pero ang mga katotohanan na itinuro nila ay tumatak sa akin—at sa aking nanay at lola. Bilang resulta, nabinyagan kami matapos ang ilang buwan, noong Setyembre 1995.

Habang pinuputulan ng tatay ko ang puno, may nakita siyang dalawang binatang naglalakad papunta sa kanya.



Ang mga binhi ng pananampalataya na itinanim ng mga missionary sa aming mga puso ay kalaunang pinayabong ng pakikipagkapatiran ng mga kaibigan sa simbahan, karagdagang turo sa ebanghelyo, at ng mabubuting karanasan kasama ng malalakas na lider ng Simbahan. Dahil sa mainit na pagtanggap sa amin, ang mga binhi ng aming pananampalataya ay “nahulog sa mabuting lupa, at tumubo at nagbunga ng tig-iisang daan” (Lucas 8:8)

Ang mga bunga ng aming pananampalataya na natatamasa ngayon—halos 25 na taon na ang nakalipas—ay mayroong matibay na kapasiyahan sa sarili tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, mga pagpapala ng templo, at buo at masayang buhay kasama ang bagong henerasyon ng mga kapamilya na nagkakaisa hanggang sa kawalang-hanggan.

Lagi kaming nagpapasalamat sa dalawang matatapat na missionary na sumubok sa isang inspiradong pangako. ■

Yamila Caminos, Buenos Aires, Argentina

Mula sa Takot ay Naging Kabusugan

Aktibo ako sa Simbahan buong buhay ko. Naglingkod ako sa full-time mission, ikinasal sa templo, at tumulong sa pagpapalaki ng apat na kamangha-manghang mga anak na babae. Gayunpaman, sa paglipas ng mga taon, napansin ko na ang ilan sa aking mga kaibigan ay tumalikod sa kanilang pagiging miyembro ng Simbahan. Ilan sa mga miyembro ng pamilya ay gumagamit noon ng social media upang kuwestiyunin at batikusin ang mga lider



ng Simbahan. At nagsisimula na akong magkaroon ng sariling pagdududa tungkol sa Simbahan sa unang pagkakataon sa buhay ko. Ang aking mga pagdududa ay nagdulot sa akin ng takot sa hinaharap. Minsan, nararamdaman ko na nadadaig ako ng kawalang pag-asa.

Sa mahirap na panahong ito, pinilit ko ang aking sarili na dumalo sa stake conference. Nang magsalita ang aking stake president, sabi niya, “Kung dapat nating makayanan ang mahihirap na pagsubok sa hinaharap, kailangang ang kaswal na kabusugan sa mga salita ng Diyos ay gawin nating kagyat na kabusugan sa mga salita ng Diyos. Kailangan nating gawing priyoridad sa ating buhay ang regular at nakapokus na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Kung gagawin natin ito, ipinangako ko na hindi tayo matatakot.”

Ang salitang “takot” ang pumukaw sa aking pansin. Aking napagtanto na hinayaan kong maging kaswal ang pag-aaral ko ng ebanghelyo. Bilang resulta, nabalot ng takot ang buhay ko. Nagpasiya akong subukan ang payo ng aking stake president.

Umuwi ako at gumawa ng lugar para sa pag-aaral ng ebanghelyo. Sa gilid ng isang silid, naglagay ako ng maliit na mesa at komportableng upuan. Naglagay ako ng ilang litrato ng Tagapagligtas sa dingding. Kinuha ko ang aking

Naglagay ako ng maliit na mesa at komportableng upuan at sinimulan ko ang aking pag-aaral ng ebanghelyo sa panalangin.

mga banal na kasulatan, ilang lapis, at isang notepad. Sinimulan ko ang aking pag-aaral sa panalangin.

Matapos ang isa o dalawang linggo, naging pangkaraniwang gawain ito sa akin. Makikinig muna ako sa isang mensahe mula sa pangkalahatang kumpensya at pagkatapos ay mag-aaral ako ng isang partikular na paksa sa ebanghelyo. Pagkatapos ay magbabasa ako ng isang kabanata sa Aklat ni Mormon at tatapusin ko ang aking pag-aaral sa taos pusong panalangin sa aking Ama sa Langit.

Sa kabila ng iba’t ibang panggagam-bala, bihira akong makaliban ng isang araw sa pag-aaral ng ebanghelyo sa loob ng anim na buwan. Nagkaroon ako ng mas malawak na pang-unawa sa maraming paksa sa ebanghelyo at napalakas ko ang aking relasyon sa aking Ama sa Langit sa pamamagitan ng regular at mataimtim na pagdarasal.

Ang patotoo ko ay muling naging isang bagay na masasandalan ko. Nawala ang mga pagdududa ko dahil sa bagong saksi sa ipinanumbalik na ebanghelyo na aking natanggap. Natagpuan ko ang aking sarili na may mas kakaunting pag-aalala dahil mas nagtitiwala ako sa Diyos. Naramdaman kong iniwan na ako ng takot at pangamba. Nawalan din ako ng interes sa pagsasayang ng oras at napansin kong mas nagiging mapagbigay at mahinahon ako sa iba.

Sa pagsunod ko sa payo ng aking stake president, nabago ako ng Diyos. Napagaling at napabangon ako ng Panginoon habang nagpapakabusog ako sa Kanyang mga salita. ■

Matt Maxwell, Utah, USA



Nagpakahirap kami buong araw. Gutom na kami. Siguro ang pagkahanap namin sa pera ay pagpapala para sa aming serbisyo.

Pero Gutom na Ako!

Sa isang maulan na araw sa aking misyon sa Colombia, may isang oras na lamang kami ng kompanyon ko bago kami umuwi. Gutom na kami at pagod sa paglalakad buong araw. Wala pa kaming nahahanap na matuturuan.

Wala na rin kaming pera at hindi pa kami nakakapamalengke. Alam namin na uuwi kami at walang makakain. Sinubukan kong alisin ang mga negatibong saloobin na ito at magpokus sa gawain.

“Tingnan mo ang nakita ko!” Biglang napabulalas ang kompanyon ko.

May nakita siyang pera sa lupa. Mula sa ekspresyon ng kanyang mukha, alam ko na pareho kami ng iniisip. May pambili na kami ng pagkain!

Pero matapos ang ilang sandali, sinabi ng aking kompanyon, “Huwag, hindi sa atin ang perang ito!”

“Pero gutom na ako!” naisip ko.

“Kung kanino man ito, hindi na natin

silang mahahanap ng ganitong oras sa gabi,” sabi ko sa kanya.

Iminungkahi niya na magdasal kami. Alam kong tama iyon, pero naisip ko ring kabaliwan lang iyon. Nagpakahirap kami buong araw. Gutom na kami. Siguro ang pagkahanap namin sa pera ay pagpapala para sa aming serbisyo.

Pagkatapos ay naalala ko ang aking ina. Noong bata pa ako, tinuruan niya ako at ang aking mga kapatid na laging maging tapat. Naging ehemplo siya para sa amin at ipinagdasal niya na magkaroon kami ng tapang na maging matapat. Alam ko na kung siya ay nandito, malulungkot siya kung di ko pipiliin ang tama.

Kaya nagdasal kami. Hiniling namin sa Ama sa Langit na tulungan kaming mahahanap ang may-ari. Ilang minuto ang nakalipas, isang batang lalaki ang dumating, may hinahanap. Mayroon siyang luha sa

mata at mukhang balisa. Nilapitan namin siya ng aking kompanyon at nalaman na nasa amin ang hinahanap niya.

Ibinalik namin ang pera sa kanya at paulit-ulit niya kaming pinasalamatan. Sinabi niya na kailangan niya iyon para makapagbayad sa kolehiyo. Kung wala iyon, hindi siya makakapag-enrol. Napuno ng luha ang aking mga mata, at nagsisi ako sa naunang pagnanais ko na gastusin ang pera. Kinuha namin ang kanyang contact information, at naturuan namin siya at ang lima pang tao. Nang gabing iyon nagpasalamat ako sa aking kompanyon sa kanyang mabuting ehemplo.

Alam kong pinagpapala tayo ng Diyos kapag tayo ay tapat. Wala kaming nakain noong gabing iyon, ngunit hindi ko naalala na natulog akong gutom. Ang pagkahanap namin sa pera ay tunay ngang pagpapala. ■

Isadora Marques Garcia, São Paulo, Brazil

Ang Ating Pugon ay Gumagana sa Pananampalataya

Nang ako at ang aking asawang si Mark ay nanirahan sa silangang bahagi ng Estados Unidos kasama ang aming limang maliliit na anak, nanirahan kami sa bahay na mayroong pugon ng langis. Para malaman ang lebel ng langis, maglalagay kami ng panukat na stick sa tangke. Kung mababa ang lebel ng langis, tatawag kami sa kompanya ng heating oil para punuin ang tangke.

Isang hindi pangkaraniwang malamig na Enero, nagkaroon kami ng problema sa pera. Kumuha pa nga ako ng isang part-time na trabaho sa gabi sa isang restawran upang sumapat ang aming kita, pero naghikahos pa rin kami. Hanggang sa dumating kami sa pagpili sa pagitan ng pagbabayad ng ikapu o pagbabayad upang magkaroon ng init sa aming bahay. Sinukat namin ang langis at meron na lamang itong dalawang pulgada (5 cm). Sasapat lamang ito para sa isa o dalawang araw. Nagpasiya kaming ilagay ang aming pananampalataya sa Panginoon at magbayad ng aming ikapu.

Kinabukasan, sinukat ulit ni Mark ang langis. Nasa dalawang pulgada pa rin ito. Sinukat ulit ito ni Mark nung sumunod na araw, at nasa dalawang pulgada pa rin. May lumalabas na init, ngunit hindi bumababa ang lebel ng langis. Sa sumunod na dalawang araw, nanatiling dalawang pulgada ang langis. Natatandaan kong lumuluha ako sa tuwa sa gabi kapag naririnig kong

dumarating ang init. Ang pugon namin ay hindi pinapagana ng langis; pinapagana ito ng pananampalataya.

Pakiramdam ko ay para akong yaong balo na nagpakain kay propetang Elijah at natagpuan ang kanyang “gusi ng hari na ay hindi nakulangan, o ang banga ng langis man ay nabawasan” (I Mga Hari 17:16). Nang sa wakas ay dumating na ang suweldo, sinukat muli ni Mark ang langis. Ngayon ay isang pulgada na ang sukat nito (2.5 cm). Ngayon bumababa na ang lebel ng langis, ngunit may pera na kami para punuin ang tangke.

Nasubok ng aming pamilya ang pangako ng Panginoon sa Malakias 3:10: “At subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan.”

Para sa mga nag-aalinlangan sa mga pagpapala ng pagbabayad ng ikapu, hinihikayat ko silang tanggapin ang imbitasyon ng Panginoon na “subukin siya ngayon sa bagay na ito.” Ang pagbabayad ng ikapu ay nagbubukas sa mga dungawan sa langit, at sa pagiging masunurin at matapat sa batas at mga kautusan ng Panginoon, mabababasan tayo sa maraming paraan.

Di malilimutan ng aming pamilya noong pinagana ng pananampalataya namin ang pugon imbis ng langis. ■

Lois Mansius, Texas, USA

Sinukat namin ang langis sa pugon, at dalawang pulgada na lamang ito (5 cm). Sasapat lamang ito para sa isa o dalawang araw.

Matutong Balatan ang Skunk

Sa tuwing naiisip ko ang pag-asa sa sarili, naiisip ko ang isang parirala mula sa aking mission president: “Balatan mo ang iyong sariling mga skunk.” Oo, ito ay kakaibang paha-yag, pero maraming katotohanan sa ideya na **mayroong mahihirap na bagay sa ating mga buhay** na hindi natin mahihiling sa ibang tao na gawin para sa atin.

Kaya paano natin “mababalatan ang sarili nating mga skunk” tungkol sa emosyonal na pag-asa sa sarili? Paano natin makakayanan ang mga kabiguan at **matutong kayanin ang lahat ng ating mga emosyon?**

Sa kabutihang palad, hindi tayo naiiwan sa dilim—sagana sa resources o mapagkukunan. Makikita natin ang ilan sa mga ito sa “14 na Paraan upang Bumalik sa Ayos ang Iyong Emosyonal na Kalusugan.” Lalo na, **mapapasimple natin ang buhay** sa pagsunod natin sa mga kautusan (tingnan sa pahina 44).

Ang matutuhang tumugon sa lahat ng ibinabato sa atin ng buhay ay isang proseso. Ang pagkakaroon ng emosyonal na pag-asa sa sarili ay hindi nangangahulugang dapat nating maramdaman palagi kung ano ang gusto nating maramdaman. Ibig sabihin noon, sa pamamagitan ng kabutihang-loob ni Jesucristo at ng ating sariling pagsisikap, **makakayanan nating pangasiwaan ang ating mga emosyon sa mabuti at kapaki-pakinabang na mga paraan.** Binigyan tayo ni Pangulong M. Russell Ballard ng mga praktikal na payo upang makamit ang balanseng ito (tingnan sa pahina 48).

Sa ating **pagsisikap na magkaroon ng emosyonal na pag-asa sa sarili**, maaari nating maramdaman na tila tayo ay isang mahinang maliit na maya (tingnan sa pahina 46), pero kung magsisikap tayo at makikipagtulungan sa Ama sa Langit, maaari tayong magkaroon ng kumpiyansa na isang araw tayo ay “pailanglang na may mga pakpak na parang mga aguila” (Isaias 40:31), na isang paraan upang sabihin na magkakaroon tayo ng lakas na balatan ang sarili nating mga skunk.

Lahat ng pinakamabuti,



IBAHAGI ANG IYONG KUWENTO

May kamangha-manghang kuwento ka bang nais ibahagi? O may mga artikulo ka bang nais makita tungkol sa isang paksa? Kung meron, nais naming makarinig mula sa iyo! Ipadala ang iyong mga artikulo o komentaryo sa liahona.lds.org.

PINAKAMAGANDANG PAYO . . .

Ibinahagi ng mga young adult ang pinakamagandang payo na natanggap nila tungkol sa pangangalaga sa kanilang emosyonal at mental na kalusugan:

"Maglaan ng oras para sa sarili mo na mag-ehersisyo, linawin ang isip, at tanggalin ang anumang nakalalasong kaisipan o pakiramdam mo."

—Brianna Forrester, Washington, USA

"Huwag matakot na makipagkita sa espesyalista. Sa tamang kombinasyon ng espirituwal at temporal na panggagamot, nakayanan kong ipamuhay ang aking buhay at ngayon ay naghihintay ako sa mission call upang makapaglingkod sa Panginoon."

—Nate Seal, Utah, USA

"Magkaroon ng kahinahunan sa lahat ng bagay habang isinesentro ang iyong buhay kay Cristo."

—Nan Crews, Louisiana, USA

"Tandaan na magkaroon ng sapat na tulog. Parang nakakatawa, pero napa-kahalaga nito!"

—Sydney Smith, California, USA

Ano ang pinakamagandang payo na natanggap mo tungkol sa hindi pagpapahirap sa iyong sarili? Ipadala ang iyong sagot sa liahona.lds.org bago sumapit ang Enero 31, 2019.

Si **Lori Fuller** ay isang editor o patnugot para sa *Friend* na magasin. Mahilig siyang maghanap ng mga bagong banda, makinig ng balita sa radyo, at magluto ng pagkain mula sa iba't ibang bansa. Minsan ay nagsusulat siya.



Si **Valerie Durrant** ay galing sa California, USA, at apat na taon nang kasal sa kanyang asawa, na si Ryan. Kamakailan lamang naging ina siya sa isang sanggol na lalaki. Mahilig siya mag-yoga, magpinta, magbasa, at mag-hike.



Si **Heather J. Johnson** ay isang manunulat at editor o patnugot. Mahilig siyang mag-water skiing at makipagsapalaran sa taglamig sa kabundukan. Pinapahalagahan niya ang panitikan ng Britanya at inirerekomenda na gumamit ng "y'all" sa pang-araw-araw na pakikipag-usap.



Si **Dave Clarke** ay mahilig mag-ukol ng oras sa kanyang asawa at anak. Kapag hindi siya nagbibilang ng mga numero bilang accountant, matatagpuan siyang nagpapalipas ng oras sa labas, tumatakbo, nagbibisikleta, o nanonood ng basketball.




MARAMI PA PARA SA INYO

Tingnan ang "YA Weekly," na makikita sa young adult na bahagi sa Gospel Library app, para sa bagong digital na nilalaman linggu-linggo, sundan kami sa [facebook.com/liahona](https://www.facebook.com/liahona) para makahanap ng mga online lamang na artikulo at bonus na nilalaman.



MGA YOUNG ADULT



SA BAHAGING ITO

- 44 **Ang Ebanghelyo: Isang Walang Hanggang Paraan para Maging Madali ang Buhay**
Ni Lori Fuller
- 46 **Turuan Akong Lumipad: Pagkamit ng Pang-emosyonal na Pag-asa sa Sarili sa Paraan ng Panginoon**
Ni Valerie Durrant
- 48 **8 Mungkahi sa Pagbalanse ng mga Pangangailangan sa Buhay**
Ni Pangulong M. Russell Ballard

ONLINE LAMANG

Paghahanap ng Mental Health Professional na Tama para sa Iyo

Ni Dr. Kevin Theriot

14 na Paraan upang Bumalik sa Ayos ang Iyong Emosyonal na Kalusugan

Ni Heather J. Johnson

Bakit Hindi na Ako Natatakot na Sumangguni para sa Aking Kalusugang Mental

Ni Dave Clarke





ANG EBANGHELYO

Isang Walang-Hanggang Paraan para Maging Madali ang Buhay

Naisip mo na ba kung paano napapadali ng pagsunod sa mga kautusan ang buhay?

Ni Lori Fuller

Mga Magasin ng Simbahan

Noong isang buwan, ako at ang ilan sa aking mga kaibigan ay nagkumustahan kung ano ang nangyari sa amin sa buong linggo. Ibinahagi ng isang kaibigan na pasan niya ang pagpapagaling ng nanay niya mula sa alkoholismo. Mas bata siya kaysa sa akin, at parang napakahirap ng gawain na iyon.

Kinalaunan ng gabing iyon, ang usapan ay napunta sa kung gaano na kamahal ang paninigarilyo at kung paanong ang isa sa mga kakilala namin ay nakakaubos ng isang kaha ng sigarilyo sa isang araw. (Kuwentahin mo; napakaraming pera noon!) Sinusubukan niyang tumigil at dumadanas siya ng withdrawal. Masayang-masaya ang kanyang anak na tumitigil na siya. Namatay ang kanyang ama dahil nasobrahan sa droga, kaya mas nakakatakot ang paggamit ng anumang gamot o droga para sa batang ito.

Sa huli, natapos ang aming pag-uusap sa kape—kung gaano karami ang iniinom ng mga tao tuwing umaga (at sa hapon at minsan sa gabi) at kung paanong ngayon ay nami-miss nila ang kanilang mga latte dahil hindi na nila ito kayang bilhin araw-araw.

Habang nagmamaneho ako pauwi, iniisip ang mga pag-uusap na ito, naisip ko “Ang Word of Wisdom ang pinakamagandang paraan para maging madali ang buhay.” (Kung hindi mo alam, ang “paraan para maging madali ang buhay” ay isang paraan upang gawing mas mabuti ang iyong buhay, mamuhay nang mas kapaki-pakinabang, atbp. Tulad ng





paglalarawan ng isang tao online, ang paraan para maging madali ang buhay ay kilala noon na “mabuting ideya.” Para bang sinabi ng Diyos na, “Heto ang paraan upang makapag-ipon ka ng pera, matulungan kang maging malusog, maprotektahan ang iyong mga anak, at makaiwas sa napakahirap na emosyonal na pasanin, kabilang na ang pagkagumon mo at ng ibang tao.” Para bang alam na ng Diyos ang lahat ng problemang kakaharapin natin at binigyan tayo ng paraan para maiwasan ang kalahati sa mga ito. . . .



Alinman sa mga kautusan ng Diyos, makapipili tayong sundin ito o balewalain ito. Pero nang maisip ko ang Word of Wisdom bilang isang set ng mga gabay mula sa Diyos na parehong nagpapakita at nagpoprotekta sa atin laban sa napakaraming mga pagsubok, naisip ko “Paano kung lahat ng kautusan ng Diyos ay ganoon din?” Paano kung ang mapagmahal na Ama sa Langit, na nakaranas na ng buhay na ito at ng mga pagsubok nito, ay nagbigay sa atin ng aklat na gabay upang tulungan tayong lakbayin ang mundo nang hindi nasasaktan hangga’t maaari? At paano kung ibinigay Niya ito sa atin dahil mahal Niya tayo at nais Niya tayong protektahan?

Nais mo bang maging kontento sa kung ano ang meron ka, maging masaya

at mapagpasalamat? “Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa” (Exodo 20:17).

Nais mo bang umiwas sa pagkakasala, pagkakabilanggo, pagbabayad ng piyansa at pagbabayad sa korte? Nais mo bang panatilihin ang tiwala at respeto ng mga tao—at ang iyong trabaho? “Huwag kang magnanakaw” (Exodo 20:15).

Nais mo bang mapalapit sa Diyos upang magabayan ka Niya at matulungan ka sa iyong mga pinapasan? “Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo” (Mateo 22:37).

Marami pang nakalista. Bawat isang kautusan ay magpoprotekta sa atin mula sa mga kabiguan, gagawin nitong madali ang ating buhay, maglalayo sa atin sa gulo, o di kaya’y makatutulong sa atin na mahahanap ang kapayapaan. At lahat ng ito ay may kapalit lamang na kakaunting kabayaran o abala. (At walang mga nakatagong bayarin!)

Tiyak na ayaw kong maliitin ang mga kautusan ng Diyos bilang mga gabay lamang o tulong para maging madali ang buhay. Mas higit pa ang mga ito roon. Pero napakasimple lang din nito. Hindi tayo mapoprotektahan ng Ama sa Langit laban sa lahat ng bagay. Ngunit bilang mapagmahal na magulang, gusto Niyang




ihanda tayo at protektahan tayo mula sa kabayaran ng ating mga pinili—sa pamamagitan ng paggabay sa atin na piliin ang mas nakabubuti.

Siyempre, maaaring may masasamang bagay pa rin na mangyayari kahit sundin natin ang mga kautusan. Kaya bakit pa kailangan pang sumunod?

Dahil hindi natin malalaman kung mula saan tayo pinoprotektahan sa pamamagitan ng ating pagsunod. Dahil natutulungan tayo nitong makalaya mula sa buhay na puno ng pasakit sa sarili. Dahil ang pagiging masunurin ay tumutulong sa atin na manatiling malapit sa Diyos. Dahil inilalagay tayo nito sa katayuan na magsisi kapag nagkamali tayo. Dahil nagtitiwala tayo na alam ng Diyos kung paano Niya tayo pagpapalain at poprotektahan.

Marami pang nakalista. Mas mahaba pa sa listahan ng mga dahilan para *huwag* sundin ang mga kautusan.

Sa ikabubuti man o hindi, hinahayaan ako ng Diyos na pumili kung gaano ko gustong maging masunurin. *Ako* ang pipili kung gaano ko gustong buksan ang aking sarili sa mga pagpapala Niya para sa akin. Kaya bakit kailangang sundin ang mga kautusan? Dahil nais kong maging bukas ang buhay ko sa tulong na sinusubukang ibigay ng Diyos. ■



Kailangan nating magtiwala sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo at magsikap sa ating mga sarili habang hinahangad na magkaroon ng pang-emosyonal na pag-asa sa sarili.

Turuan Akong Lumipad

Pagkakamit ng Pang-emosyonal na Pag-asa sa Sarili sa Paraan ng Panginoon

Ni Valerie Durrant

Kapag naiisip natin ang batang ibon na natututong lumipad, madalas nating inilalarawan ang kanyang huling pagtatangka: ang magsimulang magkawag-kawag sa pugad, ibuka ang pakpak, at lumipad sa himpapawid. Bago ang huling tagumpay na iyon, marahil maraming kabiguan na nagresulta sa hindi paglipad ng ibon sa himpapawid kundi sa pagkahulog nito sa lupa.

Tulad ng ibon na natututong lumipad, tayo rin ay nabibigo nang paulit-ulit sa pagkakamit natin ng emosyonal na pag-asa sa ating sarili. Ngunit kung babaling tayo sa Panginoon para sa tulong at magsisikap, matututo tayong tumindig kapag hindi nangyayari ang ating mga plano sa buhay at umasa sa Kanya kapag masyado nang mabigat ang mga pagsubok para sa atin.

Pag-aaral Kung Paano Lumipad

Kung ang pag-aaral ng paglipad ay mahirap na proseso, bakit nga ba aalis ang ibon sa pugad nito sa simula pa lamang? Dahil sa ina nito. Para sa unang bahagi ng buhay ng mga sisiw, dinadala pa ng inahin ang pagkain sa kanila sa pugad. Pero kinalaunan, magsisimula na siyang mag-iwan ng pagkain sa labas ng pugad para lumabas sa kanilang comfort zone ang mga sisiw upang makakuha ng sustansya.

Ito rin ang prosesong tinitiiis natin habang natututo tayong magkaroon ng pang-emosyonal na pag-asa sa sarili—ngunit hindi tayo inaasahang matuto agad na lumipad ng mag-isa lamang.

Tulad ng pagtutulong ng inahing mahulog mula sa pugad ang kanyang mga sisiw, hinahayaan tayo ng Ama sa Langit na dumanas ng mga pagsubok at karanasan na masakit, nakakainis, at nakakasira ng loob. Ang plano ng kaligtasan ay nakadiseno upang matulungan tayong maging katulad Niya, kaya ang bawat pagsubok na kinakaharap natin ay maaaring maging isang pagkakataon upang matuto at lumago. Tulad ng inahin, binibigyan pa rin tayo ng Ama sa Langit ng pagkalinga at paggabay dahil tanging sa tulong Niya natin makakamit at mapanatili ang ating emosyonal at mental na kalusugan.



Pagpagaspas ng Ating Sariling mga Pakpak

Kahit na katuwang natin ang Ama sa Langit, hindi natin dapat asahang gagawin Niya ang lahat para sa atin. Nais Niyang gamitin natin ang ating kalayaang pumili at ang mga yamang ibinigay Niya sa atin sa pagtahak natin tungo sa pagkakaroon ng emosyonal na pag-asa sa sarili.

Halimbawa, kapag dumaranas tayo ng kabiguan, galit, o pagkawala, gusto Niyang makipag-usap tayo sa Kanya, ngunit hindi dapat tayo titigil doon—kailangan nating gawin ang lahat ng ating makakaya upang kumilos ayon sa Kanyang paggabay sa atin; na sundin ang mga kautusan; na pumunta sa templo para makahanap ng kapayapaan, kaginhawahan, at mga sagot; na laging tandaan ang mga payo ng mga propeta; at na magtiwala sa plano Niya para sa atin.

Binigyan tayo ng Ama sa Langit ng mga kasangkapan upang magkaroon ng emosyonal na pag-asa sa sarili, pero kung ibinigay na natin ang lahat ng ating makakaya at natagpuan pa rin natin ang ating mga sarili na hindi makagalaw o nahihirapan sa ating mental na kalusugan, maaaring kailanganin ang mga karagdagang tulong. Tiyak na mayroong mga panahon na kakailanganin mong komunsulta sa mental

health professional o makatanggap ng payo mula sa iyong bishop para sa karagdagang paggabay upang sumulong.

Bagaman, tandaan na kung hihingi tayo ng payo mula sa iba tuwing may madaranan tayong balakid, maaaring mawalan tayo ng di-matutumbasang pagkakataon na matuto at umunlad sa ating sarili. Muli, dapat tayong maglaan ng sapat na lakas upang sumulong.

Pagsunod sa Huwaran ng Panginoon

Sa Doktrina at mga Tipan bahagi 9, si Oliver Cowdery ay napagalitan dahil sa pagsubok na isalin ang mga lamina ng Aklat ni Mormon nang walang “inisip maliban sa ito ay itanong sa [Diyos]” (talata 7). Pagkatapos ay sinabihan siyang “pag-aralan ito sa [kanyang] isipan; gumawa ng sariling konklusyon, at pagkatapos ay itanong [sa Diyos] kung ito ay tama,” (talata 8).

Kapag sinusunod natin ang huwaring ito, hindi tayo pababayaan ng Ama sa Langit na umasa lamang sa ating mga sariling abilidad at pag-iisip sa pangangalaga natin sa ating mental na kalusugan. Binibigyan Niya tayo ng pagkakataong matuto kung paano natin gagamitin ang ating kalayaang pumili. Ang pagsasaliksik

ng mga kasagutan sa ating mga tanong at paghahanap ng mga solusyon para sa ating mga problema sa tulong Niya ang makatutulong sa atin upang tunay na maging katulad Niya. Sa pag-iisip nito, mahihiling natin sa Kanyang ipakita sa atin kung paano tayo magiging mas balanse sa emosyonal (na aspeto) sa halip na hilingin lamang sa Kanya na gawin tayong mas mabuti.

Sa paggamit natin ng ating kalayaang pumili nang paulit-ulit sa ganitong paraan sa tuwing nasusubok ang ating emosyonal na kagalingan, unti-unti tayong nagiging mas mabuti at mas may kumpiyansa. Hindi man natin kailangang maging magaling sa paglipad kaagad, maaari tayong umasang kasama natin Siya sa buong paglalakbay at magdiwang sa katotohanang tinutulongan Niya tayong umunlad nang paunti-unti. Bawat araw mayroong panibagong pagkakataon na kamtin ang mga bagong mithiin—inihahanda tayo sa araw na makalilipad tayo nang mag-isa. ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.



**Pangulong
M. Russell
Ballard**

Gumaganap
na Pangulo
ng Korum ng
Labindalawang
Apostol

May ilan akong mungkahi na sana ay maging kapaki-pakinabang sa mga taong nababahala sa pagbabalanse ng mga pangangailangan sa buhay.

WALONG MUNGKAHI SA

Pagbalanse ng mga Pangangailangan sa Buhay

1. **Una, isipin ang iyong buhay at magtakda ng mga priyoridad.** Mag-ukol ng tahimik na sandali nang madalas upang makapag-isip-isip kung saan ka patungo at kung ano ang kailangan mong gawin upang makarating doon. Si Jesus, na ating huwaran, ay madalas na “pumunta sa mga ilang, at manalangin” (Lucas 5:16). Dapat din nating gawin ang gayon paminsan-minsan upang muling mapasigla ang ating mga sarili sa espirituwal (na aspeto) gaya ng ginawa ng Tagapagligtas. Isulat ang mga gusto mong maisagawa sa bawat araw. Unahing isaisip ang mga sagradong tipan na ginawa mo sa Panginoon habang isinusulat mo ang iyong iskedyul sa araw-araw.
2. **Pangalawa, magtakda ng mga mithiin na kaya mong abutin sa maikling panahon.** Magtakda ng mga mithiin na talagang balanse —hindi napakarami ni napakakaunti, at hindi napakataas ni napakababa. Isulat ang iyong mga mithiin na kaya mong abutin at sikaping gawin ang mga ito batay sa kahalagahan ng mga ito. Ipanalangin ang patnubay ng langit sa pagtatakda mo ng mga mithiin.
3. **Pangatlo, sa pamamagitan ng matalinong pagbabadyet, kontrolin ang mga tunay mong pangangailangan at ikumparang maigi ang mga ito sa mga bagay na gusto mo sa buhay.** Napakaraming mga indibiduwal at mga pamilya ang nababaon sa utang. Mag-ingat sa mga nakakaakit na alok na manghiram ng pera. Mas madaling manghiram ng pera kaysa sa bayaran ito. Walang madaling landas patungo sa pinansiyal na seguridad. Hindi magiging balanse ang ating buhay hangga’t hindi natin napamamahalaan nang maayos ang ating mga pera.

Tandaan na palaging magbayad ng buong ikapu.



4. Pang-apat, manatiling mala-pit sa iyong mga magulang, kamag-anak, at mga kaibigan.

Tutulungan ka nilang mapanatiling balanse ang iyong buhay. Bumuo ng mabuting samahan sa iyong pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng bukas at tapat na komunikasyon.

Ang magandang buhay may-asawa at magandang ugnayan ng pamilya ay mapananatili sa pamamagitan ng magalang, mapagmahal, at maalalahaning pakikipag-ugnayan. Tandaan na kadalasan ang isang sulyap, kindat, tango, o haplos ay mas maraming nasasabi kaysa sa mga salita. Ang pagiging masayahin at pakikinig nang mabuti ay mahahalagang bahagi rin ng mabuting komunikasyon.

5. Panglima, pag-aralan ang mga banal na kasulatan.

Isa ito sa pinakamaiinam na paraan na mapa-pasaatin ang Espiritu ng Panginoon. Isa sa mga paraan na nagkaroon ako ng tiyak na kaalaman na si Jesus ang Cristo ay sa pamamagitan ng aking pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Hiniling ni Pangulong Russell M. Nelson sa bawat miyembro ng Simbahan na mapanalangin basahin ang Aklat ni Mormon araw-araw.

6. Pang-anim, kailangan tayong magtakda ng oras sa ating pang-araw-araw na kalendaryo para sa sapat na pahinga at ehersisyo upang maging malusog at balanse ang ating buhay. Ang magandang kaanyuang pisikal ay nakadaragdag sa ating dignidad at paggalang sa sarili.

7. Pangpito, magdaos ng ling-guhang family home evening.

Hindi dapat mawala sa atin ang espesyal na pagkakataong ito na “turuan ang isa’t isa ng doktrina ng kaharian” (D at T 88:77), na aakay sa mga pamilya tungo sa buhay na walang-hanggan.

Palaging kumikilos si Satanas para sirain ang ating patotoo, ngunit hindi siya magkakaroon ng kapangyarihang tuksohin o gambalain tayo nang higit sa ating makakaya kapag pinag-aaralan natin ang ebanghelyo at ipinamumuhay ang mga kautusan nito.

8. Ang huli kong mungkahi ay magdasal palagi.

Malalaman ninyo ang mga tamang desisyon na gagawin sa bawat araw sa pamamagitan ng palagian at taimtim na panalangin. Kapag nakaayon ang aking espiritu, nakikita kong mas madali kong nababalanse ang lahat sa aking buhay.

Napagtatanto ko na may iba pang mga mungkahing maidaragdag sa mga ito. Gayunman, naniniwala ako na kapag nakatuon tayo sa ilang mga pangunahing mithiin, mas malamang na makakaya natin ang mga pangangailangan sa buhay na ito. Tandaan, na anumang labis sa buhay na ito ay maaaring magdulot sa atin ng hindi balanseng buhay. Kasabay nito, ang sobrang pagkakaunti ng mahahalagang bagay ay lilikha ng gayon ding resulta. Ipinayo ni Haring Benjamin “na ang lahat ng bagay na ito ay dapat gawin sa karunungan at kaayusan” (Mosias 4:27).

Kadalasan ang kawalan ng malinaw na direksiyon at mga mithiin ay umuubos sa ating panahon at lakas at umaambag sa kawalan ng balanse sa ating buhay. Ang dapat maging pangunahin nating mithiin ay hangarin ang “kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan” (Moises 1:39). Kung ito ang ating mithiin, bakit hindi natin alisin sa ating buhay ang mga bagay na gumugulo at umuukopa sa ating isipan, damdamin, at lakas na hindi nakatutulong para maabot natin ang mithiing iyon?

Basta gawin ninyo ang lahat ng magagawa ninyo sa bawat araw. Gawin ang mahahalagang bagay at, bago pa ninyo mamalayan, ang inyong buhay ay mapupuno ng espirituwal na pang-unawa na magpapatunay sa inyo na mahal kayo ng inyong Ama sa Langit. Kapag alam ito ng tao, ang buhay ay magkakaroon ng tunay na layunin at kabuluhan, kaya’t mas madali itong mapananatiling balanse. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 1987.





SA BAHAGING ITO



52 Tulad ng Tagapagligtas:
Paglago sa Apat na Mahaha-
lagang Bahagi
Ni Diane Thomas

56 Gabay ng Isang Weightlifter
sa Paninindigan
Ni Kuinini Manumua

58 Tema ng Mutwal para sa
2019: "Kung Ako'y Inyong
Iniibig, ay Tutuparin Ninyo
ang Aking mga Utos"
Ng Young Women at Young
Men General Presidency

60 Awitin ng
Tema ng
Mutwal para
sa 2019: Kung
Siya'y Mahal Natin
Ni Nik Day



64 Ang Huling Salita: Ang
Sakramento at ang Pagiging
Mas Katulad ni Cristo
Ni Elder D. Todd Christofferson

"Paano kung umalis ako?"

Nang una akong lumipat dito, may dalawa lamang na ibang young woman sa aking branch. Naging magkakaibigan kami at mas nakilala ko sila. Ngunit tumigil sila sa pagdalo sa simbahan.

Isang araw, nang pumunta ako sa templo, nakita ko ang mission president. Sinabi ko sa kaniya ang tungkol sa aking mga kaibigan at tinanong ko siya kung paano ko sila matutulongan na bumalik sa Simbahan. Sinabi niya sa akin na manatili kung nasaan ako, maging malakas, at ipagdasal sila.

Hindi nagtagal matapos noon, nakita ko ang isa sa kanila, at napakasaya kong makita siya. Nang umuwi ako nang gabing iyon, nanalangin ako at nagkaroon ng malakas na pakiramdam na kinakailangan ko talagang manatili kung nasaan ako at patuloy na magsimba, pumunta sa seminary, at maging halimbawa sa aking mga kaibigan. Paano kung umalis ako at hindi na bumalik at isa sa mga kaibigan ko ang bumalik sa simbahan? Sino ang magiging kaibigan nila at tutulong sa kanilang bumalik?

Mas madaling gumawa kung magkakasama tayong gagawa nito.

Alyona,

Kharkiv Oblast, Ukraine

Ni Diane Thomas
Mga Seminary at Institute

TULAD NG TAGAPAGLIGTAS:

Pag-unlad sa Apat na Mahahalagang Bahagi

Wala tayong masyadong alam tungkol sa kung paano lumaki si Jesucristo, subalit binibigyan tayo ng Lucas 2:52 ng isang malaking palatandaan.

Kaya, dapat kong gawin... ang ano?" Nakinig ako. Totoo. Nakinig talaga ako. Tiningnan ng instruktur ang aking harness, ipinakita sa akin kung paano eksaktong pakakawalan ang tali, tiningnan pa ako sa mga mata at sinabing, "HINDI ko hahayaang malaglag ka!"

Subalit sa mahalagang pagkakataong iyon, naroon akong nakatayo: nanginginig at pinagpapawisan, habang tinitingnan ang nasa likuran ko at nasa ibaba... ibabang-ibaba, alam na kailangan kong humakbang.

Pababa sa isang bangin.

Ngayon, marahil ay hindi ka pa nagkaroon ng ganoong karanasan, literal na pagtalon sa isang bangin, umaasang handang mag-rappel pababa nang ligtas. Subalit alam kong naranasan mo na ito sa espirituwal. Alam mo na, kapag pinag-aralan mo ang mga banal na kasulatan sa iyong sarili at narinig ang mga titser na magpatotoo tungkol sa tunay na doktrina at mga alituntunin. Nadarama mo ang Espiritu na inaanyayahan kang kumilos sa mga paraang makatutulong sa iyo na maging mas katulad ng Tagapagligtas. Nasasabik kang gawin ang hakbang na ito at ipakita sa Panginoon kung gaano ka katapat sa Kanyang ebanghelyo.

Pagkatapos ay iisipin mong, “Paano ko magagawa iyan?”

At ang tila napakalinaw at madaling gawin ilang sandali lang ang nakaraan ay maglalaho. Naroon ka, nakatayo sa gilid ng isang espirituwal na bangin, hindi natitiyak kung may tama kang gamit o paghahanda na kumilos ayon sa katotohanang natanggap mo.

Upang maging katulad ni Jesucristo: Paano mo *magagawa* iyan?

Magsimula sa Umpisa

Inumpisahan ng Tagapagligtas ang Kanyang mortal na buhay sa parehong paraan na nagsimula ka at ako: bilang isang sanggol. At sa paglipas ng panahon, tulad natin, si Jesus ay nagsimulang lumaki (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:11–17). Siya ay natuto kung paano maglakad, magsalita, at tumawa. Siya ay natuto kung paano magtrabaho, magbasa, at makisalamuha sa mga tao.

Sa katotohanan, ang paraan ng “paglaki” ng Panginoon ay nakatala sa Lucas 2:52: “At lumaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao.”

Kung nais nating maging katulad ng Tagapagligtas, masusunod natin ang Kanyang halimbawa.

Kaya tingnan natin ang huwaran na ito at tingnan para sa ating mga sarili kung paano *posible* na maging katulad ni Jesucristo!



Naroon ka, nakatayo sa gilid ng isang espirituwal na bangin, hindi natitiyak kung may tama kang gamit o paghahanda na kumilos ayon sa katotohanang natanggap mo.

“Lumaki sa karunungan”

Nilikha ng Diyos ang ating mga isip upang magkaroon ng kamanghamanghang kakayahang magsuri, magproseso, at magsagawa ng kaalaman. Mga katotohanan, pigura, kakayahan, pamamaraan—ang dami ng impormasyong matitipon natin ay halos walang hangganan!

Ngunit tulad ng Tagapagligtas, tayo ay nagnanais na lumaki sa *karunungan*, hindi lang sa impormasyon. Karunungan ang kakayahang gumamit ng impormasyon nang wasto, umunawa sa ating mga pagpili, at gumawa ng mabubuting pagpapasiya.

“Ang wastong paggamit ng kaalaman ay kinabibilangan ng karunungan,” turo ni

Elder James E. Talmage (1862–1933) ng Korum ng Labindalawang Apostol.¹ Ipinaliwanag din niya kung paano nagtamo ang Tagapagligtas ng karunungan: “Siya ay nagkamit ng kaalaman sa pamamagitan ng pag-aaral, at nagtamo ng karunungan sa pamamagitan ng panalangin, pag-iisip, at pagsisikap.”² Itinuro ni Alma sa kanyang anak na si Helaman, “O, pakatandaan, anak ko, at matuto ng *karunungan* sa iyong kabataan; oo, matuto sa iyong kabataan na sumunod sa mga kautusan ng Diyos” (Alma 37:35; idinagdag ang pagbibigay-diin). Isipin ito: Pinalalago ng pananampalataya, pag-aaral, at pagsunod ang ating kakayahang magtamo ng kaalaman at lumaki sa karunungan!

KARUNUNGAN

Paano mo maisasabuhay ang mga alituntunin ng pananampalataya at pagsunod para matulungan kang lumaki sa karunungan? Sa paanong mga paraan makatutulong sa iyo ang paglaki sa karunungan na maging mas katulad ng Tagapagligtas?

MATUTO PA:
Tingnan sa
2 Nephi 9:28–29;
Doktrina at mga
Tipan 130:18–19.

“Lumaki sa pangangatawan”

Si Nephi ay malaki at malakas. Siya ang tinatawag ng mga banal na kasulatan na may “malaking pangangatawan” (1 Nephi 2:16). Ako ay hindi. Ang pangangatawan ni Nephi ay nilikha upang maisagawa ang mga aktibidad na ibang-iba kaysa sa pangangatawan ko dahil may mga ibang ipinagawa ang Panginoon kay Nephi. Si Nephi ay kinailangang gumawa ng sasakyang-dagat, humanap ng pagkain para sa kanyang pamilya, at tulungan sila na makapaglakbay sa ilang.

PANGANGATAWAN

Sa paanong mga paraan nauugnay ang pangangalaga sa iyong pisikal na katawan sa pangangalaga sa iyong espiritu?

Ano ang babaguhin o pagbubutihin mo sa pangangalaga mo sa iyong katawan?

MATUTO PA:

Basahin ang mensahe sa pangkalahatang kumperensya na “Salamat sa Diyos” ni Pangulong Russell M. Nelson.

Ang ating pisikal na katawan ay taglay ang kailangan natin upang mamuhay at matamasa ang mortal na buhay. Dahil sa banal na disenyo ng Diyos, ang isang bagong silang na bata ay lumalaki sa pangangatawan sa paglipas ng panahon. Hindi natin kailangang magkaroon ng karagdagang mga organ at biyas sa ating pagtanda—ang mga bahaging iyan ay nilikha na bilang bahagi ng ating katawan. Hindi kinakailangang buuin! Subalit para ating mapaglingkuran ang Diyos at ang mga taong nakapaligid sa atin, kailangan nating panatilihin ang kalusugan ng ating katawan.

Ang ating pisikal na katawan ay ang templo, o bahay, ng ating espiritu na perpekto ang pagkakagawa (tingnan sa I Mga Taga Corinto 3:16–17; 6:19–20). Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: “Ang inyong katawan, anuman ang mga likas na kaloob nito, ay isang kagila-gilalas na likha ng Diyos. Ito ay isang tabernakulo ng laman—isang templo para sa inyong espiritu.”³

Ang ating katawan ay maaaring makaranas ng matitinding pisikal na hamon, kapansanan, at sakit dahil nagkaroon tayo ng mortal na karanasan, subalit ginawa ng ating Ama sa Langit ang ating katawan nang perpekto upang matagumpay na maisakatuparan ang ating mga oportunidad sa buhay.

“Lumaki sa pagbibigay lugod sa Diyos”

Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na “ang una at dakilang *katotohanan* sa kawalang-hanggan ay mahal *tayo* ng Diyos nang buo *Niyang* puso, kakayahan, pag-iisip at lakas.”⁴

Mahal *ka* ng Diyos. Kahit kapag nagkakaroon ka ng bad hair day, mahal *ka* Niya—pati na rin ang lahat ng iyong mga kalakasan, kahinaan, tanong, at pag-asa. Kaya paano ka “lalaki sa pagbibigay lugod sa Diyos”? Ipakita mo na mahal mo rin Siya!

Minsang itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na, “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos” (Juan 14:15). Ipinapakita ng iyong pagsunod ang pagmamahal mo sa Diyos. Ang kahandaan mong sumunod sa maliliit na pang-araw-araw na mga aktibidad ay maghahanda sa iyo na tumugon, sa pagdating ng Kanyang mga imbitasyon sa hinaharap, at magawa ang mas dakilang mga bagay.

PAGBIBIGAY LUGOD SA DIYOS

Paano ipinakita ng Tagapagligtas na mahal Niya ang Ama sa Langit? Ano ang itinuturo nito sa iyo tungkol kay Jesus? Ano ang epektibo at mabuting gawain na magagawa mo ngayon para maipakita ang iyong pagmamahal sa Diyos?

MATUTO PA: Tingnan sa Mosias 2:22, 41.

“Kapag mas nakilala natin si Jesucristo, lalago ang ating pananampalataya sa Kanya at kusa nating gugustuhing tularan ang Kanyang halimbawa.” Jean B. Bingham,

“Upang ang Inyong Kagalakan ay Malubos,” *Liahona*, Nob. 2017, 87.

“Lumaki sa pagbibigay lugod sa tao”

Surprise! Ang pagkakaroon ng pinakamaraming social media followers ay *hindi* nangangahulugang mayroon kang “pagbibigay lugod sa tao.”

Ipinakita ni Jesus ang ibang paraan ng pang-iimpluwensya sa iba—at kung sino ang tinutulutan Niya na mag-impluwensya sa Kanya. Siya ay “naglilibot na gumagawa ng mabuti, . . . sapagka’t sumasa kaniya ang Dios” (Mga Gawa 10:38).

Minsang sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring, Pangalawang Tagapayo

MATUTO PA:

Maging kaibigang katulad ni Ammon kay Haring Lamoni. Tingnan sa Alma 17:19-18:41.

PAGBIBIGAY LUGOD SA TAO

Ano ang ilan sa mga paraan na magiging mas mabuting kaibigan ka sa mga taong nakapaligid sa iyo? Paano madaragdagan ng pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas na “naglilibot na gumagawa ng mabuti” ang iyong mabuting impluwensya sa iba?

sa Unang Panguluhan, na, “Naaalala ko pa hanggang ngayon ang mga kaibigang nakaimpluwensya nang mabuti sa buhay ko. Pumanaw na sila, ngunit inspirasyon pa rin sa akin ang alaala ng kanilang pagmamahal, halimbawa, pananampalataya, at patotoo.”⁵

Mapapalaki mo ang iyong impluwensya sa pamamagitan ng pagiging isang kaibigan na umaantig sa mga buhay para sa kabutihan! Itinuturo sa iyo ng *Para sa Lakas ng mga Kabataan* kung paano: “Ipakita na tala-gang interesado kayo sa iba; ngumiti at ipaalam na nagmamalasakit kayo sa kanila. Pakitunguhan ang lahat nang may kabaitan at paggalang, at iwasang husgahan at pintasan ang mga nakapaligid sa inyo . . . Sikaping kaibiganin ang mga mahiyain o malungkutin, may mga espesyal na pangangailangan, o ang mga taong nag-aakalang hindi sila kabilang.”⁶

Isipin ang mga indibiduwal na tunay mong hinahangaan at nirerespeto—ang mga taong iyong *kinakasih*an. Ano ang mga katangian nila na nagpapaalala sa iyo kay Jesucristo? Dahil kahit gaano pa kabuti ang ating mga kaibigan, ang ating pinakamatalik na Kaibigan ay si Jesucristo, at ang Kanyang halimbawa ang nais nating sundin!

Magkakarugtong ang Lahat ng Ito

“At lumaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay lugod sa Dios at sa mga tao” (Lucas 2:52). Sa iyong pagsunod sa huwaran ng paglaki ng Panginoon, malalaman mo na ang mga bahagi ay lubusang nagtutulungan, at ikaw ay *magiging* mas katulad Niya. Ang iyong isip, katawan, at espiritu ay magtutulungan para sa iyong ikabubuti, at magagawa mong pagpalain ang buhay ng maraming iba pa at mapaglingkuran ang Diyos “nang buong puso, kakayah

MGA TALA

1. James E. Talmage, *The Articles of Faith*, ika-12 ed. (1924), 90.
2. James E. Talmage, *Jesus the Christ* (1916), 112.
3. Russell M. Nelson, “We Are Children of God,” *Ensign*, Nob. 1998, 85.
4. Jeffrey R. Holland, “Bukas ay Gagawa ng mga Kababalaghan ang Panginoon sa Inyo,” *Liahona*, Mayo 2016, 127.
5. Henry B. Eyring, “Tunay na Magkaibigan,” *Liahona*, Mayo 2002, 29.
6. Para sa Lakas ng mga Kabataan (buklet, 2011), 16.



Ni Kuinini Manumua

Noong freshman ako sa high school, inanyayahan ako ng weightlifting coach na sumali ako sa weightlifting.

“Mmm . . . salamat na lang po,” sabi ko. “Hindi po para sa akin iyan.”

Subalit nagpatuloy siya sa pag-anyaya. Sa loob ng maraming linggo.

Sa huli, sinubukan ko. Tama siya: gustung-gusto ko ang weightlifting. Tala-gang nakakaasiwa noong una; ang aking katawan ay hindi pa gumawa noon ng bagay na katulad nito. Subalit natutuhan kong mahalín ang pakiramdam ng pagwork out. Minahal ko rin ang aking mga teammate at mga kompetisyon. At nagsimula akong maging mahusay!

Ngayon ay malaking bahagi na ng buhay ko ang weightlifting. Nag-eensayo ako araw-araw sa loob ng mga dalawa o tatlong oras, gumagawa ng back squats, clean at jerks, at snatches. (At kung hindi mo alam kung ano ang mga bagay na iyon, huwag mag-alala—ako rin noon!)

Tulad ng maraming bagay, kinakailangan sa weightlifting ang oras at tiyaga, at kung minsan ay napakahirap nito. Buti na lang, palaging narito ang aking pamilya para hikayatin ako, maging kapag nagreklamo ako tungkol sa kung gaano kasakit ng katawan ko (na



GABAY NG ISANG WEIGHTLIFTER SA

PANINININ

Ang isang banal na kasulatan ay makapagbibigay ng malaking pagkakaiba—maging sa mga kompetisyon ng weightlifting.

madalas mangyari). Ang aking tatay ay palaging may mga ice pack at mga pep talk para sa akin pag-uwi mula sa ensayo. At ang aking nanay ay palaging nagsasakripisyo para makapunta ako sa mga kompetisyon.

Ilang taon ang nakararaan, pumunta ako sa isa sa mga kompetisyong iyon sa Philadelphia, Pennsylvania, USA. Sabik akong makipagkompetensya laban sa mga weightlifter mula sa buong bansa, subalit medyo nag-aalala ako dahil napakalayo ko sa aking pamilya. Upang mas mapadali, nangako ang nanay ko na magte-text siya ng mga banal na kasulatan at magigiliw na mensahe araw-araw.

Sa gabi bago ang kompetisyon, nag-party ang ilang kabataan. Sa tingin ko ay masayang pumunta, kaya nagpunta kami ng roommate ko para tingnan ito. Subalit agad kong nadama na hindi nababagay sa akin ang party na ito. May mga tinedyer na umiinom, naninigarilyo, nagmumura, at nagsasayaw nang hindi maayos. Alam ko na hindi ako dapat naroroon, subalit nag-alala ako kung ano ang maaaring isipin ng roommate ko. O kung ano ang maaaring isipin ng ibang kakompetensya.

Ngunit biglang may pumasok sa isipan ko.

“Tumayo kayo sa mga banal na lugar.”

Mula ito sa aking paboritong banal na kasulatan, at isa sa mga ipinadala ng nanay ko noong umagang iyon: Doktrina at mga Tipan 87:8: “Dahil dito, tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating; sapagkat masdan, ito ay dagling darating, wika ng Panginoon. Amen.”

Hindi ko alam kung bakit ipinadala sa akin ni Inay ang banal na kasulatang ito noong araw na iyon, pero isa ito sa mga minahal ko sa buong buhay ko. Nakabisado ko ito simula noong walong taong gulang ako, at paulit-ulit na ipinapaalala nito sa akin na magkaroon ng tapang, maging masunurin, at panindigan ang pinaniniwalaan ko.

“Tumayo kayo sa mga banal na lugar.”

“Aalis na ako,” sabi ko sa aking roommate. Ipinaliwanag ko ang tungkol sa banal na kasulatang ipinadala sa akin ng nanay ko noong umagang iyon. “Hindi ito isang lugar na dapat kong katayuan.”

Sinabi sa akin ng roommate ko na hindi rin niya gusto roon. Naaasiwa rin siya pero ayaw niyang umalis nang mag-isa at mabansagang loser o talunan. Pinasalamat niya ako sa pagsasalita, at umalis na kami.

Kinabukasan, nalaman namin na pagkaalis namin, ang mga kabataang nasa party ay hinuli at tinanggal mula sa kompetisyon dahil sa pag-inom at paggamit ng droga.

Kung hindi ako nabigyan ng pahiwatig na alalahanin ang talata na bigay ng aking nanay, siguro ay natanggal din ako sa kompetisyon. Sa huli ay napanalunan ko ang unang gantimpala, at labis akong nagpapasalamat na nakasali ako. (Sa tingin ko ay pinasasalamat ko ang aking nanay araw-araw sa pagte-text sa akin.)

Ang pagkakapanalo sa isang kompetisyon ng weightlifting ay isang halatang-halata at agarang pagpapala para sa pagsunod sa mga kautusan. Pero hindi sinasabi sa Doktrina at mga Tipan 87:8 na, “Tumayo kayo sa mga banal na lugar para manalo kayo sa mga kompetisyon sa weightlifting.” At hindi sinasabi sa Juan 14:15 na, “Kung nais ninyo ng mga agarang pagpapala, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.” Pinagpapala tayo ng Panginoon dahil mahal Niya tayo. At sinusubukan nating maging banal at masunurin dahil nagtitiwala at minamahal natin ang Panginoon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.

DIGAN



KUNG AKO'Y INYONG INIIBIG, AY TUTUPARIN NINYO ANG AKING MGA UTOS

JUAN 14:15



Young Women General President Sister Bonnie H. Cordon (gitna), Sister Michelle D. Craig, Unang Tagapayo (kaliwa), at Sister Becky Craven, Pangalawang Tagapayo (kanan).



Young Men General President Stephen W. Owen (gitna), Brother Douglas D. Holmes, Unang Tagapayo (kaliwa), at Brother M. Joseph Brough, Pangalawang Tagapayo (kanan).

KUNG AKO'Y INYONG INIIBIG

Ng Young Women General Presidency

Ang 2019 na taunang tema ng mga Kabataan ay isang panawagang kumilos—isang personal na imbitasyon mula sa Tagapagligtas. Sasali ba kayong lahat? Mahal ba ninyo Siya? Handa ba kayong sumunod sa Kanyang mga yapak?

Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ay may ginawang isang bagay para sa atin na hinding-hindi natin magagawa para sa ating mga sarili. At ano ang hinihiling Niya bilang kapalit? Hinihiling Niya na sundin natin ang Kanyang mga kautusan upang mapagpala tayo na palagi nating makasama ang Kanyang Espiritu (tingnan sa Moroni 4:3).

Ang mga kautusan ay kaloob ng pagmamahal. Sinabi lang ng Tagapagligtas na, “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos,” subalit *bakit?* Dahil mahal KA Niya! Nais Niya na *ikaw* ay maging masaya. Nais Niya na ang buhay *mo* ay mapuspos ng kaligayahan at ng mga walang katapusang posibilidad. Nais Niya na *ikaw* ay maging ligtas at protektado mula sa mga kasamaan ng mundo. Nais Niya

na ibuhos sa *iyong* ang mga pagpapalang napakadakila “na walang sapat na lugar na mapaglalagyan nito” (3 Nephi 24:10). Nais Niya na *ikaw* ay magbalik at makasama Niyang muli at maging kasalo sa *lahat* ng mga ipinangakong pagpapala ng Ama sa Langit.

Palaging tandaan kung gaano kamahal ng Ama sa Langit ang Kanyang mga anak. Siya ay may dalisay na pagmamahal para sa iyo. Maipapakita mo ang iyong pagmamahal para sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan. Ang mabubuti mong gawain ay magbibigay ng mga pam-bihirang pagpapala sa iyo at sa mga taong nakapalibot sa iyo.

Tulad ng sinabi ng ating propeta si Pangulong Russell M. Nelson: “Kailangan namin kayo sa batalyon o hukbo ng kabataan ng Panginoon. May pagkakaiba kung wala kayo!” Inanyayahan ka niya na “mamukod tangi at maging kaiba sa mundo” sa pamamagitan ng pagsasabuhay sa mga pamantayang nasa *Para sa Lakas ng Kabataan* at sa pagsunod sa mga kautusan—upang “magmukha, magsalitang tulad, kumilos na tulad, at manamit na tulad ng isang tunay na disipulo ni Jesucristo”



(“Pag-asa ng Israel” [pandaigdigang debosyonal ng mga kabataan, Hunyo 3, 2018], 8, HopeOfIsrael.lds.org).

Sa iyong pagsisikap na sundin ang Panginoon at ang Kanyang mga propeta, pupunuin ka ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ng pagmamahal ng Diyos at magpapatotoo sa iyo tungkol sa banal mong pagkatao bilang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos. Ang mga pagpapalang iyon ay lalago habang nagsisikap kang mamuhay nang mabuti. Ang Panginoon at ang propeta ay nagti-tiwala sa iyo. Mahal ka nila. Nangangako kami na dakilang tiwala sa sarili, katiyakan, at kapanatagan ang darating kapag sinunod at tinupad mo ang kanyang mga kautusan.

SUNDIN ANG AKING MGA KAUTUSAN

Ng Young Men General Presidency

Naisip mo na ba kung, “Paano ko maipapakita sa Ama sa Langit na gusto ko talaga na sagutin Niya ang aking mga panalangin at pagpalain ako?” Binigyan tayo ng Tagapagligtas na si Jesucristo ng sagot noong sinabi Niya na, “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo

ang aking mga utos” (Juan 14:15).

Sa madaling salita, ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa Ama sa Langit sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

Kung minsan, ang mga sagot ay hindi dumarating sa kung kailan o kung paano natin inaasahan, at maaari tayong matuksong sumuko o tumigil sa pagiging masunurin. Subalit kung tayo ay matiisin at makikinig, ang Panginoon ay sasagot sa Kanyang sariling takdang panahon at paraan. Palagi Siyang sumasagot sa mabubuting panalangin. Palagi Niyang pinagpapala ang sumusunod (tingnan sa Mosias 2:21–24).

Itinuturo ng daigdig na ang pagmamahal ay walang kaakibat na mga responsibilidad. Ngunit ang kabaligtaran nito ang tunay na totoo. Ang ating pagmamahal sa Diyos ay ipinapakita ng ating kahandaan at sigasig sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

Itinuro ng Tagapagligtas, “Ang katothana’y magpapalaya sa inyo” (Juan 8:32). Ipinahayag pa ni propetang Alma, “ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan” (Alma 41:10). At sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, itinuro ng Panginoon, “May isang batas, hindi mababagong utos sa langit bago pa ang pagkakatatag ng

daigdig na ito, kung saan ang lahat ng pagpapala ay nakasalalay—at kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay” (Doktrina at mga Tipan 130:20–21).

Ang kaligayahan, pagpapala, at patnubay ay dumarating sa pamamagitan ng pagsunod. Nais ng Ama sa Langit na ikaw ay maging masaya at malaya dahil Mahal ka Niya, at iyon ang dahilan kung bakit nagbibigay Siya ng mga kautusan. Para mahanap ang kapayapaang hindi matatagpuan sa daigdig na ito, dapat nating matutuhan na ang pagpapasakop sa kalooban ng Ama sa Langit ang tanging daan tungo sa kaligayahan.

Nais ng Ama sa Langit na mahanap mo ang walang-hanggang kaligayahan. Nais ng Kanyang mga propeta na makahanap ka ng kagalakang walang kapantay. Nais namin na mahanap mo ang kapayapaan na matatagpuan lang sa pagsunod sa Tagapagligtas. Sundan ang Kanyang landas (tingnan sa “Panginoon, Kayo’y Laging Susundin,” *Mga Himno*, blg. 164). Piliing maging masunurin. Ang iyong malugod na pagsunod ay hahantong sa tunay na kapayapaan at kaligayahan. ■



KUNG SIYA'Y MAHAL NATIN

Theme Song ng Mutwal para sa 2019

Mga Titik at Himig ni Nik Day

Masigla ♩ = 96-108

F Gm Dm B♭

5

1. Ang pag - i - big ay hin - di lang I - sang sa - li - ta o dam - da - min. —
2. Lan - das ay Kan-yang 'ti - nu - ro U - pang ta - yo'y ma - bi - ya - ya - an. —

F Gm Dm

8

— Pag - i - big ang da - hi - lan Ka - ya't i - si - ni -
— Kung Siya'y a - ting i - i - bi - gin, La - ging su - sun -

B♭ F Gm

11

lang Siyang Pag - a - sa na - tin. — Mag - ma - hal — nang tu - lad —
din, Ta - yo'y ma - ba - ba - go. —

Dm B♭ F

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.

Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.

14

— Niya — Kung lan - das — Niya'y su - sun - dan — Kung Siya ay —

Gm Dm B \flat

17

— ma - hal na - tin, — i - pa - ki - ta. —

F Gm Dm

20

⌘

Sa kap - wa'y mag - li - ling - kod nang bu - ong pu - so, Sa —

B \flat F Gm 7

23

— mga — nang - hi - hi - na ay tu - tu - long, Su - sun - din Kan - yang mga — tu -

F B \flat F

26

ro kung Siya'y ma-hal na - tin. — Ma-hal na - tin. — Ma-hal na -

26 Gm⁷ F B^b

29 1. tin. — 2. 3. tin. —

29 F Gm Dm B^b F

34 Sa Coda ⊕

Ma-hal na - tin. — 'Pag ta - yo —

34 Gm⁷ Dm⁷ B^b C

38 ay — nag - ma - ha - lan, — La - la - kas ta - yo — Sa pag - i -

38 Dm B^b F C

42

big na a - lay Niya sa _____ 'tin, _____ A - lay sa _____ 'tin, _____ Sa kap -

Dm C7

45

wa'y mag - li - ling - kod nang bu - ong pu - so, Sa _____ mga nang - hi - hi - na ay

F Gm Dm

48

tu - tu - long, Su - sun-din Kan-yang mga tu-ro kung Siya'y ma-hal _____ na - tin. _____

Bb F Gm Dm

52 D.S. al Coda

Sa kap -

53 CODA

Mag *rit.*

Bb F Gm Dm Bb

rit.



Ang Sakramento at ang Pagiging Mas Katulad ni Cristo

Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ipinanganak sa
American Fork, Utah,
noong Enero 21, 1945

Nagtrabaho bilang
abogado



Sinang-ayunan bilang
miyembro ng
**Korum ng
Labindalawang
Apostol**
noong Abril 2008

Sa edad na 13,
tumulong siya
matapos operahan
ang kanyang ina sa
pamamagitan ng
**paghuhurno
ng tinapay**



Patuloy niya itong
ginawa hanggang
sa umalis siya para
magkolehiyo.

Pinakasalan si
Katherine Jacob
noong
1968 sa
**Salt Lake
Temple**



May **5 anak**
at **16**
na apo



Ang simbolismo ng sakramento ng Hapunan ng Panginoon ay magandang pagnilayan. Ang tinapay at tubig ay sumasagisag sa laman at dugo Niya na Siyang Tinapay ng Kabuhayan at Tubig na Buhay (tingnan sa Juan 4:10), na lubos na nagpapaalala sa atin sa halagang ibinayad Niya upang tubusin tayo. Habang pinagpipira-pirasong tina- pay, naaalaala natin ang napunit na laman ng Tagapagligtas. Habang iniinom natin ang tubig, iniisip natin ang dugong tinigis Niya sa Getsemani at sa krus at ang nagpapabanal na kapang- yarihan nito (tingnan sa Moises 6:60).

Ngunit ang matalinghagang pag- kain ng Kanyang laman at pag-inom ng Kanyang dugo ay may iba pang kahulugan, at iyan ay ang taglayin ang mga katangian at pagkatao ni Cristo. . . . Kapag tumatanggap tayo ng sakramentong tinapay at tubig tuwing linggo, makabubuting isipin kung gaano natin kailangang lubos na gawing bahagi ng ating buhay at pagkatao ang Kanyang katangian at ang halimbawa ng Kanyang buhay na walang kasalanan. Hindi maaaring magbayad-sala si Jesus para sa mga

kasalanan ng iba maliban kung Siya mismo ay walang kasalanan. Dahil walang karapatan sa Kanya ang kata- rungan, maaari Siyang humalili sa ating lugar para tugunan ang kataru- ngan at magbigay ng awa. . . .

Ang ibig sabihin ng kainin ang laman at inumin ang dugo ng Taga- pagligtas ay alisin ang anumang bagay sa ating buhay na hindi naaayon sa pagkataong katulad ni Cristo at tagla- yin ang mga katangian Niya. Ito ang mas malawak na kahulugan ng pagsi- sisi: hindi lamang pagtalikod sa naga- wang kasalanan kundi “[pagtu]tuon [ng] puso at kalooban sa Diyos” tungo sa pag-unlad (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Pagsisisi”). Ipapakita sa atin ng Diyos ang ating mga kahinaan at pagkukulang, ngunit tutulungan din Niya tayong gawing kalakasan ang ating kahinaan (ting- nan sa Eter 12:27). Kung taos nating itatanong, “Ano pa ang kulang sa akin?” (Mateo 19:20) hindi Niya tayo pahuhulain, kundi mapagmahal Niya tayong sasagutin para lumigaya tayo. At bibigyan Niya tayo ng pag-asa. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumpe- rensya noong Oktubre 2017.



KUNG AKO'Y INYONG INIIBIG,
AY TUTUPARIN NINYO ANG
AKING MGA UTOS.
JUAN 14:15

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

MGA YOUNG ADULT

**NABIBIGATAN SA
BUHAY?**

*Ang bahaging ito ngayong
buwan ay tungkol sa pagtulong
sa iyong mapabuti ang iyong
kalusugang emosyonal at
mental o pag-iisip.*

42

JOSEPH SMITH
**MGA PAG-ALALA
TUNGKOL SA
KABUTIHAN AT
KATAUHAN NG PROPETA**

28

MGA KABATAAN
**APAT NA PARAAN
UPANG MAGING TULAD
NI JESUCRISTO**

52

BAGONG TEMA NG
MUTUWAL
**ISANG PAANYAYA MULA
SA TAGAPAGLIGTAS**

58



ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW



Kaibigan



Isang bagong bahaging para sa mga bata para sa IYO!



Ni Pangulong
Russell M. Nelson

Mag-aral tungkol kay Jesus

Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesucristo upang tulungan tayo. Magkakaroon ka ng kapangyarihan mula kay Jesucristo kapag ginawa mo ang mga bagay na ito:



Pag-aralan “Ang Buhay na Cristo.” Ito ay isang patotoo tungkol kay Jesucristo mula sa mga propeta at mga apostol.




Mag-aral tungkol sa Tagapagligtas. Ilang taon ang nakararaan, binasa at ginuhitan ko ang *bawat talata* sa banal na kasulatan tungkol kay Jesucristo. Nang matapos ako, sinabi ko sa asawa ko, “Nagbago ako!”



Maging handang maging kaiba, magsalita, at maiba sa mga tao ng daigdig.



Sikapang magtuon sa Kanya sa *bawat* pag-iisip (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:36). Kapag ginawa natin ito, mawawala ang ating mga pagdududa at pangamba.



Si Jesus ang Cristo! Ang Kanyang lakas ay laan sa lahat sa inyo.



Gumawa ng mga sagradong tipan at tuparin ang mga ito.

Mula sa “Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay,” Liahona, Mayo 2017, 39–42.

TULUNGANG LUMAGO ANG ATING HALAMANAN!

Noong nasa lupa si Jesus, palagi Siyang mabait sa iba. Kapag mabuti tayo, sumusunod tayo sa Kanya.

Katulad ng maraming iba't ibang halaman, bulaklak, at gulay na lumalago sa mga halamanan, maaari tayong maging mabuti sa maraming iba't ibang paraan.

Ngayong taon ay nagtatanim tayo ng isang halaman ng kabaitan! Kapag nagpapakita ka ng kabaitan sa isang tao, isulat ito sa isang cutout na hugis bulaklak, cactus, dahon, halaman, gulay, o maging nakatutulong na insekto sa halamanan! Pagkatapos ay ipadala ito sa amin. Sasabihin sa iyo ng pabalat sa likod kung paano. O gumawa ng iyong sariling halamanan ng kabaitan at padalhan kami ng isang larawan mo na "nagtatrabaho" rito!

Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.*

*Juan 15:12

Ang mga bata sa Primary mula sa **Osun State, Nigeria**, ay gumawa ng mga bulaklak para idagdag sa halamanan ng kabaitan!



Mga Halaman ng Patotoo

Ano ba ang ibig sabihin ng magkaroon ng patotoo?

Ni Maryssa Dennis

Mga Magasin ng Simbahan
Batay sa tunay na buhay

Pumasok si Elisa sa klase ng Primary at umupo sa tabi ng kaibigan niyang si Armando.

“Welcome!” sabi ni Sister Russo. “Magsimula tayo sa pamamagitan ng isang awit.”

Sumabay si Elisa sa pagkanta ng kanyang klase. “[Ang pananampalataya ay] lalagong parang binhi: ‘Pag ‘tinanim ito’ (Aklat ng mga Awit Pambata, 50).

Namigay si Sister Russo ng papel at mga krayola. “Isipin ang ating kinanta,” sabi niya. “Kapag itinanim ninyo ang binhi ng pananampalataya, lalago ito para maging patotoo. Ngayon ay idrowing ninyo kung ano ang itsura ng inyong patotoo kung halaman ito.”

Tumitig si Elisa sa kanyang blangkong papel. Ang lahat ay nagsimula nang magdrowing. Tiningnan ni Elisa ang drowing ni Armando. Ang kanyang halaman ay may tuwid na sanga na may maraming dahon. Mukha itong basil na lumalago sa balkonahe ng kanilang apartment. Siguro ay ganoon din ang itsura ng kanyang patotoo! Hinawakan niya ang kanyang krayola at nagdrowing ng isang katulad ng kay Armando.

“Buklatin sa inyong mga banal na kasulatan ang Alma 32,” sabi ni Sister Russo.

Binasa nila ang tungkol sa pagtatanim ng binhi sa kanilang mga puso at madama itong lumalago. Tiningnan ni Elisa ang kanyang halaman ng patotoo. *May patotoo ba siya? Ano ba ang ibig sabihin noon? Gusto niyang magtanong pero masyado siyang nahihiya.*

Nang matapos ang klase, lumapit si Sister Russo kay Elisa.

“Parang may gumugulo sa isip mo. May problema ba?” tanong ni Sister Russo.

Tiningnan muli ni Elisa ang kanyang drowing. “Hindi



po ako sigurado kung may patotoo ako. Hindi ko po talaga alam kung ano ang ibig sabihin niyon.”

Magiliw na ngumiti si Sister Russo kay Elisa. “Okey lang iyan. Naaalala mo pa ba kung ano ang pananampalataya?”

tumango si Elisa. “Paniniwala sa isang bagay na hindi natin nakikita?”

“Tama!” sabi ni Sister Russo. “Ano ang ilang mga bagay na pinaniniwalaan mo?” Madaling tanong iyon. “Naniniwala po ako sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

Alam ko pong mahal nila ako.”

Ngumiti si Sister Russo. “Kakabahagi mo lang ng iyong patotoo! Ang patotoo ay kung ano ang pinaniniwalaan mo tungkol sa ebanghelyo.”

Pinag-isipan ito ni Elisa. “May patotoo na po ako?” “Oo!” Ipinakita ni Sister Russo ang kanyang mga banal na kasulatan. “At naaalala mo kung ano ang bina-sa natin ngayon? Pinalalago mo ang binhi sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay tulad ng pagsisimba. Pagkatapos ay mas lalakas ang iyong patotoo.”

Nadama ni Elisa na naunawaan niya. “Kaya po ba namin idinrowing ang mga patotoo bilang mga halaman?”

“Mismo. Dahil paunti-unti ang paglago ng mga halaman,” sabi ni Sister Russo. “Ang mga patotoo ay ganoon din. Kadalasan ay hindi ito dumarating nang minsanan. Paunti-unti ang paglago nito.”

Mas bumuti ang nadarama ni Elisa tungkol sa halamang idinrowing niya. Nang makauwi siya, isinulat niya ang “Aking Halaman ng Patotoo” sa tabi ng kanyang drowing. Inilagay niya ito sa tabi ng kanyang higaan. Alam niya na lumalago na ang kanyang patotoo. At gusto niyang magpatuloy sa pagsunod kay Jesus para mas lumago pa ito! ●



PAGPAPALAGO NG IYONG PATOTOO

Ang patotoo ay ang pinaniniwalaan mong totoo, tulad ng "mahal ako ng Diyos" o "Ako ay naniniwala na walang-hanggan ang mga pamilya."

Kailangan ng mga halaman ng tubig at sinag ng araw para lumago. Ang mga banal na kasulatan, panalangin, at pagsisimba ay katulad ng tubig at sinag para sa ating mga patotoo.

Ang mga ugat ay nagpapalakas sa mga halaman. Panatilihin nating malakas ang ating mga patotoo sa pamamagitan ng pag-alala sa Ama sa Langit at kay Jesus araw-araw!

Tulad ng mga halaman, iba-iba ang bilis ng paglago ng mga patotoo ng lahat ng tao. Ang Ama sa Langit ay masaya kapag lumalago pa nang kahit kaunti ang iyong kaalaman.

Mga Binhi ng Pananampalataya

Inihalintulad ni propetang Alma ang pagpapalago ng patotoo sa pagtatanim ng binhi (tingnan sa Alma 32). Kapag ikaw ay nananalangin, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, at tumutulong sa iba, lalago ang iyong pananampalataya! Subukan ang eksperimentong ito para makita ang pag-usbong ng isang binhi.

Ano ang Kakailanganin Mo:



munggo (anumang uri)




mga paper towel o tisyu



malinaw, at naisasarang plastic bag

- 1 Maglagay ng mga basang paper towel o tisyu sa loob ng plastic bag. Iilagay ang munggo sa ibabaw at isara ang bag.
- 2 Iilagay at iwan ang bag sa isang maaraw na lugar. Pagkaraan ng mga isang linggo, dapat ay nagsimula nang umusbong ang munggo!
- 3 Hayaang lumago ang halaman nang ilan pang araw. Kapag may nakita ka ng mga ugat, itanim ang sumibol na munggo sa lupa. Bigyan ito ng tubig at pasikatan sa araw at tingnan kung gaano ito lalaki!



Pagpapares ng mga Halaman

Ang patotoo ng lahat ng tao ay iba-iba ang paglago. Maipapares mo ba ang bawat halaman sa anino nito?



Pananampalataya

Titik: Beatrice Goff Jackson

Himig: Michael Finlinson Moody

May pananalig ♩ = 80-92

Musical notation for the first system, featuring a treble clef and a 4/4 time signature. The melody is written on a single staff with notes and rests. Chords C, G7, F, and C are indicated above the staff. Fingerings 2, 1, and 1 are shown below the notes.

1. Ang pa - na - na - lig ay ma - la - mang may - r'ong u - ma - ga,
2. Sa pi - ling ng Diyos ta - yo ga - ling ba - go 'si - ni - lang.

Bass line for the first system, featuring a bass clef and a 4/4 time signature. The bass line consists of whole notes and half notes. A triplet of three eighth notes is indicated with a '3' below the notes.

Musical notation for the second system, featuring a treble clef and a 4/4 time signature. The melody is written on a single staff with notes and rests. Chords Dm, G7, C, D, and G7 are indicated above the staff. A triplet of three eighth notes is indicated with a '3' below the notes.

At ma - la - mang da - la - ngin ko'y di - nig ng Diyos t'wi - na.
Na - na - na - lig a - kong do'n din ang pa - tu - tu - ngu - han.

Bass line for the second system, featuring a bass clef and a 4/4 time signature. The bass line consists of whole notes and half notes. A triplet of three eighth notes is indicated with a '3' below the notes. A sharp sign is placed above the bass line.

Musical notation for the third system, featuring a treble clef and a 4/4 time signature. The melody is written on a single staff with notes and rests. Chords Am, C, F, C, G7, and C are indicated above the staff.

La - la - gong pa - rang bin - hi: 'Pag 'ti - na - nim i - to.
May ga - nap na ti - wa - la; Sa Diyos A - ma't A - nak.

Bass line for the third system, featuring a bass clef and a 4/4 time signature. The bass line consists of whole notes and half notes. A triplet of three eighth notes is indicated with a '3' below the notes.

Musical notation for the fourth system, featuring a treble clef and a 4/4 time signature. The melody is written on a single staff with notes and rests. Chords Am, C, F, C, G7, and C are indicated above the staff. Fingerings 5, 1, and 5 are shown below the notes.

Pa - na - na - lig ay na - sa pu - so Ka - pag ma - t'wid a - ko.
Pa - na - na - lig ay lu - ma - la - kas T'wing su - sun - din si - la.

Bass line for the fourth system, featuring a bass clef and a 4/4 time signature. The bass line consists of whole notes and half notes. A triplet of three eighth notes is indicated with a '3' below the notes.

© 2019 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.

Ang paalalang ito ay dapat isama sa bawat kopyang gagawin.

Hello
mula sa
Pilipinas!



Ako si
Paolo.


At ako si
Margo.



Ngayong taon ay
maglalakbay kami sa buong mundo
para malaman ang tungkol sa mga
anak ng Diyos. Samahan kami sa
aming pagbisita sa Pilipinas!



Mga isandaang
milyong tao ang
nakatira sa Pilipinas,
kasama ang maraming
kamangha-manghang
mga hayop!



Walong pangunahing
wika ang sinasalita sa
Pilipinas. Ang Aklat
ni Mormon na ito
ay nakalimbag sa
wikang tinatawag
na Cebuano.



Paano ka nakakapunta sa simbahan? Ang ilang pamilyang
Pilipino ay sumasakay sa mga jeepney para makalakbay!



Ang CTR na singsing na ito ay nasa wikang Pilipino na tinatawag na Tagalog. Ganito sabihin ang “choose the right”: *piliin ang tama.*

Ang mga ito ay mga templo sa Cebu City at Manila. At alam mo ba? Isang pangalawang templo ang itinatayo sa Manila! At magtatayo rin ng mga templo sa dalawa pang lungsod, sa Urdaneta at Cagayan de Oro.



Ang mga batang Pilipino ay naglalaro ng *luksong tinik*. Isa o dalawang bata ang uupo sa sahig at pagpapatungin ang kanilang mga paa at mga kamay. Pagkatapos, susubukan itong talunin ng ibang mga bata nang hindi natatamaan ang pagkakapatung-patong.

Salamat sa paglalakbay sa Pilipinas kasama namin! Magkita-kita tayo sa susunod!



Kilalanin ang ilan sa ating mga kaibigan mula sa Pilipinas!



“Palagi akong nasasabik sa aming pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng pamilya kapag gabi. Maganda ang pakiramdam ko kapag nababasa ko ang mga banal na kasulatan.”

Lanneah D., edad 10, Gitnang Luzon, Pilipinas



“Noong nagsisimula pa lang akong magbasa, nalungkot ako dahil hindi ako maka-pagbasa nang mabilis. Tinulungan ako ng mga magulang at kapatid ko, at ngayon ay nasasabik akong magbasa ng mga banal na kasulatan.”

Acumen D., edad 7, Gitnang Luzon, Pilipinas

Taga-Pilipinas ka ba? Sulatan kami! Masaya kaming makarinig mula sa iyo!

Ang ICE-CANDY na Mission Fund

Ni McKenna Clarke

Batay sa tunay na buhay



“Sinabi sa kaniya ni Jesus, Pakanin mo ang aking mga tupa” (Juan 21:17).

Si Jared ay naglakad pauwi sa initan galing sa simbahan kasama sina Nanay at Tatay. Naisip niya ang tungkol sa kanilang Primary lesson. Dahil hindi siya makarinig nang maayos, kinailangan ni Jared na magtuon sa mga larawang ipinakita ng kanyang tisser at sa mga salitang isinulat niya sa pisara.

Sa araw na iyon ay nalaman nila na hiniling ni Jesus sa mga disipulo na maging mga missionary. Inisip ni Jared kung ano ang magagawa niya para maibahagi ang ebanghelyo, tulad ng hiniling ni Jesus. Alam niyang hindi pa siya makakapagmisyon. Pagkatapos ay nagkaroon

siya ng magandang ideya. Siguro ay makapagsisimula na siyang mag-ipon ng pera para dito!

Pagkauwi niya, tumakbo siya at nalampasan niya si UMBER, ang kanyang alagang kambing, at pumasok sa bahay. Kumuha siya ng isang malaking plastik na garapon at maingat na binutasan ang ibabaw nito. Sinulatan niya ng “Mission Fund” sa gilid. Pagkatapos ay pumunta siya sa kanyang kuwarto at kinuha ang pera niya na nasa ilalim ng kanyang kama. Isa-isa niyang inihulog ang bawat barya. Subalit hindi man lang natakpan ng mga barya niya ang ilalim ng garapon. Paano siya kikita ng mas maraming pera?

Nag-isip nang nag-isip si Jared. Tumingin siya sa



mainit na araw sa labas ng bintana. Napakainit sa Pilipinas. Si Jared at ang kanyang mga kaibigan ay kumakain ng ice candy na buko halos bawat hapon pagkatapos ng eskuwela. “Alam ko na!” naisip niya. Siguro ay makagagawa siya ng ice candy at maibebenta sa ibang tao na gustong magpalamig.

Tumakbo siya para hanapin si Nanay. “Maipapakita po ba ninyo sa akin kung paano gumawa ng ice candy?” sinabi ni Jared sa pamamagitan ng sign language. Sila ay gumagamit ng sign language, isang wika kung saan nakikipag-usap ka sa pamamagitan ng iyong mga kamay. Ngumiti si Nanay at tumango.

Kinabukasan, sina Jared at Nanay ay pumunta sa malaking palengke at binili ang lahat ng mga kailangan. Pagkauwi nila, kinuha ni Jared ang malaking mangkok at hinalo ang gata, gatas na kondensada, vanilla, at ginadgad na buko. Gumamit sina Nanay at Jared ng imbudo para maisalin ang inihalo sa maliliit na supot na plastik. Inilagay nila ang lahat ng mga supot na plastik sa freezer. “Ang galing!” sabi ni Nanay gamit ang sign language.

Natagalan bago tumigas ang ice candy. Pero kinabukasan, pagkatapos ng pasok sa eskuwela, handa na ito sa wakas! Tumayo sa isang upuan si Jared at kinuha

ang puting cooler na nasa ibabaw ng ref. Nilagyan niya ng ilang tuwalya ang ilalim ng cooler at pinagpatungpatong ang mga ice candy. Hindi na siya makapaghintay na maibenta ito.

Tumakbo si Jared palabas patungo sa maalikabok na kalsada. Ang kanyang mga kaibigan ay naglalaro ng mga saranggola at ng tumbang preso.

Sa gilid ng kalsada, naglagay siya ng mesang may malaking karatulang nagsasabing, “Ice Candy, 5 piso.” Pumunta ang kaibigan niyang si Jhonell at itinuro ang cooler. Binigyan niya si Jared ng limang-pisong barya, at binigyan siya ni Jared ng ilang ice candy. Nag-apir sila.

Kalaunan ay marami sa mga kaibigan ni Jared ang dumating para bumili rin ng ice candy. Pagkatapos ng ilang oras nang tinawag ni Nanay si Jared para sa hapunan, ilang ice candy na lang ang natira.



Dinampot ni Jared ang halos wala nang laman na cooler at ang mga barya. Sa isa sa kanyang mga bulsa, inilagay niya ang ilang barya para sa kanyang ikapu. Inilagay niya ang mga natirang barya sa kanyang kabilang bulsa. Hindi siya makapaghintay na mapuno ang kanyang mission-fund bank.

Sa tahanan ay inihulog niya ang kanyang mga mission-fund na barya sa bunton sa ilalim ng garapon. Malaki pa rin ang espasyo! Pero naantig si Jared habang iniisip niya ang tungkol sa paglilingkod sa misyon balang-araw. Nagpasiya siya na magbebenta siya ng ice candy araw-araw hanggang sa mapuno ang garapon. Sobrang sarap ng pakiramdam na kumita ng pera para maging missionary tulad ng sinabi ni Jesus na gawin niya. ●



Ang awtor ay naglingkod bilang missionary sa Pilipinas at ngayon ay naninirahan sa Virginia, USA.



Tsart sa Pagbabasa ng Bagong Tipan



Ngayong taon ay mas makikilala mo pa si Jesus sa iyong pagbabasa ng Bagong Tipan! Bawat Linggo, makapaghahanda ka para sa iyong Primary lesson sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga talatang nakalista sa pahina K14. Kulayan ang mga espasyo matapos kang magbasa.



TSART SA PAGBABASA NG BAGONG TIPAN

Ang mga banal na kasulatang ito ay kalakip sa lingguhang babasahin para sa kurikulum sa 2019.

1. Mateo 25:1-4, 8-13

2. Lucas 1:30-38

3. Lucas 2:40-49, 52

4. Juan 1:1-5

5. Mateo 3:11-17

6. Mateo 4:1-10

7. Juan 3:1-5, 14-17

8. Mateo 5:14-16

9. Mateo 6:5-8

10. Marcos 4:35-41

11. Mateo 12:6-13

12. Mateo 13:1-9

13. Mateo 14:22-31

14. Mateo 16:13-19

15. Mateo 17:14-20

16. Juan 20:10-18

17. Lucas 10:30-37

18. Juan 10:9-18

19. Lucas 17:11-19

20. Marcos 10:13-22

21. Mateo 21:12-17

22. Mateo 25:31-40

23. Juan 13:33-35

24. Marcos 14:22-24

25. Lucas 23:32-34, 39-43

26. Juan 20:24-29

27. Mga Gawa 9:1-6, 18-20

28. Mga Gawa 3:1-10

29. Mga Gawa 12:5-11

30. Mga Gawa 17:22-31

31. Mga Gawa 26:12-20

32. Mga Taga Roma 6:3-11

33. Mga Taga Roma 10:13-17

34. I Mga Taga Corinto 2:11-14

35. I Mga Taga Corinto 13:1-8

36. I Mga Taga Corinto 15:13-22

37. II Mga Taga Corinto 1:3-7

38. II Mga Taga Corinto 9:6-9

39. Mga Taga Galicia 6:1-10

40. Mga Taga Efeso 2:4-10

41. Mga Taga Efeso 6:10-18

42. Mga Taga Colosas 2:2-7

43. II Mga Taga Tesalonica 3:7-13

44. II Kay Timoteo 3:14-17

45. Sa Mga Hebreo 1:2-10

46. Sa Mga Hebreo 7:1-6

47. Santiago 3:1-10

48. I Ni Pedro 3:12-18


49. I Ni Juan 5:2-5

50. Apocalipsis 5:1-10

51. Lucas 2:4-12

52. Apocalipsis 12:7-11

Maaari akong manalangin kailanman,
saanman, tungkol sa anuman. Dinidinig
at sinasagot ng Ama sa Langit ang
mga dalangin ko.



Si Pangulong Ballard ay Bumisita sa Texas, USA

Ang mga Apostol ay naglalakbay sa buong mundo para mag-minister sa mga tao at magturo tungkol kay Jesucristo.

Nang tinamaan ng malakas na bagyong tinawag na Hurricane Harvey ang Houston, Texas, USA, ang mga tahanan ng maraming tao ay binaha o nawasak. Lumipad si Pangulong M. Russell Ballard patungo doon para tumulong!



1

Pagkalapag ng kanyang eroplano, dumiretso siya sa command center kung saan nangelekta ang Simbahan ng mga suplay at nagpadala ng mga boluntaryo ng Mormon Helping Hands volunteer.



3

Nakipagkita siya sa mga missionary at iba pang miyembro ng Simbahan na tumutulong.



2

Pagkatapos ay binisita niya ang mga komunidad kung saan maraming tahanan ang binaha. Ilan sa mga kalsada ay hindi madaanan, kaya naglakad siya mula sa isang tahanan patungo sa isa pa. Nakinig siya sa mga tao at ibinahagi sa kanila ang pagmamahal ng Ama sa Langit.





ANO ANG IBIG SABIHIN NG MAG-MINISTER?

Si Jesucristo ay nag-minister sa iba, at gayundin ang Kanyang mga Apostol. Ipares ang mga salita sa mga larawang nagpapakita kung paano nagmi-minister ang mga tao ngayon!

4

Nagsalita siya sa isang debosyonal at tatlong sacrament meeting para maibahagi niya ang pagmamahal ng Ama sa Langit sa maraming-maraming tao!



Pagtulong

5

Nang makilala niya ang isang matandang lalaki na nasira ang bahay, sinabi ni Pangulong Ballard:

Ako ay isa sa mga Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw... Gusto naming malaman ninyo na mahal namin kayo. At nandito kami dahil gusto ni Jesucristo na narito kami.



Pakikinig



Pagbabasbas



Pagbabahagi



Pagiging mabait

Paano ka makatutulong sa isang tao ngayon?

Ang Perpektong Kayamananang Maibabahagi



Ni Eric B. Murdock

Batay sa tunay na buhay

“Bukas ay napaka-espesyal,” sabi ng titser ni Diego. “Magkakaroon tayo ng Show and Tell [Ipakita at Magkuwento]!”

Ngumiti si Diego. Gustung-gusto niya ang Show and Tell! Hindi siya makapaghintay na maipakita sa kanyang mga kaibigan ang isang espesyal na bagay.

Pagkatapos ng eskuwela, sinabi ni Diego kay Mama ang magandang balita.

“Ano po kaya ang dadalhin ko?” tanong niya.

“Isang bagay na espesyal para sa iyo,” sabi ni Mama.

“Puwede kong dalhin si Lobo!”

“Sa tingin ko ay hindi ka puwedeng magdala ng aso sa eskuwelahan,” sabi ni Mama. “Pero may maibabahagi kang iba pang mga espesyal na kayamanan.”

Di nagtagal ay nagsimula ang paghahanap ni Diego ng kayamanan! Nahanap niya ang isang stuffed toy na unggoy. Dadalhin niya kaya ito? Pero nagpatuloy siya sa paghahanap.

Tumingin siya sa likod ng mga upuan sa kusina. Tumingin siya sa lalagyan ng aklat.





Hindi siya titigil hanggang sa makahanap siya ng isang bagay na tamang-tama.

Pagkatapos ay tumingin siya sa kanyang kama. Nahanap niya ang perpektong bagay!

Tumakbo si Diego patungo kay Mama para ipakita ito. Niyakap niya ang kayamanan.

“Mama!” sabi niya. “Tingnan ninyo! Nahanap ko ang pinakamagandang bagay.”

Ipinakita niya kay Mama ang isang maliit na larawan. Ito ay isang larawan ni Jesus noong bata pa Siya. Masaya si Diego kapag tinitingnan niya ang larawan. Gusto niya na maging masaya rin ang kanyang mga kaibigan sa eskuwelahan.

“Iyan ay isang espesyal na bagay para sa Show and Tell,” sabi ni Mama. “Ano ang sasabihin mo sa iyong klase tungkol kay Jesus?”

“Na maaaring maging masaya ang lahat ng tao,” sabi niya. “Dahil mahal ni Jesus ang lahat ng tao!” ●



Si Jesus ay Natuto at Lumaki

Ni Marissa Widdison
Mga Magasin ng Simbahan

Si Jesus ay isinilang bilang isang maliit na sanggol. Ako ay sanggol din dati!



Sina Maria at Jose ay tumulong sa pag-aalaga kay Jesus. Sino ang tumutulong sa akin?

Lumaki si Jesus sa parehong mga paraan na lumalaki ako. Siya ay lumaki sa *karunungan*. Ang ibig sabihin nito ay natuto Siya ng maraming bagay.





Siya ay lumaki sa *pangangatawan*.
Ang ibig sabihin nito ay lumaki ang
Kanyang pangangatawan.

Siya ay lumaki sa pagbibigay lugod sa
Diyos. Ang ibig sabihin nito ay natuto
Siya tungkol sa Ama sa Langit. Natuto
Siyang magdasal. Binasa Niya ang mga
banal na kasulatan.



Siya ay lumaki sa
pagbibigay lugod sa
tao. Ang ibig sabihin
nito ay nagkaroon Siya
ng maraming kaibigan.
Naging mabait Siya sa
iba. Tinulungan Niya
ang kanyang pamilya.



Matutulungan ko ang aking isip at katawan na lumago at lumaki.
Matututo akong sundin ang Diyos. Maaari akong maging mabuting
kaibigan. Lalaki ako sa mabubuting paraan, tulad ni Jesus! ●

*Magbasa tungkol kay Jesus noong
bata pa Siya sa Lucas 2:40-52.*

Ako ay Lumalaki



Mahal Naming mga Magulang

Masaya kaming ipakilala ang bagong *Kaibigan!* Ang magasin na ito ay kalakip ng inyong *Liahona*. Kung wala kayong batang kasama sa inyong tahanan, umaasa kaming ibabahagi ninyo ito sa isang apo, kapitbahay, o bata sa Primary.

Ito ang makikita ninyo sa bagong *Kaibigan* na magasin:

- Mahigit sa 20 pahina ng mga kuwento, awit, at aktibidad
- Bagong uri ng papel na madaling kulayan, guhitan, at gupitin
- Isang mensahe mula sa Unang Panguluhan
- Mga kuwento tungkol sa paglilingkod sa buong daigdig ng Korum ng Labin-dalawang Apostol
- Mga kuwento tungkol sa mga bata mula sa buong mundo
- Mga resource para sa family home evening at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya

Nasasabik kaming marinig ang saloobin ninyo tungkol sa:

- Mga karanasan ng inyong pamilya sa paggamit ng bagong *Kaibigan*.
- Inyong mga karanasan sa pagbabahagi nito sa iba.
- Anumang mungkahi para sa pagpapabuti.

New Friend

50 E. North Temple Street, Room 2393

Salt Lake City, UT 84105 USA

liahona@ldschurch.org

Nagmamahal,
Ang *Kaibigan*



**Hanapin ang nakatagong
Liahona sa loob!**

SA PABALAT NG KAIBIGAN
Mga paglalarawan ni Melissa Manwill.

MGA NILALAMAN

- K2** Mula sa Unang Panguluhan: Mag-aral Tungkol kay Jesus
- K4** Mga Halaman ng Patotoo
- K6** Aktibidad: Mga Binhi ng Pananampalataya
- K7** Musika: Pananampalataya
- K8** Hello mula sa Pilipinas!
- K10** Ang Ice-Candy na Mission Fund
- K12** Tsart sa Pagbabasa ng Bagong Tipan
- K15** Poster para sa Magandang Ideya: Panalangin
- K16** Mga Apostol sa Iba't Ibang Panig ng Mundo: Si Pangulong Ballard ay Bumisita sa Texas, USA
- K18** Ang Perpektong Kayamanang Maibabahagi
- K20** Pagsunod kay Jesus: Si Jesus ay Natuto at Lumaki
- K23** Pahinang Kukulayan: Ako ay Lumalaki